# 2025
APR – JUN

Vol. 101, No. 2

**Pansabadong mga Aralin sa Biblia**
Sangay ng Nakatatanda



IKALAWANG BAHAGI

# *Ang Ebanghelyo Ayon kay Juan*

Ang Mabuting Pastor ay magiliw na inaakay at iniingatan ang kawan sa ilalim ng Kanyang pangangalaga.

# Mga Nilalaman


1. Si Hesus, ang Tinapay ng Buhay ........ 5
2. Ang Suliranin sa Galilea ........ 10
3. Si Jesus sa Kapistahan ng mga Tabernakulo ........ 15
4. Kailan Ma'y Walang Taong Nagsalita ng Gayon ........ 20
5. "Ako Man ay Hindi Rin Hahatol sa Iyo" ........ 26
6. Si Jesus, ang Ilaw ng Sanglibutan ........ 31
7. Ang Liwanag ay Tinatanggihan—o Ipinapahayag? ........ 36
8. Si Jesus at si  Abraham ........ 41
9. Si Hesus at ang Taong Bulag ........ 46
10. Pagharap sa Espirituwal na Pagkabulag ........ 52
11. Si Hesus, ang Mabuting Pastor ........ 57
12. Si Jesus at si Lazaro ........ 62
13. Ang Pagkabuhay na Mag-uli at ang Buhay ........ 67


*Pansabadong mga Aralin sa Biblia*, isang programang pang-araw araw na pag-aaral, ay nakabatay lamangsa Bibliya at Espiritu ng Hula na walang karagdagang mga pagpapaliwanag. Ang mga sipi ay mas maiklihangga't maaari upang makapagbigay ng buod, direktang mga kaisipan. Ang mga panaklong [ ] ay ginagamit sa ilang mga sitwasyon upang magbigay-linaw, wastong pagkakaugnay ng kahulugan, at maalwangpagbabasa. Ang karagdagang pag-aaral sa mga sinipinh babasahin ay mariing iminumungkahi.


**Mga Ilustrasyon**:  Adobe Stock on p. 25, 72; Map Resources on pp. 4, 51, 72; Sermonview on the front cover.



Copyright © 2025 by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019, USA.



Telephone: 1-540-362-1800 • Web: www.sdarm.org • E-mail: info@sdarm.org

*Sabbath Bible Lessons* (USPS 005-118), Vol. 101, No. 2, Abril–HUNYO 2025. Published quarterly by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department. Printed, and distributed by Reformation Herald Publishing Association, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019–5048, U.S.A. Periodical postage paid at Roanoke, Virginia 24022–9993.

**U.S.A. and Canada**
Contact: Telephone 1-540-366-9400 • Website: www.reformationherald.com • E-mail: info@reformationherald.org

Annual subscriptions in U.S.A.: U.S. $22.00. Large print $33.00. International $21.00 plus shipping. Large print international $31.00 plus shipping. Single copies $6.00. Large print $9.00. Please send subscription requests and payments (in U.S. currency only) to the address below. Prices subject to change withoutnotice.

POSTMASTER, please send address changes to: Sabbath Bible Lessons, P. O. Box 7240, Roanoke, VA 24019–0240.

**Australia**
Contact: Telephone 61-2-9627-7553 • Fax 61-2-9627-7554 • Website: www.sdarm.org.au • E-mail: info@sdarm.org.au

Annual subscriptions in Australia: AU $34.00 (individual copies $8.50). Other countries, AU $34.00 plus shipping. Please send subscription requests and payments (in Australian currency) to the address below.
Sabbath Bible Lessons, P.O. Box 132, Riverstone NSW 2765, Australia.

**South Africa**
Contact: Telephone & Fax 27-011-336-7064 • Website: www.sdarm sa.org.za • E-mail: admin@sdarm sa.org.za

Annual subscriptions in South Africa: R120-00 (single copies R35-00). Please send subscription requests and payments to the address below.

POSTMASTER, please send address changes to: Sabbath Bible Lessons, P. O. Box 7950, Johannesburg 2000, South Africa.

# Paunang Salita

Ang pagsulat ng ebanghelyo ayon kay Juan ay may petsang mas huli kaysa sa iba pang tatlong ebanghelyo na (tinatawag na Synoptic Gospels), ngunit nasa loob pa rin ng ika-1 siglo. Noong ika-19 na siglo, sinubukan ng mga kritiko ng Bibliya na itanggi na ito ay isinulat bago pa ang A.D. 150, sa gayo'y sinusubukang ipagtanggol ang katotohanan na si apostol Juan ang may-akda. Ang mga kritiko ay nagpaparatang din na ito ay nagpapakita ng Gnostic na pilosopiya at samakatuwid ay hindi maaaring naisulat bago ang Gnosticism ay naging isang seryosong banta sa pananampalataya. (Ang Gnosticism ay isang pilosopikal at panrelihiyong sistema ng isang sinaunang sekta na nag-aangkin na ang kaalaman sa halip na pananampalataya ang susi sa kaligtasan.) Ang gayong baluktot na paratang ay matagal nang pinabulaanan.

Sa kabaligtaran, ang panlabas na katibayan ay nagpapatunay sa pagkakaroon ng ikaapat na ebanghelyo at ang mataas na pagpapahalaga kung saan ito ay pinanghawakan na noon pang a.d. 115. Ang isang gayong katibayan ay dumating sa pamamagitan ng pagtuklas ng isang maliit na piraso ng papyrus, na naglalaman ng ilang mga talata ni Juan (kabanata 16, mga talata 31–33, 37, 38), na kilala bilang Rylands Papyrus at karaniwang itinalaga bilang P52, na may petsang paleograpiko c. a.d. 125. Ang kapirasong ito, na natagpuan sa Egypt sa pasimula ng ika-2 siglo, ay itinuturing na tunay na ebidensya sa maaga at malawakang pagpapakalat ng ikaapat na ebanghelyo. Ang tanyag na iskolar ng Bagong Tipan na si Adolph Deissmann ay nagpapatunay:

"Ang maraming teorya tungkol sa huling pinagmulan ng Ebanghelyo ayon kay Juan ay mabilis na malalanta tulad ng halamang nakatanim sa hothouse o (greenhouse). Mayroon tayo sa papyrus ng Rylands ng isang tiyak na dokumentaryong patunay na ang Ebanghelyo ayon kay Juan ay hindi lamang umiral noong unang kalahati ng ika-2 siglo, ngunit ang mga kopya nito ay nakarating na sa Ehipto. Kung gayon ang pinagmulan ng Ebanghelyo ay dapat maibalik sa mas maagang mga panahon."—Deutsche Allgemeine Zeitung, Dis. 3, 1935.

Hindi lamang ang sulat ni Juan ang nagsilbing isang tiyak na layunin sa mga sinaunang Kristiyano; nagdulot ito ng espirituwal na patnubay, tulong, at pampatibay ng kalooban sa mga tagasunod ni Kristo, sa ilalim ng iba't ibang mga kalagayan, sa lahat ng kapanahunan. Ang Panginoon ay "may liwanag na bago sa atin, ngunit ito ay ang napakahalagang lumang liwanag na dapat suminag mula sa Salita ng katotohanan. Tayo ay mayroon lamang ng mga kislap ng sinag ng liwanag na darating pa sa atin. Hindi natin lubos na nagagamit ang liwanag na ibinigay na sa atin ng Panginoon, at sa gayon ay nabibigo tayong tumanggap ng lumalagong liwanag; hindi tayo lumalakad sa liwanag na naibuhos na sa atin.


"Tinatawag natin ang ating sarili na bayang tumutupad sa utos, subali't hindi natin nauunawaan ang napakalawak na epekto ng mga alituntunin ng kautusan ng Diyos; hindi natin naiintindihan ang sagradong katangian nito. Maraming nag-aangking mga guro ng katotohanan, ay walang tunay na pagkaunawa sa kanilang ginagawa sa pagtuturo ng kautusan ng Diyos, dahil wala silang buhay na kaalaman sa Panginoong Jesu-Cristo."—Selected Messages, bk. 1, pp. 401, 402.

Nawa ang patuloy na pag-aaral ng Ebanghelyong ito ay makatutulong sa atin na mas mabuting makilala si Jesus!

*The General Conference Sabbath School Department*

# Handog sa Unang Sabbath

**SABBATH, ABRIL 5, 2025**






## Para sa muling pagtatayo ng simbahan sa Prokhorovka, Russia

Ang Russia, ayon sa sukat, ay ang pinakamalaking bansa sa mundo, na sumasaklaw sa 6,612,073.2 milya kuwadrado (17,125,191 km2) na may populasyong 147,000,000. Ang mga tao mula sa higit sa 180 na nasyonalidad ay naninirahan sa malawak na teritoryong ito, at sa kanilang panahon, sila ay nag-aangkin ng iba't-ibang paniniwala sa relihiyon. Ang pinakatanyag ay Russian Orthodox (41.1%), sinusundan ng iba pang mga pananampalatayang Kristiyano (6.3%), Islam (6.5%), Mga Neopagan at Tengrists (1.2%), Buddhism (1.2%), hindi nag-aangkin na mananampalataya (25.2%), Atheist (13%), na ang natitira ay hindi nag-aangkin ng anumang relihiyon.

Noong nagsimula ang SDARM, ang mensahe ng walang hanggang ebanghelyo ay sumulong dito sa ilalim ng napakahirap na kalagayan. Maraming mananampalataya ay kinailangang dumanas ng matinding pag-uusig—at ang ilang nagpatotoo para sa ipinako sa krus at nabuhay na mag-uling Tagapagligtas ay kapalit ang kanilang buhay.

Sa pagtatapos ng dekada ng 1990, isang manggagawa sa Bibliya kasama ang kaniyang asawa ang lumipat sa central region ng Russia para sa layunin ng pagsasagawa ng gawaing misyonero. Bilang resulta ng kanilang mga pagsisikap at panalangin, isang grupo ng mga mananampalataya ang nabuo. Ngunit wala silang lugar para sa mga pagpupulong at pagsamba. Sa wakas, noong 2006 nakakita sila ng isang maliit na bahay sa isang piraso ng lupa sa Prokhorovka, isang urban administrative center ng Prokhorovsky District ng Belgorod Oblast—isang agricultural area na nagtatanim ng mga butil, sugar beets, sunflower, at prutas sa kahabaan ng Psyol River sa timog-silangan ng lungsod ng Kursk, tahanan ng malawak na deposito ng mga bakal.

Malinaw nating nakita ang kamay ng Diyos na kumikilos nang mahimalang inalis Niya maraming hadlang at pinagpala ang pagbili ng bahay na ito. Ang gawain sa rehiyon na ito ay patuloy na lumalago, at hindi nagtagal bago ang bahay ay naging napakaliit upang umupo ang lahat ng mananamba ng Diyos. Ilang taon na ang nakalipas, kami ay nakatanggap ng permit mula sa mga awtoridad at nagsimulang magtayo ng bahay ng pagsamba. Ang mga kapatid ay nagbigay ng mga donasyon at nagsikap, ngunit upang tapusin ang proyektong ito kinakailangan namin ang saganang tulong ng mga tao sa buong mundo na nagmamahal sa Panginoon. Ang pagkayari ng proyektong ito ay magbibigay ng pagkakataon upang higit pang paunlarin ang gawain ng ebanghelyo sa mga karatig na rehiyon, bilang isang tanglaw ng liwanag sa pagpapalaganap ng huling mensahe ng kaligtasan. Nawa ang Panginoon ay pagpalain ang bawat isa na ang puso ay handang tumulong sa tagumpay ng pangkasalukuyang katotohanan sa rehiyong ito ng sanlibutan!

*Your brethren from the church of Prokhorovka and the Russian Union*

# Si Hesus, ang Tinapay ng Buhay

**SAULUHING TALATA:** "Sa kanila'y sinabi ni Jesus, Ako ang tinapay ng buhay: ang lumalapit sa akin ay hindi magugutom, at ang sumasampalataya sa akin kailan ma'y hindi mauuhaw" (Juan 6:35).

Iminumungkahing Babasahin: *Thoughts From the Mount of Blessing*, pp. 18–21.

"Tayo ay kumakain ng laman ni Kristo . . . kapag sa pamamagitan ng pananampalataya ay pinanghahawakan natin Siya bilang ating Tagapagligtas."—The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], vol. 5, p. 1135.

## 1. MAPAGHANGAD NA SIGASIG — Lin, Mar 30

a. Pagkatapos ng himala ng mga tinapay, anong paniniwala ang nanaig sa maraming tao? Juan 6:14. Ano ang gustung-gusto nilang gawin? Juan 6:15 (unang bahagi).

"Sa buong araw ang paniniwala ay lumakas. Ang nagpaparangal na gawang iyon ay katiyakan na ang matagal nang inaasahang Tagapagligtas ay kasama nila. Ang pag-asa ng mga tao ay tumataas nang tumataas. Siya itong gagawa sa Judea na isang makalupang paraiso, isang lupaing umaagos ang gatas at pulot. Maaari Niyang tugunan ang bawat pagnanais. Maaari niyang sirain ang kapangyarihan ng kinasusuklamang mga Romano. Kaya Niyang iligtas ang Juda at Jerusalem. Kaya niyang pagalingin ang mga sundalong nasugatan sa pakikipaglaban. Kaya niyang tustusan ang buong hukbo ng pagkain. Maaari Niyang sakupin ang mga bansa, at ibigay sa Israel ang matagal nang hinahangad na kapangyarihan.

"Sa kanilang kasigasigan ang mga tao ay handa na kaagad na koronahan Siya bilang hari. Nakikita nila na hindi Siya nagsisikap na akitin ang atensyon o siguraduhin ang karangalan sa Kanyang sarili. Dito Siya ay totoong ibang-iba sa mga saserdote at mga pinuno, at sila ay nangangamba na hindi Niya kailanman ipipilit ang Kanyang karapatan sa trono ni David. Isinasaalang-alang nang sama-sama, sila ay sumang-ayon na kunin Siya sa pamamagitan ng sapilitan, at itanyag Siya na hari ng Israel. Ang mga alagad ay nakiisa sa karamihan sa pagpapahayag ng trono ni David na nararapat na mana ng kanilang Panginoon. Ang kapakumbabaan ni Kristo, sabi nila, ang dahilan upang tanggihan Niya ang gayong karangalan. Hayaang itaas ng mga tao ang kanilang Tagapagligtas. Hayaang ang mga palalong pari at mga pinuno ay mapilitang parangalan Siya na dumarating na nabibihisan ng kapamahalaan ng Diyos."—The Desire of Ages, pp. 377, 378.

## 2. PAGPAPAKALMA SA MALING SIGASIG

Lun, Mar 31

a. Ano ang ginawa ni Jesus upang pigilan ang karamihan at ang mga alagad na isagawa ang kanilang mga plano na ilagay Siya sa isang makalupang trono? Juan 6:15.

“[Ang mga alagad at ang karamihan] ay masigasig na nagsaayos upang maisakatuparan ang kanilang layunin; ngunit nakikita ni Jesus kung ano ang nasa paanan, at nauunawaan, ang hindi nila magawa, kung ano ang magiging bunga ng gayong pagkilos. Kahit ngayon ay tinutugis ng mga saserdote at pinuno ang Kanyang buhay. Inakusahan nila Siya na inaakit ang mga tao palayo sa kanila. Ang karahasan at paghihimagsik ay kasunod ng pagsisikap na ilagay Siya sa trono, at ang gawain ng espirituwal na kaharian ay mahahadlangan. Nang walang pagkaantala, ang pagkilos ay dapat mapigilan. Tinawag ang Kanyang mga alagad, inutusan sila ni Jesus na sumakay sa bangka at bumalik kaagad sa Capernaum, iniwan Siya upang paalisin ang mga tao.

“Hindi pa kailanman nagkaroon ng utos mula kay Kristo na tila imposibleng matupad. Matagal nang umaasa ang mga alagad para sa isang tanyag na kilusan na maglalagay kay Jesus sa trono; hindi nila matiis ang pag-iisip na ang lahat ng sigasig na ito ay mauuwi sa wala. Ang maraming mga tao na nagtitipon upang ipagdiwang ang Paskuwa ay sabik na makita ang bagong propeta. Para sa Kanyang mga tagasunod ito ay tila ang ginintuang pagkakataon upang maitatag ang kanilang minamahal na Panginoon sa trono ng Israel. Sa liwanag ng bagong layuning ito ay mahirap para sa kanila na umalis nang sila lamang, at iwan si Jesus na mag-isa sa mapanglaw na dalampasigan. Sila ay tumutol laban sa pagpapasya; ngunit ngayon si Jesus ay nagsalita na may kapamahalaan na hindi Niya kailanman natanggap sa kanila. Alam nila na ang karagdagang pagsalungat sa kanilang bahagi ay magiging walang silbi, at tahimik na sila ay bumaling patungo sa dagat.”—The Desire of Ages, p. 378.

b. Ang araw pagkatapos ng himala, ano ang ginawa ng karamihan? Juan 6:22–25.

“Ang himala ng mga tinapay ay ipinamalita sa malayo at malapit, at kinaumagahan ay nagdagsaan ang mga tao sa Betsaida upang makita si Jesus. Sila ay dumating sa napakaraming bilang, mula sa ibang dako at ibayong dagat. Yaong mga iniwan Siya noong nagdaang gabi ay bumalik, umaasang makikita pa rin Siya doon; sapagka’t wala ng bangka na masaskyan Niya tungo sa kabilang ibayo. Ngunit ang kanilang paghahanap ay walang bunga, at marami ang tumungo sa Capernaum, patuloy na hinahanap pa rin Siya.

“Samantala Siya ay nakarating sa Genesaret, pagkatapos na wala ng isang araw. Nang malaman na Siya ay nakarating na, ang mga tao ay ‘nagtumulin sa buong lupaing yaon sa palibot, at nagsimulang dalhin sa Kanya ang mga maysakit na nasa kanilang higaan, saan man nila marinig na naroroon Siya.’ Marcos 6:55.” Ibid. pp. 383, 384

## 3. MAS MABUTING LAYUNIN, BANAL NA TULONG

Mar, Abr 1

a. Anong tuwiran ngunit maingat na mensahe ang ibinigay ni Jesus sa karamihan? Juan 6:26, 27.

"Si Jesus ay hindi pinagbigyan ang kanilang pagkamausisa. Malungkot Niyang sinabi, 'Hinahanap ninyo Ako, hindi dahil sa nakita ninyo ang mga himala, kundi dahil kumain kayo ng mga tinapay, at nangabusog.' Hindi nila Siya hinanap mula sa anumang nararapat na motibo; ngunit dahil sila ay pinakain ng mga tinapay, umaasa pa rin silang makatanggap ng temporal na kapakinabangan sa pamamagitan ng pag-uugnay ng kanilang sarili sa Kanya. Ang Tagapagligtas ay nagsabi sa kanila, 'Magsigawa kayo hindi dahil sa pagkaing napapanis, kundi dahil sa pagkaing tumatagal sa buhay na walang hanggan' Huwag maghanap ng pang-materyal na kapakinabangan lamang. Huwag maging pangunahing pagsisikap na maglaan para sa buhay sa ngayon, kundi magsikap ng espirituwal na pagkain, maging yaong karunungan na mananatili hanggang sa buhay na walang hanggan." – The Desire of Ages, p. 384.

b. Ano ang itinanong ng mga Judio kay Jesus tungkol sa mga gawa ng Diyos? Juan 6:28. Ipaliwanag ang tugon na ibinigay ng Panginoon. Juan 6:29.

"Sa sandaling ito ang interes ng mga nakikinig ay nagising. Sila ay sumigaw, 'Ano ang kinakailangan naming gawin, upang aming magawa ang mga gawa ng Dios?' Sila ay nagsisigawa ng marami at mabibigat na gawain upang patunayan ang kanilang sarili sa Diyos; at sila ay handang makarinig ng anumang bagong pagtalima kung saan sila ay makakakuha ng higit na kabutihan. Ang ibig sabihin ng kanilang tanong, Ano ang kinakailangang naming gawin upang kami ay maging karapat-dapat sa langit? Ano ang halagang kinakailangan naming bayaran upang matamo ang buhay na darating?

" 'Sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi, Ito ang gawa ng Dios, na inyong sampalatayanan yaong kaniyang sinugo.' Ang halaga ng langit ay si Jesus. Ang daan patungo sa langit ay sa pamamagitan ng pananampalataya sa 'Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.' Juan 1:29."—Ibid., p. 385.

"Ang pagsisisi ay pagtalikod mula sa sarili patungo kay Kristo; at kapag tinanggap natin si Kristo upang sa pamamagitan ng pananampalataya ay maaari Siyang mabuhay sa atin, ang mabubuting gawa ay mahahayag."—Thoughts From the Mount of Blessing, p. 87.

"Nawa'y tulungan ng Panginoon ang Kanyang bayan na maunawaan na may solemneng gawaing dapat gawin. . . . Sa tahanan, sa iglesia, at sa sanlibutan ay dapat nilang gawin ang mga gawa ni Kristo. Sila ay hindi pinababayaang gumawa ng mag-isa. Ang mga anghel ang kanilang mga katulong. At si Kristo ay kanilang katulong."—Testimonies for the Church, vol. 8, p. 18.

## 4. ANG TINAPAY NG LANGIT

Miy, Abr 2

a. Anong tanda ang nais ng mga Hudyo at anong makasaysayang katotohanan ang kanilang binanggit? Juan 6:30, 31. Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa tinapay mula sa langit? Juan 6:32, 33.

"Ang mga Hudyo ay pinarangalan si Moises ang nagbigay ng manna, nagbibigay ng papuri sa kinasangkapan, at nawawala ang paningin sa Kanya na nagsakatuparan ng gawain. Ang kanilang mga ama ay nagbulung-bulungan laban kay Moises, at nag-alinlangan at tinatanggihan ang kanyang banal na misyon. Ngayon sa parehong espiritu ang mga anak ay tinanggihan ang Isa na nagdala ng mensahe ng Diyos sa kanilang sarili. 'Sinabi nga sa kanila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng tinapay na galing sa langit; kundi ang aking Ama ang nagbibigay sa inyo ng tunay na tinapay na galing sa langit.' Ang nagbigay ng manna ay nakatayo sa gitna nila. Si Kristo Mismo ang nanguna sa mga Hebreo sa ilang, at araw-araw na nagpapakain sa kanila ng tinapay na mula sa langit. Ang pagkaing iyon ay isang uri ng tunay na tinapay mula sa langit. Ang Espiritung nagbibigay-buhay, na kumikilos mula sa walang hanggang kapuspusan ng Diyos, ay ang tunay na manna."—The Desire of Ages, pp. 385, 386.

b. Dahil ang kanilang isipan ay nakatuon lamang sa pang-karaniwan, aktuwal na tinapay, anong kahilingan ang ginawa nila—at ano ang ipinaliwanag ng Panginoon? Juan 6:34–36.

"Ang anyo na ginamit ni Kristo ay alam na alam ng mga Hudyo. Sinabi ni Moises, sa pamamagitan ng kinasihan ng Banal na Espiritu, 'Hindi lamang sa tinapay mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't bagay na nagmumula sa bibig ng Panginoon.' Ang iyong mga salita ay nangasumpungan, at aking kinain; at ang iyong mga salita sa ganang akin ay katuwaan at kagalakan sa aking puso.' Deuteronomio 8:3; Jeremias 15:16. Ang mga rabbi mismo ay may kasabihan, na ang pagkain ng tinapay, sa espirituwal na kahulugan nito, ay ang pag-aaral ng kautusan at ang pagsasagawa ng mabubuting gawain; at ito ay madalas na sinasabi na sa pagdating ng Mesiyas ang buong Israel ay pakakainin. Ang turo ng mga propeta ay ginawang malinaw ang malalim na espirituwal na aral sa himala ng mga tinapay. Ang aral na ito ay sinisikap ni Kristo na buksan sa Kanyang mga tagapakinig sa sinagoga. Kung nauunawaan nila ang mga Kasulatan, mauunawaan sana nila ang Kanyang mga salita nang sabihin Niya, 'Ako ang tinapay ng buhay.' Noong nakaraang araw lamang, ang napakaraming tao, nang nanghihina na at napagod, ay pinakain ng tinapay na Kanyang ibinigay. Kung paanong mula sa tinapay na iyon sila ay tumanggap ng pisikal na kalakasan at kaginhawahan, gayundin mula kay Kristo ay maaari silang tumanggap ng espirituwal na kalakasan tungo sa buhay na walang hanggan."—Ibid., p. 386.

## 5. PAGKABUHAY NA MAG-ULI AT BUHAY NA WALANG HANGGAN

Huw, Abr 3

a. Anong dalawang magkaugnay na pangako ang ibinigay sa mga iniuugnay ang kanilang sarili kay Kristo—at paano ito nagdudulot ng pag-asa sa bawat makasalanan? Juan 6:37–40.

“Lahat ng tumatanggap sa Kanya nang may pananampalataya, sinabi [ni Jesus], ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Walang sinuman ang maaaring mapahamak.”—The Desire of Ages, p. 387.

“Huwag makinig sa mungkahi ng kaaway na lumayo kay Kristo hanggang sa mapabuti mo ang inyong sarili; hanggang sa ikaw ay maging karapat-dapat na upang lumapit sa Diyos. Kung maghihintay ka hanggang doon, hindi ka makakalapit. Kapag itinuturo ni Satanas ang inyong maruruming kasuotan, ulitin ang pangako ni Jesus, ‘Siya na lumalapit sa Akin sa anomang paraan ay hindi Ko itataboy.’ Juan 6:37. Sabihin sa kaaway na ang dugo ni Jesucristo ay naglilinis sa lahat ng kasalanan. Gawin ang panalangin ni David na sarili ninyo, Linisin mo ako ng hisopo, at ako’y magiging malinis: hugasan mo ako at ako’y magiging lalong maputi kay sa nieve.’ Awit 51:7.

“Bumangon at lumapit sa inyong Ama. Makikilala ka Niya kahit nasa malayo pa. Kung gagawa ka ng kahit isang hakbang patungo sa Kanya na nagsisisi, Siya ay magmamadaling yakapin ka sa Kanyang mga bisig ng walang hanggang pag-ibig. Ang Kanyang tainga ay nakabukas sa pagtangis ng nagsisising kaluluwa. Ang pinakaunang pag-abot sa puso ng Diyos ay nalalaman Niya. Walang panalanging ipinaaabot, gaano man nanghihina, walang luhang pumapatak, gaano man inililihim, walang taos-pusong pagnanais sa Diyos na tinataglay, kahit na nanglulupaypay, ngunit ang Espiritu ng Diyos ay lumalapit upang ganapin ito. Bago pa man ang panalangin bigkasin o ipahayag ang matinding pagnanais ng puso, ang biyaya mula kay Kristo ay ipinagkakaloob upang tugunan ang biyaya na kumikilos sa kaluluwa ng tao.”—Christ’s Object Lessons, pp. 205, 206.

b. Ano ang ibinulong-bulong ng mga hindi nananampalatayang Judyo at anong pangako ang inulit ni Jesus sa mga nananampalataya sa Kanya? Juan 6:41–51

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Abr 4

1. Pagkatapos ng himala ng mga tinapay, ano ang planong gawin ng mga tagasunod ni Kristo?
2. Ilarawan ang pangunahing interes ng maraming tao na sumusunod kay Jesus.
3. Ipaliwanag ang mga salita ni Jesus sa Juan 6:29.
4. Anong halimbawa ang ginamit ni Kristo upang ilarawan ang pinagmumulan ng espirituwal na buhay?
5. Paano ipinakita ng mga pinunong Judio ang kanilang maling palagay laban kay Kristo?

SABBATH, ABRIL 12, 2025

# Ang Suliranin sa Galilea

**SAULUHING TALATA:** " Sinabi nga sa kanila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao at inumin ang kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili" (Juan 6:53).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 5, pp. 573–580.

"Ang tanging napakahalagang pananampalataya ay ang pananampalatayang tumatanggap at lubos na inuunawa ang katotohanan hanggang sa ito ay maging bahagi ng pagkatao at ng motibong kapangyarihan ng buhay at pagkilos."—Testimonies for the Church, vol. 5, p. 576.

## 1. BUHAY SA LAMAN AT DUGO NI CRISTO

Lin, Abr 6

a. Ano ang epekto ng mga salita ni Kristo sa mga relihiyosong lider? Juan 6:52. Ano ang Kanyang ipinaliwanag tungkol sa Kanyang laman at dugo? Juan 6:53–55.

"Ngayon ang mga rabbi ay sumigaw na nagagalit, 'Paano maibibigay ng Taong ito sa atin ang Kanyang laman upang kainin?' Sila ay inunawa ang Kanyang salita nang literal, tulad ng ginawa ni Nicodemus nang siya ay magtanong, "Paanong maipanganganak ang tao kung siya'y matanda na?" Sa ilang punto ay naunawaan nila ang ibig sabihin ni Jesus, ngunit hindi nila ito nais tanggapin. Dahil sa maling pagkaunawa sa Kanyang mga salita, sila ay umasang ang mga tao ay magkaroon ng hindi matuwid na palagay laban sa Kanya."—The Desire of Ages, p. 389.

b. Ano ang tunay na ibig sabihin ng kumain ng laman at uminom ng dugo ng Anak ng Diyos? Juan 6:56, 57; 1 Juan 3:24; 5:12.

"Ang kainin ang laman at pag-inom ng dugo ni Kristo ay ang pagtanggap sa Kanya bilang isang personal na Tagapagligtas, na nananampalatayang pinatatawad Niya ang ating mga kasalanan, at tayo ay nagiging ganap sa Kanya. Sa pamamagitan ng pagtingin sa Kanyang pag-ibig, sa pananatili dito, sa pamamagitan ng pag-inom nito, na tayo ay magiging kabahagi ng Kanyang likas. Kung anuman ang pagkain para sa katawan, si Kristo ang dapat para sa kaluluwa."—Ibid., p. 389.

## 2. ANG SALITA NG DIYOS

Lun, Abr 7

a. Anong karagdagang paliwanag ang ginawa ni Jesus sa kahulugan ng Kanyang mga salita upang maging napakalinaw? Juan 6:63.

"Ang pagkain ay hindi natin mapapakinabangan malibang kainin natin ito, malibang ito ay maging bahagi ng ating pagkatao. Sa gayon si Kristo ay walang halaga sa atin kung hindi natin Siya nakikilala bilang isang personal na Tagapagligtas. Ang teoretikal na kaalaman ay walang maitutulong sa atin. Dapat natin Siyang kainin, tanggapin Siya sa puso, upang ang Kanyang buhay ay maging ating buhay. Ang Kanyang pag-ibig, ang Kanyang biyaya, ay dapat na lubos na maunawaan. . . .

"Ang buhay ni Kristo na nagbibigay-buhay sa sanlibutran ay nasa Kanyang salita. Sa pamamagitan ng Kanyang salita na si Jesus ay nagpagaling ng sakit at nagpalayas ng mga demonio; sa pamamagitan ng Kanyang salita ay pinayapa Niya ang dagat, at binuhay ang mga patay; at ang mga tao ay nagpatotoo na ang Kanyang salita ay may kapangyarihan. Ipinahayag Niya ang salita ng Diyos, tulad ng Kanyang pagpapahayag sa lahat ng mga propeta at guro ng Lumang Tipan. Ang buong Bibliya ay kapahayagan ni Kristo, at ninais ng Tagapagligtas na pagtibayin ang pananampalataya ng Kanyang mga tagasunod sa salita. Nang ang Kanyang nakikitang presensya ay kinakailangan ng bawiin, ang salita ang dapat na pinagmumulan ng kanilang kapangyarihan. Gaya ng kanilang Panginoon, dapat silang mamuhay 'sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Dios.' Mateo 4:4.

"Kung paanong ang ating pisikal na buhay ay sinusustinihan ng pagkain, gayundin ang ating espirituwal na buhay ay sinusustinihan ng salita ng Diyos. At ang bawat kaluluwa ay dapat tumanggap ng buhay mula sa salita ng Diyos para sa kanyang sarili. Kung paanong kinakailangan nating kumain para sa ating sarili upang makatanggap ng nutrisyon, gayon din dapat nating tanggapin ang salita para sa ating sarili. Hindi natin ito dapat makuha sa pamamagitan lamang ng pamamaraan ng kaisipan ng iba. Dapat nating maingat na pag-aralan ang Bibliya, humihingi sa Diyos ng tulong ng Banal na Espiritu, upang maunawaan natin ang Kanyang salita. Dapat tayong kumuha ng isang talata, at ituon ang isipan sa gawain na tinitiyak sa kaisipan ng inilagay ng Diyos sa talatang iyon para sa atin. Dapat nating panatilihin sa kaisipan hanggang sa ito ay maging atin, at alam natin 'kung ano ang sinasabi ng Panginoon.' "—The Desire of Ages, pp. 389, 390.

b. Paano inilarawan ni propeta Jeremias ang karanasang ito? Jeremias 15:16.

"Kung mananalig tayo sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang salita, makikita natin ang Kanyang pagliligtas. . . . Dapat nating tanggapin ang salita ng Dios. Kinakailangan nating kainin ang salita, isakabuhayan ang salita; ito ang laman at dugo ng Anak ng Diyos. Dapat nating kainin ang Kanyang laman at inumin ang Kanyang dugo—tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya ang Kanyang mga espirituwal na katangian."—Testimonies for the Church, vol. 6, p. 51, 52.

## 3. PANGANIB SA BATANG IGLESIA

Mar, Abr 8

a. Anong panganib ang pinukaw ng mga salita ni Kristo sa Kanyang sariling mga alagad—at paano ito nagiging isang babala para sa atin ngayon? Juan 6:60, 61, 65, 66.

"Ang pagsubok ay napakatindi. Ang kasigasigan ng mga taong nagsisikap na kunin Siya sa pamamagitan ng sapilitan at gawin Siyang hari ay nanlamig. Ang pag-uusap na ito sa sinagoga, sinabi nila, ay nagbukas ng kanilang mga mata. Ngayon sila ay hindi nalinlang. Sa kanilang kaisipan ang Kanyang mga salita ay isang tuwirang pagtanggap na Siya ay hindi ang Mesiyas, at walang makalupang gantimpala ang matatamo mula sa pakikipag-ugnayan sa Kanya. Tinanggap nila ang Kanyang kapangyarihang gumagawa ng himala; sila ay sabik na mapalaya mula sa karamdaman at pagdurusa; ngunit hindi nais ang pagdamay sa Kanyang pagsasakripisyo sa sariling buhay. Sila ay walang pakialam sa mahiwagang espirituwal na kaharian na Kanyang ipinapahayag. Ang hindi matapat, ang makasarili, na naghahanap sa Kanya, ay hindi na nagnanais sa Kanya. Kung hindi Niya ilalaan ang Kanyang kapangyarihan at impluwensya sa pagtatamo ng kanilang kalayaan mula sa mga Romano, wala na silang kinakailangan pang pakikipag-ugnayan sa Kanya. . . .

"Sa pamamagitan ng mga salita ng katotohanan, ang ipa ay inihihiwalay sa trigo. Dahil sila ay labis na mapagmalaki at matuwid sa sarili upang tumanggap ng pagsaway, napaka-maibigin sa sarili upang tanggapin ang isang buhay ng pagpapakumbaba, marami ang tumalikod kay Jesus. Marami pa rin ang gumagawa ng parehong bagay. Ang mga kaluluwa ay sinusubok ngayon gaya ng mga alagad sa sinagoga sa Capernaum. Kapag ang katotohanan ay dinadala sa puso, makikita nila na ang kanilang buhay ay hindi naaayon sa kalooban ng Diyos. Nakikita nila ang pangangailangan ng lubusang pagbabago sa kanilang sarili; ngunit hindi nila nais tanggapin ang gawain ng pagtanggi sa sarili. Kaya't sila ay nagagalit kapag ang kanilang mga kasalanan ay natutuklasan. Sila ay umaalis na nasasaktan, kahit na ang mga alagad ay iniwan si Jesus, na nangagsasabi, 'Matigas ang pananalitang ito; sino ang makaririnig nito?' "—The Desire of Ages, pp. 391, 392.

b. Matapos na ang mga alagad na iyon ay iwan Siya, ano ang itinanong ni Kristo sa labindalawa? Juan 6:67. Paano natin uulitin ang matalinong pagtugon ni Pedro ngayon? Juan 6:68, 69.

"Sa pamamagitan ng mabuti at masamang ulat, sa pamamagitan ng kadiliman, sa pamamagitan ng lahat ng pakikipagsalungatan ng mga ahensya ni Satanas, ang Araw ng Katuwiran ay kalmadong sumisikat, sinisaliksik ang kasamaan, sinusupil ang kasalanan, at muling binubuhay ang espiritu ng mga mapagpakumbaba at mga nagsisisi. 'Panginoon, kanino kami magsisiparoon? Ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan.' "—Testimonies to Ministers, p. 285.

a. Ano ang masasabi natin sa pangkalahatan tungkol sa mga tumatalikod kay Kristo? 1 Juan 2:19. Anong nakakadismayang kalagayan ang tinanggap ng mga hindi naapektuhang mga alagad?

"Habang ang mga hindi naapektuhang mga alagad na iyon ay tumalikod kay Kristo, isang naiibang espiritu ang kumokontrol sa kanila. Wala silang nakikitang kaakit-akit sa Kanya na minsan nilang nakitang nakakaakit. Hinanap nila ang Kanyang mga kaaway, dahil sila ay kaayon nila sa kanilang espiritu at gawain. Sila ay mali ang pakahulugan sa Kanyang mga salita, pinasinungalingan ang Kanyang mga pahayag, at tinuligsa ang Kanyang mga motibo. Kanilang pinatotohanan ang kanilang pamamaraan sa pamamagitan ng pagtitipon ng bawat bagay na maaaring maibalik laban sa Kanya; at ang gayong pagkagalit ay pinukaw ng mga maling ulat na ito kaya ang Kanyang buhay ay naisapanganib."—The Desire of Ages, pp. 392, 393.

b. Ano ang nangyayari sa mga may makalamang pag-iisip na mga tagapakinig? Roma 16:17, 18.

"Ang papuri at pakunwaring papuri ay nakakalugod . . . subali't ang katotohanan ay hindi nais tanggapin; hindi nila ito pinakikinggan. Nang ang maraming tao ay sumunod, at ang karamihan ay pinakain, at ang mga hiyawan ng pagtatagumpay ay naririnig, ang kanilang mga tinig ay malakas sa pagpupuri; subali't nang ang nagsasaliksik na Espiritu ng Diyos ay ipinahayag ang kanilang kasalanan, at inutusan silang iwanan ito, sila ay tumalikod sa katotohanan, at hindi na lumakad na kasama ni Jesus."—Ibid., p. 392.

c. Bukod pa sa mga tumalikod kay Jesus, sino pa na sa kanilang kalooban ang naging kaisa ng Kanyang mga kaaway—at paano ang mga may hating-pusong pakikipag-ugnayang ito nahayag? Juan 6:70, 71.

"Ang pahayag ni Kristo sa sinagoga tungkol sa tinapay ng buhay ay ang puntong pagbabago sa kasaysayan ni Judas. . . . Nakita niya na si Kristo ay nag-aalok ng espirituwal sa halip na makamundong mga bagay. Itinuring niya ang kanyang sarili gaya ng may malayong paningin, at inisip niya na makikita niya na si Jesus ay hindi magkakaroon ng karangalan, at hindi Siya makakapgbigay ng mataas na posisyon sa Kanyang mga tagasunod. Siya ay determinadong hindi makipagkaisa ng kanyang sarili mismo nang napakalapit kay Kristo sa halip siya ay lumayo. Ninais niyang magmasid. At siya ay nagmasid.

"Mula noong siya ay nagpahayag ng mga pag-aalinlangan na naging dahilan ng kalituhan ng mga alagad. Siya ay nagpasimula ng mga pagtatalo at mapanlinlang na palagay, inuulit-ulit ang mga argumento na ipinipilit ng mga eskriba at Pariseo laban sa mga pag-aangkin ni Kristo. Lahat ng maliliit at malalaking kaguluhan at mga pagsalungat, ang mga kahirapan at ang maliwanag na mga hadlang sa pagsulong ng ebanghelyo, ay binigyang-kahulugan ni Judas bilang mga katibayan laban sa katotohanan nito."—Ibid., p. 719.

## 5. PAGKILALA SA LILO (TRAIDOR) — Huw, Abr 10

a. Ilarawan ang katangiang inalagaan ni Hudas. Juan 12:4–6; Kawikaan 3:32.

"[Si Judas] ay nagmungkahi ng mga talata ng Kasulatan na walang kaugnayan sa mga katotohanang ipinapahayag ni Kristo. Ang mga talatang ito, na malayo ang kanilang pagkaka-ugnay, ay nagpagulo sa mga alagad, at lalong nagpatindi ng panghihina ng kalooban na patuloy na nagtutulak sa kanila. Gayunpaman ang lahat ng ito ay ginawa ni Judas sa paraang ipinapakita na siya ay napaka-matapat."—The Desire of Ages, p. 719.

b. Anong pangako ang madalas na pinagtitibay sa ating pang-espirituwal na karanasan—kahit na sa mga kalagayang tulad ng panganib na ito sa Galilea? Roma 8:28.

"Nang ipahayag ni Jesus ang pagsubok na katotohanan na naging dahilan ng pagtalikod ng karamihan ng Kanyang mga alagad, alam na Niya kung ano ang magiging resulta ng Kanyang mga salita; ngunit Siya ay may layunin ng habag na dapat maganap. Nakita Niya na sa oras ng pagsubok bawat isa sa Kanyang iniibig na mga alagad ay masusubok nang lubusan. Ang Kanyang matinding paghihirap sa Getsemani, ang pagkakanulo sa Kanya at pagpapako sa krus, ay magiging isang napakahirap na pagsubok para sa kanila. Kung walang maagang pagsubok na ibinigay, marami sa mga naimpluwensyahan ng mga makasariling motibo ay maaaring maugnay sa kanila. Nang ang kanilang Panginoon ay hinatulan sa bulwagan ng palasyo; nang ang maraming taong nagpugay sa Kanya bilang kanilang hari ay kinutya Siya at nilait Siya; nang ang nanunuyang karamihan ay sumigaw, 'Ipako Siya sa krus!'—nang ang kanilang makalupang mga ambisyon ay nabigo, ang mga makasariling ito, dahil sa pagtalikod sa kanilang katapatan kay Jesus, ay magdadala sa mga alagad ng isang mapait, masakit sa pusong kalungkutan, bilang karagdagan sa kanilang kalungkutan at kabiguan sa pagkawasak ng kanilang pinakamimithing pag-asa. Sa panahong iyon ng napakadilim, ang halimbawa ng mga tumalikod sa Kanya ay maaaring madala ang iba kasama nila. Ngunit si Jesus ay dinala ang panganib na ito na habang sa pamamagitan ng Kanyang personal na presensya ay mapapalakas pa rin Niya ang pananampalataya ng Kanyang mga tunay na tagasunod."—Ibid., p. 394

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Abr 11

1. Paano natin "kakainin ang laman ng Anak ng tao, at iinumin ang Kanyang dugo"?
2. Ano ang ibig sabihin ng tumingin kay Jesus?
3. Bakit ang ilan ay nasasaktan sa mga salita ni Kristo?
4. Ano ang ginawa nila pagkatapos—at paano ito isang babala para sa atin?
5. Ilarawan ang espirituwal na kalagayan ni Judas pagkatapos nito, at ang epekto nito.

SABBATH, ABRIL 19, 2025

LEKSIYON 3

# Si Hesus sa Kapistahan ng mga Tabernakulo

**SAULUHING TALATA:** "At nangagtaka sila sa kaniyang aral, sapagka't may kapamahalaan ang kaniyang salita" (Lucas 4:32).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Thoughts From the Mount of Blessing,* pp. 31–35.

"Si Jesus ay nalalaman ang mga pangangailangan ng tao. Ang karangyaan, kayamanan, at karangalan ay hindi makapagbibigay-kasiyahan sa puso. 'Kung ang sinumang tao'y nauuhaw, ay pumarito siya sa Akin.' Ang mayaman, ang dukha, ang mataas, ang mababa, ay parehong malugod na tinatanggap. Siya ay nangangako na papawiin ang nabibigatang isipan, aaliwin ang nagdadalamhati, at bibigyan ng pag-asa ang nahahapis."—The Desire of Ages, p. 454.

## 1. ANG BUHAY SA TAHANAN NI JESUS

Lin, Abr 13

a. Anong matinding hamon ang hinarap ni Jesus sa Kanyang sariling tahanan? Juan 7:5.

"Sa murang edad, si Jesus ay nagsimulang kumilos para sa Kanyang sarili sa pagbubuo ng Kanyang pag-uugali, at kahit na ang paggalang at pag-ibig sa Kanyang mga magulang ay hindi makapag-papatalikod sa Kanya mula sa pagsunod sa salita ng Diyos. 'Ito ay nasusulat' ang Kanyang katwiran sa bawat kilos na naiiba sa mga kaugalian ng pamilya. Ngunit dahil sa impluwensya ng mga rabbi, naging mapait ang Kanyang buhay. Kahit sa Kanyang kabataan ay kinailangan Niyang matutunan ang mahirap na aral ng pagiging tahimik at matiyagang pagtitiis.

"Ang kanyang mga kapatid, na tinatawag na mga anak ni Jose, ay pumanig sa mga rabbi. Iginiit nila na ang mga tradisyon ay dapat sundin, na para bang ito ay mga hinihiling ng Diyos. Itinuring pa nila ang mga tuntunin ng mga tao nang mas mataas kaysa sa salita ng Diyos, at sila ay labis na nayayamot sa maliwanag na pagpapakilala ni Jesus sa pagitan ng mali at ng tama. Ang kanyang mahigpit na pagsunod sa kautusan ng Diyos ay kanilang kinondena bilang katigasan ng ulo. Sila ay namangha sa kaalaman at karunungan na ipinakita Niya sa pagsagot sa mga rabbi. Alam nila na hindi Siya nakatanggap ng pagtuturo mula sa mga pantas na tao, subali't hindi nila makita na Siya ay isang tagapagturo sa kanila. Kinilala nila na ang Kanyang edukasyon ay mas mataas kaysa sa kanila. Subali't hindi nila nakikilala na Siya ay may daan sa punungkahoy ng buhay, ang pinagmumulan ng kaalaman na kung saan sila ay walang nalalaman." – The Desire of Ages, p. 86.

## 2. ANG MGA ANAK NA LALAKI NI JOSE

Lun, Abr 14

a. Anong mungkahi ang ginawa ng mga kapatid na lalaki ni Cristo sa Kanya bilang paghahanda ng taunang Pista ng mga Tabernakulo? Juan 7:3, 4.

"Inisip ng mga kapatid [ni Kristo] na isang pagkakamali para sa Kanya na ihiwalay ang mga dakila at matatalinong tao ng bansa. Nadama nila na ang mga taong ito ay ang dapat na nasa tama, at si Jesus ang may pagkakamali sa paglalagay ng Kanyang sarili na salungat sa kanila. Ngunit nasaksihan nila ang Kanyang walang kapintasang buhay, at bagama't hindi nila inihahanay ang kanilang mga sarili sa Kanyang mga alagad, sila ay lubos na napahanga ng Kanyang mga gawa. Ang kanyang katanyagan sa Galilea ay nagbibigay-kasiyahan sa kanilang ambisyon; sila ay umaasa pa rin na magbibigay Siya ng katibayan ng Kanyang kapangyarihan na hahantong sa mga Pariseo na makita na Siya ay ang kung ano ang Kanyang inaangkin. Paano kung Siya ang Mesiyas, ang Prinsipe ng Israel! Pinahahalagahan nila ang kaisipang ito nang may pagmamalaking kaluguran.

"Labis silang nabalisa tungkol dito kaya hinimok nila si Kristo na pumunta sa Jerusalem. 'Umalis ka rito,' sinabi nila, 'at pumaroon ka sa Judea, upang makita naman ng Iyong mga alagad ang mga gawang Iyong ginagawa. Sapagka't walang taong gumagawa ng anumang bagay sa lihim, at nagsisikap ihayag ang kanyang sarili. Kung ginagawa Mo ang mga bagay na ito ay pakilala Ka sa sanglibutan.' Ang 'kung' ay nagpapahayag ng pag-aalinlangan at kawalan ng pananampalataya. Iniuugnay nila ang pagiging duwag at kahinaan sa Kanya. Kung nalalaman Niya na Siya ang Mesiyas, bakit may kakaibang pagiging-tahimik o kawalan ng pagkilos? Kung totoong taglay Niya ang gayong kapangyarihan, bakit hindi pumunta nang buong tapang sa Jerusalem, at igiit ang Kanyang mga pag-aangkin? Bakit hindi isagawa sa Jerusalem ang mga kamangha-manghang gawa na iniulat tungkol sa Kanya sa Galilea? Huwag magtago sa mga liblib na lalawigan, sinabi nila, at gawin ang Iyong mga makapangyarihang gawa para sa kapakanan ng mga mangmang na magsasaka at mangingisda. Ipahayag ang inyong sarili sa kabisera, makuha ang suporta ng mga pari at mga pinuno, at pagkaisahin ang bansa sa pagtatatag ng bagong kaharian."—The Desire of Ages, p. 450.

b. Ilarawan ang suliranin na laging kinakaharap ng maamo. Awit 86:14.

"Ang mga kapatid na ito ni Jesus ay nangatuwiran mula sa makasariling motibo na kadalasang matatagpuan sa puso ng mga mapaghangad sa pagpapasikat. Ang espiritung ito ay ang namumunong espiritu ng sanlibutan. Sila ay nagalit dahil, sa halip na hangarin ang temporal na trono, si Kristo ay ipinahayag ang Kanyang sarili bilang ang tinapay ng buhay. Sila ay labis na nabigo nang ang karamihan sa Kanyang mga alagad ay iniwan Siya. Sila mismo ay tumalikod sa Kanya upang makatakas sa kahihiyan ng pagkilala sa kung ano ang ipinahahayag ng Kanyang mga gawa—na Siya ang Isinugo ng Diyos."—Ibid., p. 451.

## 3. PAGTATALO TUNGKOL KAY JESUS

Mar, Abr 15

a. Anong magkakasalungat na mga palagay ang ipinahayag hinggil kay Jesus? Juan 7:11, 12.

"Mula sa Jerusalem ang ulat ng mga himala ni Kristo ay kumalat saanman naroon ang mga Judio; at bagaman sa loob ng maraming buwan na Siya ay wala sa mga kapistahan, ang pagnanais sa Kanya ay hindi nabawasan. Marami mula sa lahat ng bahagi ng sanglibutan ang pumunta sa Pista ng mga Tabernakulo sa pag-asang makita Siya. Sa pasimula ng kapistahan ay maraming mga pagtatanong ang ginawa para sa Kanya. Ang mga Pariseo at mga pinuno ay naghihintay sa Kanya na dumating, umaasa ng pagkakataong kondenahin Siya. Sila ay balisang nagtanong, 'Nasaan Siya?' subali't wala ni isang nakakaalam. Ang pag-iisip tungkol sa Kanya ay nangingibabaw sa lahat ng isipan. Dahil sa takot sa mga saserdote at mga pinuno, walang nangangahas na kilalanin Siya bilang ang Mesiyas, ngunit sa lahat ng dako ay may tahimik ngunit mainit na pagtatalo tungkol sa Kanya. Marami ang nagtanggol sa Kanya bilang isang isinugo mula sa Diyos, habang ang iba ay tinuligsa Siya bilang isang manlilinlang ng mga tao."—The Desire of Ages, pp. 451, 452.

b. Paano pinatahimik ni Jesus ang magkakasalungat na mga palagay tungkol sa Kanyang sarili? Juan 7:14–18; Lucas 4:32.

"Sa kalagitnaan ng kapistahan, nang ang kaguluhan tungkol sa Kanya ay nasa kasukdulan, Siya ay pumasok sa looban ng templo sa harapan ng karamihan. Dahil Siya ay wala sa kapistahan, hinimok Siya na huwag mangahas na ilagay ang Kanyang sarili sa kapangyarihan ng mga saserdote at mga pinuno. Lahat ay namangha sa Kanyang presensya. Ang bawat tinig ay natahimik. Ang lahat ay namangha sa dignidad at katapangan ng Kanyang pagtindig sa gitna ng makapangyarihang mga kaaway na nagnanais sa Kanyang buhay.

"Nakatayo sa gayon, ang sentro ng atensyon ng napakalaking pulutong na iyon, si Jesus ay nagpahayag sa kanila na hindi pa nagagawa ng kahit sinuman. Ang kanyang mga pananalita ay nagpakita ng kaalaman sa mga kautusan at institusyon ng Israel, sa paglilingkod sa paghahain at sa mga turo ng mga propeta, na talagang higit pa kaysa sa mga saserdote at rabbi. Sinira Niya ang mga hadlang na pormalismo at tradisyon. Ang mga kaganapan sa hinaharap na buhay ay tila nakalatag sa harapan Niya. Bilang isa na nakakakita sa Hindi Nakikita, Siya ay nagpahayag tungkol sa makalupa at makalangit, sa tao at sa banal, na may positibong kapamahalaan. Ang kanyang mga salita ay napakalinaw at nakakakumbinsi; at muli, tulad sa Capernaum, ang mga tao ay namangha sa Kanyang pagtuturo; 'sapagkat ang Kanyang salita ay may kapangyarihan.' Lucas 4:32. . . . Lahat ay namangha sa Kanyang kaalaman sa kautusan at sa mga propesiya."—Ibid., pp. 452, 453.

## 4. PAGKAPOOT LABAN SA ISANG BANAL

Miy, Abr 16

a. Ano ang nakikita ni Jesus sa mga rabbi at ano ang Kanyang itinanong sa kanila? Juan 7:19.

"Si Jesus ay binigyan ang mga rabbi ng katibayan ng Kanyang pagka-Diyos sa pamamagitan ng pagpapakita na nababasa Niya ang kanilang mga puso. Mula pa nang magpagaling sa Bethesda sila ay binabalak na ang Kanyang kamatayan. Kaya't sila mismo ay lumalabag sa kautusan na kanilang sinasabing ipinagsasanggalang. 'Hindi baga ibinigay sa inyo ni Moises ang kautusan, at gayon ma'y wala sa inyong gumaganap ng kautusan? Bakit ninyo pinagsisikapang ako'y patayin?' "—The Desire of Ages, p. 456.

b. Sa kanilang tugon kay Kristo, ano ang ipinaparatang sa Kanya ng mga rabbi—at paano naman Siya tumugon? Juan 7:20–23.

"Sa panghihikayat na ito [na ang Kanyang nakakamanghang mga gawa ay udyok ng isang masamang espiritu] ay hindi pinansin ni Kristo. Siya ay nagpatuloy upang ipakita na ang Kanyang gawain ng pagpapagaling sa Bethesda ay naaayon sa kautusan ng Sabbath, at ito ay nabigyang-katwiran sa pamamagitan ng pagpapaliwanag na ang mga Hudyo mismo ang naglagay sa kautusan. Sinabi niya, 'Ibinigay sa inyo ni Moises ang pagtutuli; . . . at tinutuli ninyo sa sabbath ang isang lalake.' Ayon sa kautusan, ang bawat bata ay dapat tuliin sa ikawalong araw. Kung ang itinakdang oras ay pumatak sa Sabbath, ang seremonya ay dapat na isagawa. Gaano pa nga ba dapat ito ay naaayon ng diwa ng kautusan na gawin ang isang tao na 'pagalingin ng lubos sa araw ng Sabbath.' "—Ibid., pp. 456, 457.

c. Ipaliwanag ang malawak na kahalagahan ng sumunod na babala ni Kristo. Juan 7:24.

"Ang mga pinuno ay natahimik; at marami sa mga tao ang sumigaw, 'Hindi baga Siya, ang kanilang pinagsisikapang patayin? At narito, siya'y hayag na nagsasalita, at walang anomang sinasabi sila sa Kaniya. Napagkikilala kayang tunay ng mga pinuno na ito ang Cristo?' "—Ibid., p. 457.

"[Si Kristo] ay hindi tumitingin sa panlabas na anyo; Siya ay hindi humahatol gaya ng paghatol ng tao. Hindi niya pinahahalagahan ang tao ayon sa kanyang mataas na katungkulan, talento, edukasyon, o posisyon. 'Nguni't ang taong ito ay titingnan ko, sa makatuwid baga'y siyang dukha at may pagsisising loob, at nanginginig sa aking salita.' "—The Signs of the Times, Oktubre 21, 1897.

## 5. TAO VS. BANAL NA PAGHATOL

Huw, Abr 17

a. Paano inilalarawan ng Kasulatan ang kalagayan ng kaisipan ng lipunan sa sanlibutang ito—na kadalasan ay nakikita noong sinaunang panahon, ngunit lalo na ngayon? Isaias 59:14, 15.

"Ang mga ahensya ng kasamaan ay nagsasama-sama ng kanilang mga puwersa at pinatatatag. Sila ay nagpapalakas para sa huling matinding sakuna. Ang napakalaking pagbabago ay malapit ng mangyari sa ating sanlibutan, at ang mga huling pagkilos ay magiging mabilis. . . .

"Ang kaaway ay nagtagumpay sa pagbaluktot ng katarungan at sa pagpuno sa puso ng mga tao ng pagnanais para sa makasariling pakinabang. . . . Ang mga sigaw ng nagugutom na sangkatauhan ay dumarating sa harapan ng Diyos, habang sa bawat uri ng pang-aapi at paghingi ng sapilitan ang mga tao ay nagtatambak ng napakalaking kayamanan."—Testimonies for the Church, vol. 9, p. 11, 12.

b. Sa gitna ng kaguluhan, bakit tayo maaaring magtitiwala sa mga pamamaraan ng Diyos? Isaias 55:8, 9.

"Bagaman ang mga may hangganang pag-iisip ng mga tao ay hindi sapat upang pumasok sa mga payo ng Isang Walang-hanggan, o lubos na maunawaan ang pagsasagawa ng Kanyang mga layunin, ngunit kadalasan ay dahil sa ilang pagkakamali o kapabayaan sa kanilang sariling bahagi kaya malabo nilang nauunawaan ang mga mensahe ng Langit. Hindi madalang na ang mga isipan ng mga tao, at maging ng mga lingkod ng Diyos, ay nabubulag nang lubos sa mga opinyon ng tao, ng mga tradisyon at maling aral ng mga tao, na bahagyang nauunawaan lamang nila ang mga dakilang bagay na Kanyang inihahayag sa Kanyang salita."—The Great Controversy, pp. 344, 345.

"Ang mithiin ng Diyos para sa Kanyang mga anak ay mas mataas kaysa sa pinakamataas na maaaring maabot ng kaisipan ng tao. Siya ay nagbigay sa Kanyang banal na kautusan ng kopya ng Kanyang katangian."—Testimonies for the Church, vol. 8, p. 63.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Abr 18

1. Ilarawan ang kapaligiran sa tahanan kung saan pinalaki si Jesus.
2. Paano ang pag-uugaling ipinakita ng mga kapatid ni Kristo ay madalas na nauulit sa ngayon?
3. Anong magkakasalungat na mga opinyon ang ipinakalat tungkol kay Jesus?
4. Ipaliwanag ang espiritu na ipinakita ng mga rabbi kay Jesus.
5. Ilarawan ang malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga pamamaraan ng tao at ng sa Diyos

# Kailan Ma'y Walang Taong Nagsalita ng Gayon

**SAULUHING TALATA:** "Nagsisagot ang mga punong kawal, Kailan ma'y walang taong nagsalita ng gayon" (Juan 7:46).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies to Ministers,* pp. 506–512.

"Ang pang-unawa at pagpapahalaga sa katotohanan, sabi Niya, ay hindi gaanong nakasalalay sa isipan kaysa sa puso. Ang katotohanan ay dapat tanggapin sa kaluluwa; kinakailangang tanggapin sa kalooban."—The Desire of Ages, p. 455.

## 1. ANG INTERES NG MGA TAO KAY HESUS — Lin, Abr 20

a. Nang marinig at makitang si Jesus ay hayagang nangangaral, ano ang itinanong ng ilang Judio? Juan 7:25, 26.

"Marami sa mga tagapakinig ni Kristo na naninirahan sa Jerusalem, at hindi lingid sa kanila ang mga pakana ng mga pinuno laban sa Kanya, ay nadama ng kanilang sarili na naaakit sa Kanya ng isang hindi mapaglabanang kapangyarihan. Ang pananalig ay gumigiit sa kanila na Siya ang Anak ng Diyos."—The Desire of Ages, p. 457.

b. Paano si Satanas kumilos sa mga pinuno upang magdulot ng pagdududa? Juan 7:27.

"Si Satanas ay handa nang magmungkahi ng pagdududa; at para dito ang daan ay inihanda na ng sarili nilang mga maling ideya tungkol sa Mesiyas at sa Kanyang pagdating. Karaniwang pinaniniwalaan na si Kristo ay ipanganganak sa Bethlehem, ngunit pagkaraan ng ilang panahon Siya ay mawawala at sa Kanyang ikalawang pagpapakita ay walang makakaalam kung saan Siya nanggaling. Hindi kakaunti ang naniniwala na ang Mesiyas ay walang likas na kaugnayan sa sangkatauhan. At dahil ang tanyag na konsepto ng kaluwalhatian ng Mesiyas ay hindi natugunan ni Jesus ng Nazareth, marami ang nakinig sa mungkahi, 'Gayon man ay nakikilala namin ang taong ito kung taga saan siya: datapuwa't pagparito ng Cristo, sinoma'y walang makakaalam kung taga saan siya.' —Ibid.

## 2. ANG MGA MASAMANG PLANO AY NAPIGILAN

Lun, Abr 21

a. Nang mabasa ang kaisipan ng Kanyang nag-aalinlangang mga tagapakinig, ano ang sinabi ni Jesus sa kanila? Juan 7:28.

---

---

“Habang sila ay nag-aalinlangan sa pagitan ng pagdududa at pananampalataya, itinaas ni Jesus ang kanilang mga iniisip at sinagot sila: ‘Ako’y inyong nakikilala at nalalaman din naman ninyo kung taga saan ako; at hindi ako naparito sa aking sarili, datapuwa’t ang nagsugo sa akin ay tunay, na hindi ninyo nakikilala.’ Ipinapahayag nila ang kaalaman kung ano dapat ang magiging pinagmulan ni Cristo, ngunit sila ay lubos na walang nalalaman tungkol dito. Kung sila ay namuhay ayon sa kalooban ng Diyos, nakilala sana nila ang Kanyang Anak nang Siya ay nahayag sa kanila.”—The Desire of Ages, p. 457.

b. Dahil kulang ang mga argumento upang pabulaanan si Jesus, sa paanong paraan ang mga pinunong Judio sinubukang patahimikin Siya? Juan 7:30 (unang bahagi). Sa katotohanan, bakit hindi nila Siya magawang hulihin? Juan 7:30 (huling bahagi).

---

---

“Ang mga nakikinig ay walang magawa kundi unawain ang mga salita ni Cristo. Maliwanag na ang mga ito ay pag-uulit ng pag-aangkin na Kanyang ginawa sa harapan ng Sanhedrin ng nagdaang mga buwan, nang Kanyang ipahayag ang Kanyang sarili na Anak ng Diyos. Habang ang mga pinuno ay sinubukang isagawa ang Kanyang kamatayan, kaya ngayon ay sinisikap nilang hulihin Siya; ngunit sila ay nahadlangan ng hindi-nakikitang kapangyarihan, na naglagay ng hangganan sa kanilang poot, na nagsasabi sa kanila, Hanggang diyan ka na lamang, at hindi na lalampas pa.”—Ibid.

c. Paano ipinahayag ng marami ang kanilang pananampalataya kay Jesus—at ano ang planong gawin ng mga pinuno kapag nakita nila ang simpatya ng mga tao sa Kanya? Juan 7:31, 32.

---

“Ang mga pinuno ng mga Pariseo, na nababalisa na nagmamatyag sa takbo ng mga pangyayari, ay nakakuha ng mga pagpapahayag ng simpatya sa karamihan. Nagmamadaling pumunta sa mga punong saserdote, inilatag nila ang kanilang mga plano na hulihin Siya. Isinaayos nila, na sa anomang paraan, na kunin Siya kapag Siya ay nag-iisa; sapagkat hindi sila nangahas na hulihin Siya sa harapan ng mga tao.”—Ibid., pp. 457, 458.

## 3. ANG PAANYAYA

Mar, Abr 22

### a. Sa huling araw ng kapistahan, anong magandang paglalarawan ang ginamit ni Jesus upang magbigay ng kaaliwan sa mga kaluluwang napapagod sa kasalanan? Juan 7:37, 38.

"Ang puso na tumatanggap ng salita ng Diyos ay hindi tulad ng isang lawa na natutuyo, hindi tulad ng sirang balon na nawawala ang kayamanan. Ito ay tulad ng batis ng bundok, na tinutustusan ng mga bukal na walang humpay, na ang malamig, makinang na tubig ay tumatalon sa mga bato, na nagpapaginhawa sa napapagod, nauuhaw, at nabibigatan. Ito ay tulad ng isang ilog na patuloy na umaagos at, habang ito ay nagpapatuloy, ay nagiging mas malalim at mas lumalawak, hanggang sa ang nagbibigay-buhay na tubig nito ay kumalat sa buong lupa. Ang batis na umaawit habang umaagos ay nag-iiwan ng kaloob nito ng mayayabong na luntiang halaman at pagiging mabunga. Ang mga damo sa mga pampang nito ay mas sariwang berde, ang mga punongkahoy ay mas malago ang mga dahon, ang mga bulaklak ay mas masagana. Kapag ang kalupaan ay hubad at nagkukulay brown sa ilalim ng nakapapasong init ng tag-araw, ay makikita ang hanay ng mga malalagong halaman sa tabi ng ilog na umaagos.

"Gayundin ang tunay na anak ng Diyos. Ang relihiyon ni Kristo ay nagpapakita mismo bilang isang nagbibigay-buhay, lumalaganap na prinsipyo, isang buhay, gumagawa, espirituwal na kalakasan. Kapag ang puso ay bukas sa makalangit na impluwensya ng katotohanan at pag-ibig, ang mga prinsipyong ito ay aagos muli tulad ng mga batis sa disyerto, na magiging sanhi ng pagiging mabunga kung saan sa kasalukuyan ay tigang at natutuyot."—Prophets and Kings, pp. 233, 234.

"'Kung ang sinoman ay nauuhaw' sa mapayapang pag-asa, para sa pagpapalaya mula sa napakasamang mga hilig, si Kristo ay nagsasabi, 'pumarito siya sa akin, at uminom.' Juan 7:37."—The Ministry of Healing, p. 179.

### b. Paano ang paanyayang ito higit na mauunawaan? Juan 7:39.

"Si Kristo ay ipinahayag ang mga prinsipyo ng katotohanan sa ebanghelyo. Sa Kanyang aral ay maaari tayong uminom sa malinis na batis na umaagos mula sa trono ng Diyos."—Testimonies for the Church, vol. 8, p. 309.

"Ang kinakailangan natin ay isang buhay na relihiyon. Isang tao na may malawak na pag-unawa sa tungkulin, na ang kaluluwa ay nakikipagkaisa sa Diyos at puno ng kasigasigan para kay Kristo, magsisikap ng isang mabisang impluwensya para sa kabutihan. Siya ay umiinom sa hindi mababa, malabo, maruming batis, kundi mula sa malinis, mataas na tubig sa ugat ng bukal; at makakapagbigay siya ng bagong espiritu at kapangyarihan sa iglesia. Habang ang kagipitan mula sa labas ay dumarami, nais ng Diyos na pasiglahin ang Kanyang iglesia sa pamamagitan ng sagrado, solemneng mga katotohanang na kanilang pinananampalatayanan. Ang Banal na Espiritu mula sa langit, na kumikilos kasama ang mga anak na lalaki at babae ng Diyos, ay malalampasan ang mga hadlang at mananatili sa mataas na lugar laban sa kaaway. Ang Diyos ay may mga dakilang tagumpay na nakalaan para sa Kanyang bayang umiibig sa katotohanan, tumutupad ng kautusan."—Ibid., vol. 5, p. 581.

## 4. MGA SALITANG WALANG KATULAD

Miy, Abr 23

a. Bilang resulta ng pagtukoy ni Kristo sa tubig ng buhay, ano ang napagpasiya-han ng marami—at bakit? Juan 7:40 (ihambing ang Deuteronomio 18:15).

---

b. Bagaman ang ilan ay napasigla ng pag-asa ng gayong inaasahan, ano ang naging tugon ng iba? Juan 7:41–44.

---

c. Anong utos ang natanggap ng mga opisyal mula sa kanilang mga pinuno? Juan 7:45. Bakit hindi nila magawang hulihin si Jesus? Juan 7:46.

"Sa huling araw ng kapistahan, ang mga opisyal na sinugo ng mga saserdote at mga pinuno upang hulihin si Jesus, ay bumalik nang wala Siya. Sila ay nagagalit na nagtanong, 'Bakit hindi ninyo Siya dinala?' Sumagot sila nang may taimtim na mukha, 'Kailan ma'y walang taong nagsalita ng gayon.'

"Matigas ng gayon ang kanilang mga puso, sila ay natunaw ng Kanyang mga salita. Habang Siya ay nagsasalita sa looban ng templo, sila ay nanatili nang malapit, upang makahuli ng isang bagay na maaaring maibalik laban sa Kanya. Ngunit habang sila ay nakikinig, ang layunin kung bakit sila ipinadala ay nakalimutan. Sila ay nakatayo habang ang mga tao ay pumapasok. Ipinahayag ni Kristo ang Kanyang sarili sa kanilang mga kaluluwa. Nakita nila ang hindi nakikita ng mga saserdote at mga pinuno—ang kaluwalhatian ng pagka-Diyos ay umapaw sa sangkatauhan."—The Desire of Ages, p. 459.

"[Si Kristo] ay ginamit ang mga bagay ng kalikasan na pamilyar sa kanila, upang ilarawan ang banal na katotohanan. Ang lupa ng puso sa gayon ay inihanda upang tumanggap ng mabuting binhi. Ipinadama Niya sa Kanyang mga tagapakinig na ang Kanyang mga pagnanais ay nauugnay sa kanila, na ang Kanyang puso ay pumipintig sa pagdamay sa kanila sa kanilang mga kagalakan at dalamhati. Kasabay nito ay nakita nila sa Kanya ang pagpapakita ng kapangyarihan at kahusayan na lalong higit pa sa taglay ng kanilang pinaka-pinararangalan na mga rabbi. Ang mga aral ni Kristo ay kapansin-pansin ng pagiging simple, may dignidad, at kapangyarihan na hindi nila nalaman noon pa man, at ang kanilang hindi sinasadyang pagbubulalas ay: 'Kailan ma'y walang taong nagsalita ng gayon.' Ang mga tao ay nakinig sa Kanya nang may kagalakan; ngunit ang mga saserdote at mga pinuno—sa kanilang mga sarili na nagsinungaling sa ipinagkatiwala sa kanila bilang mga tagapangalaga ng katotohanan—ay kinasusuklaman si Kristo dahil sa mismong biyayang ipinahayag, na umaakay sa mga tao palayo sa kanila upang sundin ang Liwanag ng buhay. Sa pamamagitan ng kanilang impluwensya ang bansang Judio, na nabigong makilala ang Kanyang banal na katangian, ay tinanggihan ang Manunubos."—Testimonies for the Church, vol. 5, p. 747.

## 5. ANG MATAPAT NA NAGHAHANAP NA NAGBAGO — Huw, Abr 24

a. Paano sinaway ng mga punong saserdote at mga Pariseo ang mga punong kawal? Juan 7:47–49.

b. Isalaysay ang sumunod na pakikipag-usap kay Nicodemus—na inihayag ang kanyang paglago mula noong gabing pakikipag-usap niya kay Cristo sa Juan kabanata 3. Juan 7:50–52.

"[Si Nicodemus] ay itinago ang katotohanan sa kanyang puso, at sa loob ng tatlong taon ay nagkaroon ng maliwanag na bunga. Ngunit habang si Nicodemus ay hindi hayagang kumikilala kay Kristo, sa pagpupulong ng Sanhedrin ay paulit-ulit niyang hinahadlangan ang mga pakana ng mga pari na ipahamak Siya."—The Acts of the Apostles, p. 104.

"Ang aral na ibinigay ni Kristo kay Nicodemus [sa kanyang pagdalaw sa gabi sa Juan kabanata 3] ay hindi nawalan ng kabuluhan. Ang pananalig ay nananatili sa kanyang isipan, at sa kanyang puso ay tinanggap niya si Jesus. Mula sa kanyang pakikipag-usap sa Tagapagligtas, siya ay masigasig na nagsaliksik sa mga Kasulatan ng Lumang Tipan, at nakita niya ang katotohanan sa tunay na kahulugan ng ebanghelyo.

"Ang kanyang tanong ay matalino, at maaaring sang-ayunan ng mga namumuno sa pagpupulong kung hindi sila nalinlang ng kaaway. Subali't napuno sila ng hindi matuwid na palagay kung kaya't walang anumang argumentong pabor kay Jesus ng Nazareth, gaano man nakakakumbinsi, ang may anumang bigat sa kanila. Ang sagot na natanggap ni Nicodemo ay, 'Ikaw baga'y taga Galilea rin? Siyasatin mo, at tingnan mo na sa Galilea ay walang lumitaw na propeta.'

"Ang mga saserdote at mga pinuno ay nalinlang, gaya ng nais mangyari ni Satanas sa kanila, sa paniniwalang si Kristo ay nagmula sa Galilea. Ang ilan na nakaaalam na Siya ay isinilang sa Bethlehem, ay nanahimik, upang ang kasinungalingan ay hindi maagawan ng kapangyarihan nito." — The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], vol. 5, p. 1136.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Abr 25

1. Bakit naakit ni Jesus ang atensyon at respeto ng mga tao?
2. Paano ang mga pinunong Judio nagpumilit sa pagsisikap na pigilan si Jesus?
3. Anong pampublikong panawagan ang ginawa ni Jesus sa huling araw ng kapistahan?
4. Ipaliwanag ang malaking pagtatalo na naganap bilang resulta.
5. Isinasaalang-alang ang mga taong kilala ko, ano ang dapat kong alalahanin tungkol kay Nicodemus?

# Handog sa Unang Sabbath

**SABBATH, MAY 3, 2025**





## Para sa World Missions

Ngayon, ang napapanahong mensahe ay umaalingawngaw:

"Ang espiritu ng pagiging-misyonero ay kinakailangang buhayin sa ating mga iglesia. Bawat mga kaanib ng Iglesia ay kinakailangang pag-aralan kung paano makakatulong sa pagsulong ng gawain ng Diyos, kapwa sa mga mission sa sariling bayan at sa ibang bansa. Bahagya lamang sa ikasanlibong bahagi ng gawain ang nagagawa na dapat gawin sa mga pang-misyonerong larangan. Ang Diyos ay nananawagan sa Kanyang mga manggagawa na magdagdag ng bagong lugar para sa Kanya. May mga masaganang bukid ng gawain ang naghihintay para sa matapat na manggagawa. At ang mga nangangasiwang anghel ay makikipagtulungan sa bawat kaanib ng iglesia na gagawa nang walang pag-iimbot para sa Panginoon.

"Ang iglesia ni Cristo sa lupa ay itinatag para sa mga pang-misyonerong layunin, at ninanais ng Panginoon na makita ang buong iglesia na gumagawa ng mga pamamaraan at mapagkukunan kung saan ang matataas at mababa, mayaman at mahirap, ay maaaring mapakinggan ang mensahe ng katotohanan. Hindi lahat ay tinawagan sa personal na paggawa sa mga banyagang lugar, ngunit lahat may magagawa sa pamamagitan ng kanilang mga panalangin at ng kanilang mga kaloob upang matulungan ang ukol sa misyong gawain.

"Isang Amerikanong negosyante na masigasig na Kristiyano, sa pakikipag-usap sa isang kapwa mangagawa na nagsabi na siya mismo ang gumagawa para kay Kristo dalawampu't apat na oras ng buong araw. 'Sa lahat ng aking pakikipag-ugnayan sa hanap buhay,' sinabi niya, 'Sinisikap kong ipakilala ang aking Panginoon. Kapag ako ay may pagkakataon, sinusubukan kong hikayatin ang iba sa Kanya. Buong araw ako ay gumagawa para kay Kristo. At sa gabi, habang ako ay natutulog, ako ay may isang tao na gumagawa para sa Kanya sa China.'

"Sa pagpapaliwanag ay idinagdag niya: 'Sa aking kabataan ay nagpasiya akong maging misyonero sa mga pagano. Ngunit sa pagkamatay ng aking ama kinailangan kong kunin ang kanyang negosyo upang matustusan ang pamilya. Ngayon, sa halip na ako mismo ang gumagawa, sinusuportahan ko ang isang misyonero. Sa naturang bayan ng naturang probinsiya ng China, ang aking manggagawa ay naka-destino. At kaya, kahit na ako ay natutulog, sa pamamagitan ng aking kinatawan, ay gumagawa pa rin para kay Kristo.' "—Testimonies for the Church, vol. 6, p. 29, 30.

Ngayon higit kailanman ay ang panahon upang mamuhunan sa bangko ng Langit sa pamamagitan ng mga mission sa sanlibutan. Hindi ito magiging madali, at maaaring sa ibang pagkakataon ay huli na. Ang mga kaluluwa ay namamatay nang wala si Kristo at ang pang-kasalukuyang katotohanan, at ang Panginoon ay may ipinagkatiwala sa ating napakahalagang liwanag upang ipalaganap sa buong planeta.

Kami ay nagsusumamo na magbigay ng sagana, at nawa'y pagpalain kayo ng Panginoon at ang inyong kaloob. Salamat po!

*The General Conference Sabbath School Department*

# “Ako Man Ay Hindi Rin Hahatol Sa Iyo”

**SAULUHING TALATA:** “Ako man ay hindi rin hahatol sa iyo: humayo ka ng iyong lakad; mula ngayo’y huwag ka nang magkasala” (Juan 8:11, huling bahagi).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 2, pp. 73–77.

“Ang Kristiyanong pag-ibig ay mabagal sa pagtuligsa, mabilis na nakikilala ang pagsisisi, handang magpatawad, magbigay ng lakas ng loob, upang itakda ang manlalakbay sa landas ng kabanalan, at ipanatili ang kanyang mga paa roon.” – The Desire of Ages, p. 462.

## 1. ISANG BITAG PARA KAY HESUS

Lin, Abr 27

a. Habang si Jesus ay nagtuturo sa templo, ano ang ginawa ng mga eskriba at mga Pariseo? Juan 8:2–3.

“ [Si Kristo] hindi nagtagal ay nagambala. Isang grupo ng mga Pariseo at mga eskriba ang lumapit sa Kanya, na kinaladkad kasama nila ang isang babaeng natatakot, na may malulupit, agresibong tinig ay inakusahan nilang nilabag ang ikapitong utos.”—The Desire of Ages, p. 460.

b. Nagpapakita ng matinding paggalang sa kautusan, anong tanong a ibinigay ng mga Pariseo kay Kristo—at ano ang kanilang tunay na layunin? Juan 8:4–6 (unang bahagi).

“Ang kanilang nagkukunwaring paggalang ay tinatakpan ang isang malalim na masamang balak para sa Kanyang kapahamakan. Sinamantala nila ang pagkakataong ito upang matiyak ang Kanyang paghatol, na iniisip na anuman ang Kanyang gagawing desisyon, ay makakahanap sila ng pagkakataon para akusahan Siya. Kung Kanyang ipapawalang-sala ang babae, maaaring isakdal Siya ng pagwawalang halaga sa batas ni Moises. Kung ipapahayag Niya na siya ay karapat-dapat sa kamatayan, maaari Siyang akusahan ng mga Romano na kumukuha ng kapamahalaan na tanging sa kanila lamang.”—Ibid., pp. 460, 461.

## 2. ANG TUNAY NA LARAWAN AY INIHAYAG

Lun, Abr 28

a. Paano si Jesus tumugon sa kasinungalingan ng mga Pariseo? Juan 8:6 (huling bahagi).

"Si Jesus ay sandaling tumingin sa mga kaganapan—ang nanginginig na biktima sa kanyang kahihiyan, ang mga may matitigas na mukha na mga matataas na pinuno, ay wala kahit na awa ng tao. Ang Kanyang espiritung walang bahid sa kadalisayan ay nanghina mula sa kaganapan. Nalalaman Niya ng lubos kung ano ang layunin ng kasong ito na dinala sa Kanya. Nababasa Niya ang puso, at nalalaman Niya ang pagkatao at kasaysayan ng buhay ng bawat isa na nasa Kanyang presensya. Ang mga ito na mga tagapangalaga sana ng katarungan ay sila mismo ang umakay sa kanilang biktima sa kasalanan, upang sila ay makapaglagay ng isang bitag para kay Jesus. Hindi nagbibigay ng palatandaan na narinig Niya ang kanilang tanong, Siya ay yumuko, at itinuon ang Kanyang mga mata sa lupa, at nagsimulang magsulat sa lupa." – The Desire of Ages, p. 461.

b. Paano ipinakita ni Jesus na ang mga nag-aakusa mismo ay hindi walang kasalanan—at ano ang kanilang ginawa kasunod? Juan 8:7–9.

"Ang mga nagsasakdal ay nasansala. Ngayon, ang kanilang kasuotan ng nagkukunwaring kabanalan ay nahapak mula sa kanila, sila ay nakatayong, napahiya at nahatulan, sa harapan ng Walang-hanggang Kadalisayan. Sila ay nanginig na baka ang nakatagong kasamaan ng kanilang mga buhay ay mabuksan sa karamihan; at isa-isa, na nakayuko ang mga ulo at malungkot ang mga mata, sila ay nagsialis, iniwan ang kanilang biktima kasama ang mahabaging Tagapagligtas."—Ibid.

c. Sa pangkalahatan, ano ang dapat nating lahat matutunan mula sa mga salita ni Jesus sa mga nag-aakusa? Lucas 6:42.

"May mga taong ang kanilang pagnanais ay hindi pa napapanahon na baguhin ang mga bagay na sa kanilang tingin ay tila mali. Iniisip nila na dapat silang mapili para pumalit sa mga nakakagawa ng pagkakamali. Hindi nila pinahahalagahan ang ginagawa ng mga manggagawang ito habang ang iba ay nakatingin at bumabatikos. Sa pamamagitan ng kanilang mga pagkilos ay sinasabi nila: 'Ako ay maaaring gumawa ng mga magagandang bagay. Kaya kong maisulong ang gawain ng matagumpay.' Sa mga nag-iisip na alam na alam nila kung paano maiwasan ang mga pagkakamali, ako ay naatasang sabihin: 'Huwag kayong magsihatol, upang huwag kayong hatulan.' Mateo 7:1. Maaari ninyong maiwasan ang mga pagkakamali sa ilang mga punto, ngunit sa iba pang mga bagay ay may panganib kayong gumawa ng mga malubhang pagkakamali, na magiging napakahirap na lunasan at maaaring magdulot ng kaguluhan sa gawain. Ang mga pagkakamaling ito ay maaaring gumawa ng higit na pinsala kaysa sa ginagawa ng inyong mga kapatid."—Testimonies for the Church, vol. 7, p. 279.

## 3. ISANG HINDI INAASAHANG PAGKILOS



### a. Ano ang itinanong ni Jesus sa babae pagkatapos na umalis ng mga nag-aakusa sa kanya—at paano ang Kanyang pamamaraan ng paghawak sa sitwasyon nakaapekto sa kanyang buhay? Juan 8:10, 11.

“Ang babae na nakatayo sa harapan ni Jesus, ay nanliliit sa pagkatakot. Sa Kanyang mga salitang, ‘Ang walang kasalanan sa inyo, ay siyang unang bumato sa kaniya,’ ay dumating sa kanya bilang hatol ng kamatayan. Siya ay hindi nangahas na iangat ang kanyang mga mata sa mukha ng Tagapagligtas, ngunit tahimik na naghihintay sa kanyang kaparusahan. Sa pagkamangha nakita niya ang mga nagsasakdal sa kanya na umaalis na walang imik at nalilito; pagkatapos ang mga salitang iyon ng may pag-asa ay umabot sa kanyang tainga, ‘Ako man ay hindi rin hahatol sa iyo: humayo ka ng iyong lakad; mula ngayo’y huwag ka nang magkasala.’ Ang kanyang puso ay lumambot, at, inilagay ang kanyang sarili sa paanan ni Jesus, siya ay tumangis sa kanyang lubos na nagpapasalamat na pag-ibig at ipinagtapat ang kanyang mga kasalanan na may matinding pagtangis.

“Ito ang simula ng isang bagong buhay para sa kanya, isang buhay na may kadalisayan at kapayapaan, na nakatuon sa Diyos. Sa paghango sa nahulog na kaluluwang ito, si Jesus ay gumawa ng isang mas dakilang himala kaysa sa pagpapagaling ng pinakamalubhang pangpisikal na karamdaman; Pinagaling niya ang pang-espirituwal na sakit na magiging sanhi ng walang hanggang kamatayan. Ang nagsisising babaeng ito ay naging isa sa Kanyang pinakamatatag na tagasunod. Na may pag-ibig na may pagtitis sa sarili at pagtatalaga ay ipinakita niya ang kanyang pagpapasasalamat sa Kanyang mapagpatawad na habag. Para sa nagkasalang babaeng ito, ang sanglibutan ay mayroon lamang paghamak at pangungutya, ngunit ang Isang Hindi nagkasala ay naawa sa kanyang kahinaan at inaabot sa kanya ang umaalalay na kamay. Habang tinutuligsa ng mga mapagpaimbabaw na mga Pariseo, sinabihan siya ni Jesus, ‘Humayo ka ng iyong lakad; mula ngayo’y huwag ka nang magkasala’ ”—The Ministry of Healing, p. 89.

“Sa Kanyang ginawang pagpapatawad sa babaeng ito at paghikayat sa kanya na mamuhay ng mas mabuting buhay, ang katangian ni Jesus ay suminag sa kagandahan ng sakdal na katuwiran. Bagama’t hindi Niya binalewala ang kasalanan, o pinagaan ang pagkadama ng pagkakasala, hindi Niya sinikap na maghatol, kundi magligtas. Ang sanglibutan para sa babaeng ito na nagkasala ay may tanging paghamak at pangungutya lamang; ngunit si Jesus ay nagpahayag ng mga salita ng kaaliwan at pag-asa.”—The Desire of Ages, p. 462.

### b. Ilarawan ang epekto ng nagliligtas na biyaya ni Kristo. Lucas 7:37–40, 47, 48.

“Si Jesus ay nalalaman ang mga kalagayan ng bawat kaluluwa. Kung gaano kalaki ang kasalanan ng nagkasala, mas higit ang panganagilangan niya ang Tagapagligtas. Ang Kanyang puso ng may banal na pag-ibig at pagdamay ay nagagamit nang higit sa lahat para sa mga lubos na pinakawalang pag-asa na napupuluputan sa mga bitag ng kaaway. Sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo ay nilagdaan Niya ang mga papeles ng pagpapalaya ng sangkatauhan.”—The Ministry of Healing, pp. 89, 90

## 4. KAALIWANG IKINALAT SA IBANG MGA BANSA — Miy, Abr 30

a. Ano ang dapat maging katangian ng ating pag-uugali, lalo na kung may kaugnayan sa iba—at paano lamang ito magiging posible? 2 Corinto 1:3–5.

---

“Ang mga pangyayari ay walang gaanong kinalaman sa mga karanasan ng kaluluwa. Ang espiritung tinataglay ang nagbibigay kulay sa lahat ng ating mga pagkilos. Ang taong may kapayapaan sa Diyos at sa kanyang kapwa ay hindi maaaring maging miserable. Ang inggit ay wala sa kanyang puso; ang masasamang akala ay hindi makakahanap ng puwang doon; ang poot ay hindi iiral. Ang pusong kaayon ng Diyos ay nalalampasan ang mga paghihirap at pagsubok sa buhay na ito.”—Testimonies for the Church, vol. 5, p. 488.

“Sa pamamagitan ng pagpapakasakit ay natamo ni Jesus ang ministeryo ng kaaliwan. Sa lahat ng kadalamhatian ng sangkatauhan Siya ay nagdadalamhati; at ‘Palibhasa’y nagbata siya sa pagkatukso, siya’y makasasaklolo sa mga tinutukso.’ Isaias 63:9; Hebreo 2:18. Sa ministeryong ito ang bawat kaluluwa na nakikilahok sa pakikisama sa Kanyang mga pagdurusa ay may pribilehiyong makibahagi.”—Thoughts From the Mount of Blessing, p. 13.

b. Ilarawan ang naiibang pag-asa at pribilehiyong mayroon tayo sa pagsunod sa mga bakas ni Kristo. 2 Corinto 1:6, 7.

---

“Kung hindi ninyo nadarama na karangalan ang maging kabahagi sa mga paghihirap ni Cristo; kung hindi ninyo nararamdaman ang pasanin ng kaluluwa para sa mga handa ng mamatay; kung hindi ninyo nais magsakripisyo upang makapag-ipon ng salapi para sa gawaing dapat magawa, walang puwang para sa inyo sa kaharian ng Diyos. Kinakailangan nating maging kabahagi ni Kristo sa Kanyang mga paghihirap at pagtanggi sa sarili sa bawat paghakbang.”—Testimonies for the Church, vol. 9, pp. 103, 104.

c. Ilarawan ang katangiang pinaka-kinakailangan sa mga mananampalataya ng mensahe ng tatlong anghel. 1 Corinto 13:13, 4–8.

---

“Ang mga katangiang pinaka-kinakailangan na dapat pahalagahan ng bayang tumutupad sa utos ng Diyos—ay pagtitiis at pagpapahinuhod, kapayapaan at pag-ibig. Kapag ang pag-ibig ay nagkukulang, ang hindi na maibabalik na kapinsalaan ay mangyayari.”—Ibid., vol. 6, p. 398.

## 5. MAGILIW NA PAGPAPANUMBALIK — Huw, May 1

a. Paano ang mga tunay na mananampalataya kumikilos kung ang isang Kristiyano ay nahuhulog sa kasalanan—na hindi katulad sa kung ano ang madalas na ginagawa ng mga may hindi matapat na pusong mananampalataya? Galacia 6:1–3; Roma 15:1–3.

"Tandaan na ang gawain ng pagpapanumbalik ay dapat na ating pasanin. Ang gawaing ito ay hindi dapat gawin sa isang mapagmataas, mapanghimasok, mapanlinlang na pamamaraan. Huwag ninyong sabihin, sa inyong pamamaraan, 'Mayroon akong karapatan, at gagamitin ko ito,' at sasabihin ang mga paratang sa nagkasala. Gawin ang pagpapanumbalik 'sa espiritu ng kahinhinan; na iyong pagwariin ang iyong sarili, baka ikaw naman ay matukso.' Ang gawaing itinakda sa atin na dapat magawa para sa ating mga kapatid ay hindi ang itakwil sila, hindi sila itulak sa kawalan ng pag-asa o panghihina ng kalooban sa pagsasabing: 'Binigo mo ako, at hindi na kita matutulungan pa.' Siya na ipinapahayag ang kanyang sarili na puspos ng karunungan at kalakasan, at nagpapahirap sa isa na napipighati at nababagabag at nagnanais ng tulong, ay nagpapahayag ng espiritu ng Pariseo, at binabalot ang kanyang sarili ng kasuotan ng sariling-gawang dignidad. Sa kanyang espiritu ay nagpapasalamat siya sa Diyos na hindi siya tulad ng ibang mga tao, at inaakala na ang kanyang pamamaraan ay kapuri-puri at siya ay napakalakas upang matukso. Sapagka't 'kung ang sinoman ay nagaakala na siya'y may kabuluhan bagaman siya ay walang kabuluhan, ang kaniyang sarili ang dinadaya niya.' Verse 3."—Testimonies for the Church, vol. 6, pp. 398, 399.

"Hindi tagasunod ni Kristo ang, mga may umiiwas na tingin, tinatalikuran ang nagkakamali, na iniiwan silang hindi pinipigilan upang ituloy ang kanilang pabulusok na landas. Yaong mga nagpapatuloy sa pag-aakusa sa iba, at masigasig sa pagdadala sa kanila sa kawastuhan, ay kadalasan sa kanilang sariling buhay ay higit na nagkakasala kaysa sa kanila. Ang mga tao ay kinamumuhian ang nagkakasala, habang iniibig nila ang kasalanan. Si Kristo ay kinamumuhian ang kasalanan, ngunit iniibig ang nagkasala. Ito ang dapat espiritu ng lahat ng sumusunod sa Kanya. Ang Kristiyanong pag-ibig ay mabagal sa pagtuligsa, mabilis na kumikilala ng pagsisisi, handang magpatawad, magpalakas ng kalooban, upang itakda ang manlalakbay sa landas ng kabanalan, at ipanatili ang kanyang mga paa roon." – The Desire of Ages, p. 462.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, May 2

1. Ipaliwanag ang bitag na inihanda ng mga eskriba at Pariseo para kay Jesus.
2. Paano ipinakita ng mapagpaimbabaw na mga Judio ang mapagkunwaring paggalang sa kautusan?
3. Ano ang napilitang aminin ng mga Judiong nag-aakusa tungkol sa kanilang sarili?
4. Ilarawan ang pag-asa na ipinagkaloob sa nagkasalang babae na pinagmalupitan.
5. Paano ako lalo pang magiging katulad ni Jesus kapag nakikitungo sa mga nagkakasalang kaluluwa?

SABBATH, MAY 10, 2025

LEKSIYON 6

# Si Hesus, ang Ilaw ng Sanglibutan

**SAULUHING TALATA:** "Muli ngang nagsalita sa kanila si Jesus, na sinasabi, Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan" (Juan 8:12).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church*, vol. 1, pp. 405–409.

"Kung paanong ang buwan at ang mga bituin ng ating solar system ay kumukuha ng liwanag sa araw, gayundin, hangga't ang kanilang aral ay totoo, ang mga dakilang matatalinong tao ay nagbibigay ng mga sinag ng Araw ng Katuwiran. Bawat sinag sa pag-iisip, bawat diklap sa kaisipan, ay mula sa Liwanag ng sanlibutan."—Education, p. 14.

## 1. PAG-ALALA SA PAGLALANG

Lin, May 4

a. Ano ang nilikha ng Diyos sa unang araw ng paglalang? Genesis 1:3–5.

---

"Sa malikhaing salita sa pasimula, ang liwanag ay sumikat mula sa kadiliman."—The Desire of Ages, p. 464.

b. Sino ang naroroon sa paglikha ng sanlibutan—hindi bilang isang tagamasid lamang, kundi bilang talagang kasama? Genesis 1:1, 2; Juan 1:1, 2; Colosas 1:16.

---

"Nang pasimula, ang Diyos ay nahayag sa lahat ng mga gawa ng paglalang. Si Kristo ang naglatag ng langit, at naglagay ng mga pundasyon ng lupa. . . . Siya ang pumuno sa lupa ng kagandahan, at sa hangin ng himig. At sa lahat ng bagay sa lupa, at hangin, at langit, isinulat Niya ang mensahe ng pag-ibig ng Ama."—Ibid., p. 20.

"Ang kamay na umalalay sa mga daigdig sa kalawakan, ang kamay na humahawak sa kanilang pagkakaayos at walang kapagurang gawain sa lahat ng bagay sa buong sansinukob ng Diyos, ay ang kamay na ipinako sa krus para sa atin."—Education, p. 132..

## 2. LIWANAG SA ILANG

Lun, May 5

a. Paano ang mga anak ni Israel ginabayan sa ilang? Exodo 13:21, 22. Ipaliwanag ang presensyang nababalutan ng haliging ulap at ng haliging apoy? Exodo 13:21 (unang bahagi); 1 Mga Taga-Corinto 10:1–4.

“Sa pagpapahayag ng Diyos sa Kanyang bayan, ang liwanag ay naging simbolo ng Kanyang presensya. Sa malikhaing salita sa pasimula, ang liwanag ay sumikat mula sa kadiliman. Ang liwanag ay nababalutan ng haliging ulap sa araw at ang haliging apoy sa gabi, na pinangungunahan ang napakalaking hukbo ng Israel.”—The Desire of Ages, p. 464.

b. Ano ang nakasulat tungkol sa presensiya ni Kristo sa Israel sa ilang—at anong proteksyon ang ipinangako ng Diyos sa Kanyang bayan? Awit 105:39; Isaias 4:5, 6.

“Sa isa sa pinakamaganda at nakaaaliw na mga talata ng propesiya ni Isaias, ang reperensya ay ginawa sa haliging ulap at apoy upang kumatawan sa pangangalaga ng Diyos sa Kanyang bayan sa huling matinding pakikibaka laban sa mga kapangyarihan ng kasamaan.” – Patriarchs and Prophets, p. 283.

c. Paano ipinahayag ni Kristo ang Kanyang sarili sa Sinai—at paano ang naging pagtugon ni Moises at ng bayan? Exodo 19:16–18; 20:18, 19; Mga Hebreo 12:21.

“‘Ang kaluwalhatian ng Panginoon ay katulad ng apoy na manunupok sa tuktok ng bundok’ sa paningin ng nagkakatipon na karamihan. . . . Lubos na nakakakilabot ang mga tanda ng presensya ni Jehova na ang hukbo ng Israel ay nanginginig sa takot, at nagpatirapa sa harapan ng Panginoon.”—Ibid., p. 304.

“Lubos na maluwalhati ang paghahayag ng presensya [ni Kristo] na hindi ito makayanan ng mortal na tao. Si Moises, na labis na kinalulugdan ng Diyos, ay bumulalas, ‘Ako’y totoong nasisindak at nanginginig. Subalit pinalakas siya ng Diyos upang makayanan ang napakarilag na kaluwalhatiang ito, at dalhin mula sa bundok ang paglalarawan nito sa kanyang mukha na ang bayan ay hindi makatingin dito nang matatag.” – Sons and Daughter of God, p. 225..

## 3. LIWANAG SA TAHANAN NG DIYOS

Mar, May 6

a. Paano ipinahayag ni Kristo ang Kanyang presensya sa tabernakulo? Exodo 40:34, 35 .

“Na may pananabik na pagnanais ang karamihan sa Israel ay nagsisiksikan upang tingnan ang sagradong istraktura. Habang sila ay nagninilay sa tanawin na may paggalang at kasiyahan, ang haliging ulap ay lumutang sa ibabaw ng santuwario at, bumababa, binabalot ito. ‘At napuno ng kaluwalhatian ng Panginoon ang tabernakulo.’ Nagkaroon ng paghahayag ng banal na kamahalan, at sa loob ng ilang sandali kahit si Moises ay hindi nakapasok. Sa taimtim na damdamin ang bayan ay nakita ang tanda na ang gawa ng kanilang mga kamay ay tinanggap. Walang malakas na pagpapahayag ng kagalakan. Isang taimtim na pagkatakot ang pumuno sa lahat. Subali’t ang kagalakan sa kanilang mga puso ay bumuhos sa mga luha ng kagalakan, at sila ay bumulong ng mahina, taimtim na mga salita ng pagpapasalamat na ang Diyos ay nagpakababa upang manatili sa kanila.”—Patriarchs and Prophets, pp. 349, 350.

“Sa itaas ng luklukan ng awa ay ang Shekinah, ang kapahayagan ng banal na Presensya; at mula sa pagitan ng mga kerubin, ipinaalam ng Diyos ang Kanyang kalooban. Ang mga banal na mensahe minsan ay ipinararating sa punong saserdote sa pamamagitan ng isang tinig mula sa ulap. Kung minsan ang isang liwanag ay makikita sa anghel sa kanan, upang magpahiwatig ng pagsang-ayon o pagtanggap, o ang isang anino o ulap ang makikita sa isa sa kaliwa upang ihayag ang hindi pagsang-ayon o pagtanggi.”—Ibid.

b. Ano ang nangyari nang maglaon, nang italaga ang templo? 2 Cronica 7:1.

“Isang kahanga-hangang santuwario ang ginawa, ayon sa huwaran na ipinakita kay Moises sa bundok, at pagkatapos ay ipinakita ng Panginoon kay David. Ang makalupang santuwario ay ginawang parang makalangit. Bilang karagdagan sa mga querubin sa ibabaw ng arka, gumawa si Solomon ng dalawa pang anghel na may mas malaking sukat, na nakatayo sa bawat dulo ng arka, na kumakatawan sa makalangit na mga anghel na laging nagbabantay sa kautusan ng Diyos. Napakahirap ilarawan ang kagandahan at karilagan ng tabernakulong ito. Doon, gaya ng sa tabernakulo, ang sagradong kaban ay dinadala sa solemne, napakagalang na pamamaraan, at iniayos sa lugar nito sa ilalim ng mga pakpak ng dalawang maringal na kerubin na nakatayo sa sahig.

“Ang sagradong koro ay nagkakaisa sa kanilang mga tinig, kasama ang lahat ng uri ng mga instrumentong pangmusika, sa papuri sa Diyos. At habang ang mga tinig na nagkakaayon, na may mga instrumento ng musika, ay umalingawngaw sa templo, at dinadala sa himpapawid sa Jerusalem, ang ulap ng kaluwalhatian ng Diyos ay sumasakop sa tahanan, gaya noong una na napupuno ang tabernakulo. At nangyari, kapag ang mga saserdote ay lumalabas sa banal na dako, ay napupuno ng ulap ang bahay ng Panginoon, na anopa’t ang mga saserdote ay hindi makatayo upang mangasiwa dahil sa ulap, sapagka’t ang kaluwalhatian ng Panginoon ang pumupuno sa bahay ng Panginoon’.”—Spiritual Gifts, vol. 4a, pp. 113, 114..

## 4. ANG LIWANAG NG EBANGHELYO

Miy, May 7

a. Anong mensahe ni Kristo sa Juan 8:12 ang nagbibigay sa atin ng napakalaking pag-asa?

"Hindi ang mga iskolar na theologians ang may pang-unawa sa katotohanang ito, at nakikibahagi sa pagpapahayag nito. Kung ang mga ito ay naging matapat na mga bantay, masigasig at may panalanging sinasaliksik ang mga Kasulatan, malalaman sana nila ang oras sa gabi; ang mga propesiya ay magbubukas sana sa kanila ng mga pangyayaring magaganap. Subali't hindi nila pinaghahawakan ang posisyong ito, at ang mensahe ay ibinibigay ng mga taong mas mapagkumbaba. . . . Yaong mga tumatalikod sa liwanag na ibinigay ng Diyos, o nagpapabaya na saliksikin ito kapag ito ay abot-kamay nila, ay maiiwan sa kadiliman." – The Great Controversy, p. 312.

"Ang Panginoon ay gumawa ng bawat probisyon upang magkaroon tayo ng mahalaga, sagana, at masayang karanasan. Si Juan ay nagsulat tungkol kay Kristo, na nagsasabi, 'Nasa kaniya ang buhay; at ang buhay ay siyang ilaw ng mga tao.' Ang buhay ay nauugnay sa liwanag, at kung wala tayong liwanag mula sa Araw ng Katuwiran, tayo ay hindi magkakaroon ng buhay sa Kanya. Subali't ang liwanag na ito ay ipinagkaloob para sa bawat kaluluwa, at kapag tayo ay humiwalay sa liwanag, ang kadiliman ay dumarating sa atin. Sinabi ni Jesus, 'Ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng liwanag ng buhay.' Sa sanlibutang nasa paligid natin ay walang buhay kung walang liwanag. Kung ang araw ay aalisin ang kaniyang liwanag, ang lahat ng halaman, ang lahat ng buhay ng hayop, ay magkakaroon ng katapusan. Ito ay naglalarawan ng katotohanan na hindi tayo magkakaroon ng espirituwal na buhay maliban kung ilalagay natin ang ating sarili sa ilalim ng mga sinag ng Araw ng Katuwiran. Kung maglalagay tayo ng isang namumulaklak na halaman sa isang madilim na silid, ito ay malalanta at mamatay; at sa gayon tayo maaaring magkaroon ng espirituwal na buhay, at gayunpaman ay mawawala ito sa pamamagitan ng pamamalagi sa isang kapaligiran ng pagdududa at kalumbayan." – Sons and Daughters of God, p. 281.

b. Anong katiyakan ang dumarating kapag tayo ay titingin kay Jesus? 2 Corinto 3:18.

"Kung paanong ang isang bulaklak ay bumabaling sa araw upang ang matingkad na sinag nito ay makatulong sa pagpapabuti ng kagandahan at simetriya nito, gayon din dapat ang mga tagasunod ni Kristo ay bumaling sa Araw ng Katuwiran, upang ang liwanag ng langit ay suminag sa kanila, upang pagbutihin ang kanilang mga pag-uugali, at bigyan sila ng malalim at nananatiling karanasan sa mga bagay ng Diyos. Ang mga biyayang lampas na sa ating kakayahang unawain na inihatid sa pamamagitan ni Kristo ay abot-kamay, kung ang atin lamang pagsisikap ay makikipagkaisa sa banal na biyaya."—Ibid., p. 26.

"Sinuman ang may natatanging layunin na nagsisikap na gawin ang kalooban ng Diyos, na taimtim na nakikinig sa liwanag na ibinigay na, ay tatanggap ng higit pang liwanag; sa kaluluwang iyon ang ilang bituin ng may makalangit na ningning ay ipapadala upang gabayan siya sa lahat ng katotohanan."—The Great Controversy, p. 312.

## 5. SUMISINAG SA ATING PUSO — Huw, May 8

a. Paano tayo mapapasigla ng nagbibigay-inspirasyong pagtukoy ni Pablo sa Liwanag ng sanglibutan? 2 Corinto 4:6.

"Hayaang ang maluwalhating mga konsepto ng Diyos ay sumakop sa inyong kaisipan. Hayaang ang inyong buhay ay mahabi sa pamamagitan ng mga hindi nakikitang pagkaka-ugnay sa buhay ni Jesus. Siya na nag-uutos sa liwanag na sumikat mula sa kadiliman ay handa rin na suminag sa inyong puso, upang magbigay ng liwanag ng kaalaman ng kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Jesu-Cristo. Ang Banal na Espiritu ay dadalhin ang mga bagay ng Diyos at ipapakita ang mga ito sa inyo, na ihahatid ang mga ito bilang isang buhay na kapangyarihan sa masunuring puso. Aakayin ka ni Kristo sa hangganan ng Walang-hanggan. Maaari ninyong makita ang kaluwalhatian sa kabila ng tabing, at ihahayag sa mga tao ang kasapatan Niya na nabubuhay kailanman upang mamagitan para sa atin."—Christ's Object Lessons, p. 149.

"Ang paghahayag ng Kanyang sariling kaluwalhatian sa anyo ng sangkatauhan ay maglalapit ng langit sa mga tao na ang kagandahang nagpapalamuti sa looban ng templo ay makikita sa bawat kaluluwang pinananahanan ng Tagapagligtas. Ang mga tao ay mabibihag ng kaluwalhatian ng isang nananahang Kristo. At sa mga agos ng papuri at pagpapasalamat mula sa maraming mga kaluluwa na sa gayon naipagwagi sa Diyos, ang kaluwalhatian ay dadaloy pabalik sa dakilang Tagapagbigay.

" 'Ikaw ay bumangon, sumilang ka: sapagka't ang iyong liwanag ay dumating, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay sumikat sa iyo.' Isaias 60:1. Sa mga lumalabas upang salubungin ang Kasintahang-Lalaki ay ibinigay ang mensaheng ito. Si Kristo ay darating na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. Siya ay darating na taglay ang Kanyang sariling kaluwalhatian at kasama ang kaluwalhatian ng Ama. Siya ay darating kasama ang lahat ng mga banal na anghel na kasama Niya. Habang ang buong sanlibutan ay nalulubog sa kadiliman, magkakaroon ng liwanag sa bawat tahanan ng mga banal. Makukuha nila ang unang liwanag ng Kanyang ikalawang pagpapakita. Ang walang dungis na liwanag ay sisinag mula sa Kanyang karilagan, at si Kristo na Manunubos ay hahangaan ng lahat ng naglilingkod sa Kanya. Habang ang masasama ay tatakas mula sa Kanyang harapan, ang mga tagasunod ni Kristo ay magagalak."—Ibid., pp. 420, 421.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, May 9

1. Ano ang itinuturo ng Bibliya tungkol sa Pagka-Diyos sa gawa ng paglalang?
2. Ilarawan kung paano ni Jesus ipinahayag ang Kanyang sarili sa Kanyang bayan sa ilang.
3. Paano ang liwanag ni Kristo sumisinag sa tabernakulo at sa templo?
4. Ilarawan kung paano ipinahayag ni Jesus ang Kanyang sarili sa pagtatalaga ng templo.
5. Paano ni Kristo ipinahahayag ang Kanyang sarili sa atin at sa pamamagitan natin?

# Ang Liwanag ay Tinatanggihan—o Ipinapahayag?

**SAULUHING TALATA:** “Ang Panginoon ay aking liwanag, at aking kaligtasan: kanino ako matatakot? Ang Panginoon, ay katibayan ng aking buhay; kanino ako masisindak?” ( Awit 27:1 ).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church*, vol. 7, pp. 18–28.

“Si Kristo ang ‘Ilaw, na lumiliwanag sa bawat tao na pumaparito sa sanglibutan.’ Juan 1:9. Kung paanong sa pamamagitan ni Kristo ang bawat tao ay may buhay, gayon din sa pamamagitan Niya ang bawat kaluluwa ay tumatanggap ng ilang sinag ng banal na liwanag.”—Education, p. 29.

## 1. ANG INIHULANG LIWANAG

Lin, May 11

a. Paano tinukoy ng Banal na Espiritu si Hesus sa pamamagitan ni Isaias? Isaias 49:6.

b. Paano ipinakilala ni Simeon si Jesus nang Siya ay dinala sa templo para sa pagtatalaga—at ano ang dapat idulot nito na dapat nating isasaalang-alang? Lucas 2:32.

“Ang matandang Simeon, sa templo kung saan nagtuturo ngayon si Kristo, ay nagpahayag tungkol sa Kanya bilang ‘isang ilaw upang ipahayag sa mga Gentil, at kaluwalhatian ng Iyong bayang Israel.’ Lucas 2:32. Sa mga salitang ito ay iniaangkop niya sa Kanya ang isang propesiya na nalalaman ng buong Israel. Sa pamamagitan ng propetang si Isaias, ang Banal na Espiritu ay nagpahayag, ‘Totoong magaan ang bagay na ikaw ay naging aking lingkod upang ibangon ang mga lipi ng Jacob, at isauli ang iningatan ng Israel, ikaw ay aking ibibigay na pinakailaw sa mga Gentil upang ikaw ay maging aking kaligtasan hanggang sa wakas ng lupa.’ Isaiah 49:6, R.V. Ang hulang ito ay karaniwang nauunawaan na ipinahayag tungkol sa Mesiyas, at nang sabihin ni Jesus, ‘Ako ang ilaw ng sanlibutan,’ ang bayan ay hindi maaaring iwasang kilalanin ang Kanyang pag-aangkin na Siya ang Isang Ipinangako.”—The Desire of Ages, p. 465.

“O, anong nakakamanghang aral ang kuwentong ito ng Bethlehem! Kung paanong sinasaway nito ang ating kawalan ng pananampalataya, ang ating pagmamataas at pagiging makasarili. Kung gaano tayo nito binabalaan na mag-ingat, baka sa pamamagitan ng ating napakasamang pagpapabaya ay hindi na rin natin nakikilala ang mga tanda ng panahon, at sa gayon ay hindi natin malalaman ang araw ng pagdalaw.”—The Great Controversy, p. 315.

## 2. ANG LIWANAG NA TINANGGIHAN

Lun, May 12

a. Ano ang naging reaksiyon ng mga pinunong Judio sa misyon ni Kristo? Juan 1:11; 8:13.

"Ang buong buhay at mga aral ni Kristo ay patuloy na mga aral ng pagpapakumbaba, kabutihang loob, kagalingan at pagtanggi sa sarili. Ito ay isang patuloy na pagsaway sa mapagmatuwid-sa-sarili, mabagsik na espiritu na ipinapakita ng mga Judio. Si Satanas ay umakay sa kanila hanggang sa tila sila ay nagtataglay ng galit sa pagbanggit lamang ng mga kahanga-hangang gawa ni Kristo, na umaakit sa atensyon ng mga tao mula sa kanila. Sa kalaunan ay pinaniwalaan nila ang kanilang sarili na siya ay isang impostor, at anumang paraan na maaari nilang gawin upang maalis Siya ay magiging isang kagalingan sa kanila."—Spiritual Gifts, vol. 4a, p. 117.

b. Anong malinaw na mga paliwanag ang ibinigay ni Jesus sa mga hindi sumasampalatayang mga Pariseo—ngunit paano sila tumugon? Juan 8:14–18.

"Ang [mga Pariseo] ay walang nalalaman sa banal na katangian at misyon [ni Kristo] dahil hindi nila sinaliksik ang mga propesiya tungkol sa Mesiyas, bilang ito ay kanilang pribilehiyo at tungkuling dapat gawin. Wala silang kaugnayan sa Diyos at sa Langit, at sa gayon ay hindi nauunawaan ang gawain ng Tagapagligtas ng sanglibutan, at, bagaman nakatanggap na sila ng pinakamatibay na katibayan na si Jesus ang Tagapagligtas na iyon, gayunpaman sila ay tumangging mabuksan ang kanilang isipan upang makaunawa. Sa una ay inihanda nila ang kanilang mga puso laban sa Kanya, at tumangging paniwalaan ang pinakamatibay na patunay ng Kanyang pagka-Diyos, at, bilang resulta, ang kanilang mga puso ay lalong tumigas hanggang sa sila ay determinado ng hindi maniwala o tanggapin Siya."—The Spirit of Prophecy, vol. 2, pp. 354, 355.

c. Anong kapansin-pansing kaibahan ang sinabi ni Jesus na umiiral sa pagitan Niya at ng mga hindi nananampalatayang Pariseo? Juan 8:19–23.

d. Ano ang magiging nakamamatay na resulta ng pagtanggi ng mga pinunong Judio kay Kristo? Juan 8:24; Mateo 23:38.

## 3. DALAWANG URI NG MGA TAGAPAKINIG

Mar, May 13

a. Matapos bigyan ng babala na maaari silang mamatay sa kanilang mga kasalanan, ano ang hiniling ng mga Pariseo kay Jesus—at bakit? Juan 8:25 (unang bahagi).

“Tila hindi pinapansin ang Kanyang mga salita, kanilang itinanong, ‘Sino Ka baga?’ Sila ay determinadong pilitin Siya na ipahayag ang Kanyang sarili bilang Kristo. Ang Kanyang hitsura at Kanyang gawain ay napakasalungat sa inaasahan ng mga tao, na, gaya ng pinaniniwalaan ng Kanyang tusong mga kaaway, ang isang direktang pagpapahayag ng Kanyang sarili bilang Mesiyas ay magiging dahilan upang Siya ay tanggihan bilang isang impostor.”—The Desire of Ages, p. . 465.

b. Paano sila sinagot ng Tagapagligtas—na inihahayag ang Kanyang hindi pangkaraniwang kaugnayan sa Ama? Juan 8:25 (huling bahagi), 26–29.

“Hindi kailanman si Kristo lumihis sa katapatan sa mga prinsipyo ng kautusan ng Diyos. Kailanman ay hindi Siya gumawa ng anumang bagay na salungat sa kalooban ng Kanyang Ama. Sa harapan ng mga anghel, mga tao, at mga diablo ay maaari Siyang makapagsalita ng mga salita na kung mula sa alinmang mga labi ay maaaring maging kalapastanganan: ‘sapagka’t ginagawa Kong lagi ang mga bagay na sa Kaniya’y nakalulugod.’ Juan 8:29 . Araw-araw sa loob ng tatlong taon ang Kanyang mga kaaway ay sumusunod sa Kanya, sinusubukang makahanap ng kasiraan sa Kanyang katangian. Si Satanas, kasama ang lahat ng kanyang kasabwat sa kasamaan, ay nagsisikap na madaig Siya; ngunit wala silang nasumpungan sa Kanya na kung saan ay makakakuha sila ng kalamangan. Maging ang mga diablo ay napilitang tanggaping: ‘Ikaw ang Banal ng Diyos.’ ”—Testimonies for the Church, vol. 8, p. 208.

c. Ilarawan ang pang-araw-araw na paglalakad ni Kristo kasama ang Kanyang Ama—at kung paano natin ipapakita ang karanasang iyon. Juan 15:10; Efeso 2:4–6.

“Kung ano si Jesus nang Siya ay nasa kalagyan ng tao, gayon ang nais ng Diyos sa Kanyang mga tagasunod. Sa Kanyang kalakasan ay dapat nating ipamuhay ang buhay na dalisay at may karangalan na isinakabuhayan ng Tagapagligtas.”—Ibid., p. 289.

“Ang buhay ng Tagapagligtas sa lupa, bagama’t nabuhay sa gitna ng pakikipagtunggali, ay isang mapayapang buhay. Habang ang mga galit na kaaway ay patuloy na tinutugis Siya, sinabi Niya, Ang nagsugo sa Akin ay sumasa Akin: hindi Niya Ako binayaang nagiisa; sapagka’t ginagawa Kong lagi ang mga bagay na sa Kaniya’y nakalulugod.’ Juan 8:29. Walang makatao o ni makademoniong silakbo ng poot ang nakagambala sa katiwasayan ng sakdal na pakikipag-ugnayang iyon sa Diyos.”—Thoughts From the Mount of Blessing, pp. 15, 16.

## 4. ANG LIWANAG AY IPINAHAYAG

Miy, May 14

a. Habang si Kristo ay nagsasalita ng mga masasakit na katotohanan sa mga Pariseo, paano ang Kanyang mga salita nakaapekto sa matapat na mga tagapakinig—at bakit ito makapagpapatibay sa atin ngayon? Juan 8:30.

“Nauunawaan ni Kristo kung paano kumilos nang mahinahon, matalinong pamamaraan, at isawalang-saysay ang kanilang mga plano na dalhin Siya sa paghatol. Ang mga salita ng Panginoon ay tulad ng matalas na palaso na tumatama sa puntirya, at sumusugat ng mga puso ng mga nagsasakdal sa Kaniya. Sa tuwing si Kristo ay nagsasalita sa mga tao, marami man o kaunti ang Kanyang mga tagapakinig, ang Kanyang mga salita ay may nakapagliligtas na epekto sa ilang mga kaluluwa na Kanyang mga tagapakinig. Walang mensaheng lumalabas mula sa mga labi ni Kristo ang nasasayang. Bawat salita na Kanyang binibigkas ay naglalagay ng bagong responsibilidad sa mga nakakarinig nito. Ang mga ministro na nagbibigay ng huling mensahe ng awa sa sanlibutan, na nagpapahayag ng katotohanan na may katapatan, na umaasa sa Diyos para sa kalakasan, ay hindi dapat matakot na ang kanilang mga pagsisikap ay mawalan ng kabuluhan. Walang makapagsasabi na ang palaso ng katotohanan ay hindi tumatama sa puntirya, at tumatagos sa mga kaluluwa ng mga nakikinig. Bagama’t walang mata ng tao ang nakakakita sa paglipad ng palaso ng katotohanan, bagama’t walang tainga ng tao ang nakakarinig ng sigaw ng sugatang kaluluwa, gayunpaman, ang katotohanan ay tahimik na tumatagos patungo sa puso. Ang Diyos ay nagpapahayag sa kaluluwa, at sa araw ng huling pagtutuos ang ministro ng Diyos ay tatayo na may dalang mga gantimpala ng tumutubos na biyaya upang magbigay ng karangalan kay Kristo, kung kanino ang karangalan ay nararapat. Ang Diyos, na lihim na nakakakita, ay hayagang gagantimpalaan yaong mga nagpapahayag ng katotohanan sa Kanyang pangalan.”—The Signs of the Times, Pebrero 6, 1896.

b. Bukod sa mga ministro, sino pa ang mapalad dahil sa pagpapahayag ng liwanag na nagmumula sa langit? Mga Awit 27:1; 147:15; Isaias 55:10, 11.

“Ang mga taong hindi natawagan sa ministeryo ay dapat hikayatin na gumawa para sa Panginoon ayon sa kanilang sariling kakayahan. Daan-daang mga kalalakihan at kababaihan ngayon na walang ginagawa ang maaaring gumawa ng may katanggap-tanggap na paglilingkod. Sa pagdadala ng katotohanan sa tahanan ng kanilang mga kaibigan at kapitbahay, magagawa nila ang isang dakilang gawain para sa Panginoon. Ang Diyos ay hindi nagtatangi ng mga tao. Gagamitin niya ang mapagpakumbaba, matapat na mga Kristiyano, kahit na hindi sila nagkaroon ng kasing-lawak na edukasyon gaya ng iba. Hayaan ang mga gayon na makibahagi sa paglilingkod para sa Kanya sa pamamagitan ng bahay-bahay na paggawa. Sa pag-upo sa tabi ng siga, sila ay maaaring—kung mapagpakumbaba, maingat, at maka-Diyos—ay mas may magagawa upang matugunan ang mga tunay na pangangailangan ng mga pamilya kaysa sa isang inordenahang ministro.”—Testimonies for the Church, vol. 7, p. 21.

## 5. PAGKAALIPIN VS. KALAYAAN

Huw, May 15

a. Ano ang sinabi ni Jesus sa mga Judio na tumanggap sa Kanya? Juan 8:31, 32. Sa kabilang panig, paano ang mga hindi mananampalataya nabigong makita ang tanging kalagayan na magpapalaya sa atin mula sa kasalanan? Juan 8:33–36.

“[Ang mga Pariseo] ay nasa pinakamasamang uri ng pagkaalipin—na pinangungunahan ng espiritu ng kasamaan.

“Ang bawat kaluluwa na tumatangging ibigay ang kanyang sarili sa Diyos ay nasa ilalim ng kontrol ng ibang kapangyarihan. Hindi siya sa kanyang sarili. Siya ay maaaring magsalita tungkol sa kalayaan, ngunit siya ay nasa pinaka-nakakasuklam na pagkaalipin. Hindi siya hinahayaang makita ang kagandahan ng katotohanan, dahil ang kanyang isipan ay nasa ilalim ng kontrol ni Satanas. Habang pinupuri niya ang kanyang sarili na siya ay sumusunod sa dikta ng kanyang sariling pagpapasya, siya ay sumusunod sa kalooban ng prinsipe ng kadiliman. Si Kristo ay dumating upang palayain sa mga tanikala ng pagkaalipin mula sa kasalanan ang kaluluwa. . . .

“Sa gawain ng pagtubos ay walang pamimilit. Walang panlabas na puwersa ang ginagamit. Sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu ng Diyos, ang tao ay hianahayaang pumili kung sino ang kanyang paglilingkuran. Sa pagbabagong nagaganap kapag ang kaluluwa ay sumusuko kay Kristo, mayroong lubos na pagkadama ng kalayaan. Ang pagtakwil sa kasalanan ay gawa ng kaluluwa mismo. Totoo, wala tayong kapangyarihang palayain ang ating sarili mula sa kontrol ni Satanas; ngunit kapag ninanais nating mapalaya mula sa kasalanan, at sa ating matinding pangangailangan ay nagsusumamo ng kapangyarihang wala at mas higit pa sa ating sarili, ang mga kakayahan ng kaluluwa ay napupuspos ng banal na kalakasan ng Banal na Espiritu, at sila ay sumusunod sa mga dikta ng kalooban sa pagtupad sa kalooban ng Diyos.

“Ang tanging kondisyon kung saan posible ang kalayaan ng tao ay ang pagiging kaisa ni Kristo. ‘Ang katotohana’y magpapalaya sa inyo;’ at si Kristo ang katotohanan. Ang kasalanan ay magtatagumpay lamang sa pamamagitan ng pagpapahina ng isipan, at pagsira sa kalayaan ng kaluluwa. Ang pagpapasakop sa Diyos ay pagpapanumbalik ng sarili—sa tunay na kaluwalhatian at dignidad ng tao. Ang banal na kautusan, kung saan tayo ay dinadala sa pagpapasakop, ay ‘ang kautusan ng kalayaan.’ Santiago 2:12.”—The Desire of Ages, p. 466.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, May 16

1. Ipaliwanag ang kahalagahan ng mga salita ni Simeon tungkol kay Jesus.
2. Ilarawan ang pakikitungo ng mga eskriba at Pariseo kay Kristo.
3. Ano ang mangyayari sa kanilang bansa sa pagtanggi kay Jesus?
4. Paano tumutugon ang matapat na mga kaluluwa kay Kristo—noon at gayon din ngayon?
5. Ipaliwanag ang konsepto ng “kalayaan” sa liwanag ng katotohanan ng Ebanghelyo.

# Si Hesus at Si Abraham

**SAULUHING TALATA:** "Nagalak ang inyong amang si Abraham na makita ang aking araw; at nakita niya, at natuwa" (Juan 8:56).

**Mga Iminumungkahing Babasahin:** *Christ's Object Lessons,* pp. 269–271, 330–332;
*Early Writings,* pp. 149–153.

"Si [Abraham] ay nag-alay ng pinakamataimtim na panalangin na bago ang kanyang kamatayan ay makita niya ang Mesiyas. At nakita niya si Kristo."—The Desire of Ages, p. 468.

## 1. MGA ANAK NI ABRAHAM

Lin, May 18

a. Anong pag-aangkin ang patuloy na inuulit ng mga Pariseo? Juan 8:33, 39 (unang bahagi). Subali't ano ang nagpapatunay ng gayong pagkaka-ugnay? Juan 8:39 (huling bahagi), 56; Roma 9:6–8.

"Ang mga Pariseo ay ipinahayag ang kanilang sarili na mga anak ni Abraham. Sinabi sa kanila ni Jesus na ang pag-aangkin na ito ay maitatatag lamang sa pamamagitan ng paggawa ng mga gawa ni Abraham. Ang mga tunay na anak ni Abraham ay nabubuhay, gaya ng ginawa niya, isang buhay ng pagsunod sa Diyos. Hindi nila tatangkaing patayin ang Isa na nagpapahayag ng katotohanan na ibinigay sa Kanya mula sa Diyos. Sa pagbabalak ng masama laban kay Kristo, ang mga rabbi ay hindi gumagawa ng mga gawa ni Abraham. Ang pagiging mula sa lahi lamang ni Abraham ay walang halaga. Kung walang espirituwal na kaugnayan sa kanya, na makikita sa pagkakaroon ng parehong espiritu, at paggawa ng parehong mga gawain, sila ay hindi kanyang mga anak.

"Ang prinsipyong ito ay may katumbas na bigat sa isang punto na matagal nang gumugulo sa mundo ng Kristiyano—ang punto ng apostolikong pagkakasunod-sunod (apostolic succession). Ang mula sa angkan ni Abraham ay napapatunayan, hindi sa pamamagitan ng pangalan at angkan, kundi sa pagkakahawig ng katangian. Kaya ang apostolikong pagkakasunod sunod ay nakasalalay hindi sa paglilipat ng kapamahalaan ng Iglesia (ecclesiastical authority), kundi sa espirituwal na relasyon. Isang buhay na pinakikilos ng espiritu ng mga apostol, ang pananampalataya at aral ng katotohanan na kanilang itinuturo, ito ang tunay na katibayan ng apostolikong pagkakasunod-sunod. Ito ang bumubuo sa mga tao bilang mga kapalit ng mga unang guro ng ebanghelyo."—The Desire of Ages, pp. 466, 467.

a. Bagaman ang mga Hudyo ay likas na mga lahi ni Abraham, nagiging kanino silang mga anak sa katunayan nang tinanggihan nila si Kristo? Juan 8:41–44.

"Si Jesus ay itinanggi na ang mga Hudyo ay mga anak ni Abraham. Sinabi niya, 'Ginagawa ninyo ang mga gawa ng inyong ama.' Sa panunuya ay sumagot sila, 'Hindi kami inianak sa pakikiapid; mayroon kaming isang Ama, ang Diyos.' Ang mga salitang ito, bilang pagtukoy sa mga pangyayari sa Kanyang kapanganakan, ay nilayon bilang isang pag-insulto laban kay Kristo sa harapan ng mga nagsisimulang manampalataya sa Kanya. Hindi pinansin ni Jesus ang maling pahiwatig, ngunit sinabi, 'Kung ang Dios ang inyong ama, ay inyong iibigin Ako: sapagka't Ako'y nagmula at nanggaling sa Dios."

Ang kanilang mga gawa ay nagpatotoo ng kanilang kaugnayan sa kanya na isang sinungaling at isang mamamatay-tao. 'Kayo'y sa inyong amang diablo,' sabi ni Jesus, 'at ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagka't walang katotohanan sa kaniya. . . . Dahil sa sinasabi ko ang katotohanan, ay hindi ninyo ako sinasampalatayanan.' Juan 8:44, 45 , R.V. Ang katunayan na ipinapahayag ni Jesus ang katotohanan, at iyon ay may katiyakan, ay ang dahilan kung bakit hindi Siya tinanggap ng mga pinunong Judio. Ang katotohanan ang nakakasakit sa mga taong matuwid sa sarili. Ang katotohanan ang nagbunyag ng maling pakahulugan ng kamalian; hinatulan nito ang kanilang aral at kinaugalian, at hindi ito tinatanggap. Mas gugustuhin pa nilang ipikit ang kanilang mga mata sa katotohanan kaysa magpakumbaba upang aminin na sila ay nagkamali. Hindi nila inibig ang katotohanan. Hindi nila ito ninais, kahit na ito ay katotohanan."—The Desire of Ages, p. 467.

b. Ano ang gumagawa sa atin na maging mga anak ni Abraham—at paano ipinakita ng mga pinunong Judio na hindi sila tunay na mga anak ni Abraham? Galacia 3:6–9; Juan 8:40.

" 'Sapagka't hindi ninyo muling tinanggap ang espiritu ng pagkaalipin sa ikatatakot; datapuwa't tinanggap ninyo ang espiritu ng pagkukupkop, na dahil dito'y sumisigaw tayo, Abba, Ama.' Ang espiritu ng pagkaalipin ay nabuo sa pamamagitan ng pagsisikap na mamuhay alinsunod sa legal na relihiyon, sa pamamagitan ng pagsisikap na tuparin ang mga hinihingi ng kautusan sa ating sariling kalakasan. May pag-asa lamang para sa atin kapag tayo ay nasa ilalim ng tipan ni Abraham, na siyang tipan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo Hesus. Ang ebanghelyo na ipinangaral kay Abraham, na kung saan siya ay nagkaroon ng pag-asa, ay ang parehong ebanghelyo na ipinangaral sa atin ngayon, kung saan tayo ay may pag-asa. Si Abraham ay tumingin kay Jesus, na siya ring May-akda at Tagapagtapos ng ating pananampalataya."—The Youth's Instructor, Setyembre 22, 1892.

## 3. ANG MGA KATANGIAN NI CRISTO

Mar, May 20

a. Anong tanong ang hindi nasagot ng mga kaaway ni Jesus patungkol sa Kanyang walang dungis na katangian? Juan 8:46 (unang bahagi).

---

"Sa Kanyang buhay sa lupa, si Cristo ay nagkaroon ng sakdal na pag-uugali, Siya ay nagbigay ng ganap na pagsunod sa mga kautusan ng Kanyang Ama. Sa pagparito sa sanlibutan sa anyo ng tao, sa pagpapasakop sa kautusan, sa paghahayag sa mga tao na tiniis Niya ang kanilang karamdaman, ang kanilang kalungkutan, ang kanilang pagkakasala, Siya ay hindi naging makasalanan. Sa harapan ng mga Pariseo ay nasabi Niya, 'Sino sa inyo ang makasusumbat sa Akin tungkol sa kasalanan?' Wala ni isang bahid ng kasalanan ang nasumpungan sa Kanya. Siya ay nakatayo sa harapan ng sanlibutan ang walang dungis na Kordero ng Diyos."—Sons and Daughters of God, p. 25.

"Si Jesus ay isinakabuhayan ang kautusan sa paningin ng langit, sa paningin ng mga hindi nahulog na sanlibutan, at sa paningin ng makasalanang mga tao. Sa harapan ng mga anghel, mga tao, at mga diablo, Siya ay nagpahayag, na walang tumututol, ng mga salita na kung mula sa alinmang mga labi ay magiging kalapastanganan: 'ginagawa Kong lagi ang mga bagay na sa kaniya'y nakalulugod.' " — The Desire of Ages, pp. 467, 468.

b. Bukod sa sinabi ni Jesus bilang Anak ng tao, ano ang ipinahahayag ng Kasulatan tungkol sa katangian ni Kristo? Hebreo 4:15; 1 Pedro 1:18, 19.

---

"Ang pananampalataya ng mga tao kay Cristo bilang Mesiyas ay hindi nakabatay sa mga katibayan ng paningin, at sila ay nanampalataya sa Kanya hindi lamang dahil sa Kanyang personal na mga katangian, kundi dahil sa kagalingan ng katangian na matatagpuan sa Kanya, na hindi kailanman matatagpuan, ni hindi rin maaari, sa iba."—The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], vol. 7, p. 904.

c. Paano tayo maaantig ng buhay ni Jesus? Filipos 2:6–8.

---

"Hindi ba't ang ating Halimbawa ay tumahak sa isang napakahirap, mapagtanggi sa sarili, mapagsakripisyo sa sarili, at mapagpakumbabang landas para sa ating kapakanan upang tayo ay mailigtas? Siya ay nagdanas ng mga paghihirap, nagtiis ng kahihiyan, at nagdanas dalamhati at paghihirap sa Kanyang gawain ng pagliligtas sa atin. At tayo ba ay tatangging sumunod kung saan pinangungunahan ng Hari ng kaluwalhatian ang daan? Tayo ba ay magrereklamo pa ng kahirapan at pagsubok sa gawain ng pagtagumpay para sa ating sariling kapakanan, kapag isinasaalang-alang natin ang mga paghihirap ng ating Manunubos?"—Testimonies for the Church, vol. 3, p. 371.

## 4. ANG KATANGIAN NG MGA TAGASUNOD NI CRISTO

Miy, May 21

a. Ano ang layunin ng lahat ng tunay na tagasunod ni Kristo? 1 Pedro 1:13–16.

“Ang ating gawain ay ang pagsikapang matamo sa saklaw ng ating pagkilos ang kasakdalang natamo ni Kristo sa Kanyang buhay sa lupa sa bawat punto ng pag-uugali.”—That I May Know Him, p. 130.

b. Paano natin maaaring maabot ang layuning ito? Mga Hebreo 12:1–4; Galacia 5:6 (huling bahagi); Mga Taga Filipos 3:12–15; 4:13.

“Paano natin maaaring maabot ang kasakdalan na tinukoy ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo—ang ating Dakilang Guro? Matutugunan ba natin ang Kanyang kahilingan at makamit ang napakataas na pamantayan? Kaya natin, kung hindi, hindi tayo uutusan ni Kristo na gawin iyon. Siya ang ating katuwiran. Sa Kanyang pagiging tao Siya ay nauna sa atin at ginawa para sa atin ang kasakdalan ng pag-uugali. Dapat tayong magkaroon ng pananampalataya sa Kanya na gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig at nagpapadalisay sa kaluluwa. Ang pagpapakasakdal ng pag-uugali ay nakabatay sa kung ano si Kristo sa atin. Kung tayo ay patuloy na umaasa sa mga merito ng ating Tagapagligtas, at lalakad sa Kanyang mga bakas, tayo ay magiging katulad Niya, dalisay at walang dungis.”—Ibid.

c. Paano tayo totoong magiging dalisay at walang kapintasan sa harapan ng Diyos? Roma 5:18–20; Mga Hebreo 10:14.

“Si Kristo ay walang pinapatawad kundi ang nagsisisi, ngunit kung sino ang Kanyang pinatatawad ay pinagsisisi muna Niya”—Selected Messages, bk. 1, pp. 393, 394.

“Ang makasalanan ay kinakailangang patuloy na tumingin sa Kalbaryo; at tulad sa simpleng pananampalataya ng isang maliit na bata, dapat siyang manatili sa mga merito ni Kristo, tinatanggap ang Kanyang katuwiran at nananampalataya sa Kanyang awa. . . .

“Anong uri ng pag-ibig ito—nakakamangha, hindi masayod na pag-ibig—na umakay kay Kristo na mamatay para sa atin nang tayo ay makasalanan pa! Anong kalugihan ito sa kaluluwa na nakakaunawa ng matibay na pag-aangkin ng kautusan, at hindi nauunawaan ang biyaya ni Kristo na lubhang sumasagana!”—Ibid., p. 384.

## 5. ANG ATING PAG-UUGALI AY NAGIGING KATULAD NG KANIYA — Huw, May 22

a. Paano natin gagawing tiyak ang pagkatawag at pagkahirang sa atin? 2 Pedro 1:4–11; Pahayag 19:8.

"Ang Diyos ay hinihiling ngayon ang hinihingi Niya kay Adan, ganap na pagsunod, katuwirang walang kapintasan, walang pagkukulang sa Kanyang paningin. Ang Diyos ay tutulungan tayo na ibigay sa Kanya ang lahat ng hinihingi ng Kanyang kautusan. Hindi natin ito magagawa kung wala ang pananampalatayang iyon na naghahatid ng katuwiran ni Kristo sa pang-araw-araw na pagsasagawa." Selected Messages, bk. 2, p. 381.

"Hangga't si Satanas ang naghahari, tayo ay may sarili na dapat supilin, nagpapahirap na mga kasalanan na dapat mapanagumpayan; habang nabubuhay, walang lugar para tumigil, walang puntong maaabot natin at masasabing, ganap ko nang natamo. Ang pagpapakabanal ay bunga ng habambuhay na pagsunod."— The Acts of the Apostles, pp. 560, 561.

"Dapat nating maunawaan na sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya ay pribilehiyo natin na maging kabahagi ng kabanalang mula sa Dios, yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita. Pagkatapos tayo ay nalilinis mula sa lahat ng kasalanan, lahat ng mga depekto ng pag-uugali. Hindi tayo dapat magpanatili ng isang napakasamang hilig. . . .

"Habang nakikibahagi tayo sa kabanalang mula sa Dios, ang minana at nililinang na mga hilig sa pagkakamali ay naaalis sa pag-uugali, at tayo ay ginagawang buhay na kapangyarihan para sa kabutihan. Patuloy na natututo sa banal na Guro, arawaraw na nakikibahagi sa Kanyang likas, tayo ay nakikipagtulungan sa Diyos sa pagdaig sa mga tukso ni Satanas. Ang Dios ay gumagawa, at ang tao gumagawa, upang ang tao ay maging kaisa ni Kristo gaya ni Kristo na kaisa ng Diyos. . . .

"Ang Diyos ang nagbibigay sa atin ng kapangyarihang magtagumpay. Yaong mga nakikinig sa Kanyang tinig at sumusunod sa Kanyang mga utos ay may kakayahang bumuo ng matuwid na mga pag-uugali."—The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], vol. 7, p. 943.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, May 23

1. Bakit ang mga Pariseo ay hindi maaangkin ang buhay na walang hanggan batay sa kanilang lahi ng dugo—ni sino man sa ngayon na nagtitiwala sa ninuno o DNA bilang katibayan ng kaligtasan?
2. Ipaliwanag ang mga katangian ng mga tunay na anak ni Abraham.
3. Tungkol sa Kanyang katangian, ano ang naipahayag ni Jesus?
4. Anong layunin ang itinakda sa harapan ng bawat Kristiyano?
5. Paano tayo masusumpungang sakdal at walang kapintasan sa harapan ng Diyos?

# Si Hesus at ang Taong Bulag

**SAULUHING TALATA:** “At sinabi ni Jesus, Sa paghatol ay naparito ako sa sanglibutang ito, upang ang mga hindi nakakakita ay mangakakita; at upang ang mga nakakakita, ay maging mga bulag” (Juan 9:39).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church*, vol. 3, pp. 570–575.

“Ang kasaysayan ni Job ay nagpapakita na ang paghihirap ay dulot ni Satanas, at pinahihintulutan ng Diyos para sa mga layunin ng awa.”—The Desire of Ages, p. 471.

## 1. MALING PAG-UNAWA

Lin, May 25

a. Ano ang itinanong ng mga alagad kay Jesus nang makita nila ang lalaking ipinanganak na bulag? Juan 9:1, 2.

b. Anong maling ideya tungkol sa kahirapan ang pinanghahawakan kapuwa ng mga Judio at ng mga alagad, at paano si Satanas nakikinabang sa pamamagitan nito? Juan 9:34 (unang bahagi).

---

“Sa pangkalahatan ay pinaniniwalaan ng mga Hudyo na ang kasalanan ay pinarurusahan sa buhay na ito. Ang bawat kahirapan ay itinuturing na parusa sa ilang maling gawain, alinman sa nagdadanas mismo o ng kanyang mga magulang. Totoo na ang lahat ng paghihirap ay bunga ng paglabag sa kautusan ng Diyos, ngunit ang katotohanang ito ay nabaluktot. Si Satanas, ang may-akda ng kasalanan at ng lahat ng mga bunga nito, ay inaakay ang mga tao na tingnan ang sakit at kamatayan na nagmumula sa Diyos—bilang kaparusahan na hindi makatwiran na ibinibigay dahil sa kasalanan. Kung kaya’t ang isa na nagdadanas ng matinding paghihirap o sakuna ay may karagdagang pasanin na itinuturing bilang isang lubos na makasalanan.

“Kaya ang daan ay inihanda para sa mga Hudyo na tanggihan si Jesus. Siya na ‘nagtiis ng ating mga kalumbayan, at ang ating mga kalungkutan’ ay tinitingnan ng mga Hudyo na ‘hinampas, sinaktan ng Diyos, at pinahihirapan;’ at itinatago nila ang kanilang mga mukha sa Kanya.” – The Desire of Ages, p. 471.

## 2. PARA SA KALUWALHATIAN NG DIYOS

Lun, May 26

a. Anong sagot ni Jesus ang nagbigay-liwanag tungkol sa paghihirap at kasalanan? Juan 9:3–5.

“Ang paniniwala ng mga Hudyo tungkol sa kaugnayan ng kasalanan at paghihirap ay pinanghahawakan ng mga alagad ni Kristo. Habang itinutuwid ni Jesus ang kanilang pagkakamali, hindi Niya ipinaliwanag ang dahilan ng paghihirap ng tao, ngunit sinabi sa kanila kung ano ang magiging resulta. Dahil dito ang mga gawa ng Diyos ay mahahayag. ‘Samantalang ako ay nasa sanglibutan,’ Sinabi Niya, ‘Ako ang ilaw ng sanlibutan.’ ”—The Desire of Ages, p. 471.

b. Ano ang ginawa ni Jesus hindi nagtagal pagkatapos noon, at paano ang taong bulang nakipagtulungan sa Kanya? Juan 9:6, 7.

“Pagkatapos na pinahiran niya ang mga mata ng taong bulag, sinugo niya siya upang maghugas sa tangke ng Siloe, at ang paningin ng tao ay nanumbalik. Kaya’t sinagot ni Jesus ang tanong ng mga alagad sa praktikal na paraan, gaya ng karaniwan Niyang sinasagot ang mga tanong na ibinibigay sa Kanya dahil sa pagkamausisa. Ang mga alagad ay hindi tinawagan upang talakayin ang tanong kung sino ang nagkasala o hindi nagkasala, kundi upang maunawaan ang kapangyarihan at habag ng Diyos sa pagbibigay ng paningin sa bulag. Ito ay maliwanag na walang nakapagpapagaling na bisa sa putik, o sa tangke kung saan ang bulag ay pinapunta upang maghugas, kundi ang kapangyarihan ay na kay Kristo.”—Ibid.

c. Ilarawan ang iba’t ibang reaksyon ng mga kapitbahay ng taong pinagaling—at isalaysay ang naganap na pag-uusap sa pagitan niya at ng kanyang mga kapitbahay. Juan 9:8–12.

“Ang mga kapitbahay ng binata, at ang mga nakakilala sa kanya noon sa kanyang pagkabulag, ay nagsabi, ‘Hindi baga ito ang nauupo at nagpapalimos?’ Sila ay tumingin sa kanya nang may pag-aalinlangan; sapagkat nang ang kanyang mga mata ay nadilat, ang kanyang mukha ay nagbago at lumiwanag, at siya ay napakitang tulad ng ibang tao. Mula sa isa’t isa ay nagpatuloy ang pagtatanong. Sinabi ng mga iba, Siya nga: sinabi ng mga iba, Hindi, kundi nakakamukha niya’ Ngunit siya na tumanggap ng dakilang pagpapala ay nilutas ang tanong sa pagsasabing, ‘Ako nga.’ ”—Ibid., pp. 471, 472.

## 3. ANG TANONG AY KUMALAT

Mar, May 27

a. Kanino dinala ng mga pinunong Judio ang taong ipinanganak na bulag—at bakit? Anong araw siya pinagaling? Juan 9:13, 14.

b. Ilarawan ang reaksyon ng mga Pariseo. Juan 9:15, 16.

"Ang mga Pariseo ay inaasahan na gawin si Jesus na nagkasala, at sa gayon ay hindi Siya ang Mesiyas. Hindi nila nalalaman na Siya ang gumawa ng Sabbath at nalalaman ang lahat ng tungkulin nito, na nagpagaling sa taong bulag. Sila ay nagpakita ng kahanga-hangang kasigasigan para sa pangingilin ng Sabbath, ngunit nagpaplano ng pagpatay sa mismong araw na iyon."—The Desire of Ages, p. 472.

c. Sino ang tinawag ng mga Pariseo upang magpatotoo tungkol sa taong pinagaling? Juan 9:18, 19.

"[Ang mga Pariseo] ay tinawag ang kanyang mga magulang, at tinanong sila, na sinasabi, 'Ito ba ang inyong anak, na sinasabi ninyong ipinanganak na bulag?'

"Naroon ang tao mismo, na nagpapahayag na siya ay dating bulag, at ang kanyang paningin ay napagaling; ngunit ang mga Pariseo ay mas gugustuhin na tanggihan ang katibayan ng kanilang sariling mga pandama kaysa aminin na sila ay nagkamali. Napakalakas ng hindi matuwid na palagay, gayon din ng pagbaluktot ng katuwiran ng mga Pariseo."—Ibid.

d. Paano tayo binabalaan laban sa malawak na naaabot ng kasamaan ng pagkakaroon ng isang palagay na opinyon? Kawikaan 18:13.

"Marami ang naglalagay ng sarili nilang pakahulugan ayon sa kanilang naririnig, na ginagawang ganap na naiiba ang kaisipan sa pinagsisikapang ipahayag ng tagapagsalita. Ang ilan, na nakikinig sa pamamagitan ng kanilang sariling mga hindi matuwid na palagay o opinyon, ay inuunawa ang bagay ayon sa kanilang naisin—na pinaka-angkop para makamit ang kanilang layunin."—Testimonies for the Church, vol. 5, p. 695.

## 4. HINARAP NG MAY PANANAKOT

Miy, May 28

a. Paano sinubukan ng mga Pariseo na takutin ang mga magulang ng taong ipinanganak na bulag—at paano sila tumugon? Juan 9:20, 21. Bakit sila sumagot na may pag-iwas? Juan 9:22, 23.

"Ang mga Pariseo ay may natitira pang isang pag-asa, at iyon ay ang takutin ang mga magulang ng lalaki. Nagkukunwaring may katapatan sila ay nagtanong, 'Paano ngang nakakakita siya ngayon?' Ang mga magulang ay natatakot na ikompromiso ang kanilang sarili; sapagkat ipinahayag na ang sinumang kumikilala kay Jesus bilang ang Kristo ay dapat na 'paalisin sa sinagoga;' ibig sabihin, dapat na pagbawalan sa sinagoga sa loob ng tatlumpung araw. Sa panahong ito, walang bata ang maaaring tuliin o patay na pananaghuyan sa tahanan ng nagkasala. Ang hatol ay itinuturing na isang malaking kasakunaan; at kung nabigo itong magbunga ng pagsisisi, mas mabigat na parusa ang susunod. Ang dakilang gawaing ginawa para sa kanilang anak ay nagdulot ng pananalig sa mga magulang, gayunpaman sila ay sumagot, 'Nalalaman naming ito'y ang aming anak, at siya'y ipinanganak na bulag: Datapuwa't kung paanong siya'y nakakakita ngayon, ay hindi namin nalalaman; o kung sino ang nagpadilat ng kaniyang mga mata, ay hindi namin nalalaman: tanungin siya; siya'y may gulang na; siya'y magsasalita para sa sarili niya.' Sa gayon ay inilipat nila ang lahat ng pananagutan mula sa kanilang sarili sa kanilang anak; sapagkat hindi sila naglakas-loob na ipahayag si Kristo."—The Desire of Ages, pp. 472, 473.

b. Kapag ginigipit ng pananakot, ano ang dapat nating tandaan? Awit 118:6.

"Manindigan ng matatag, at huwag gagawa ng maling pagkilos upang maiwasang tawaging duwag. Huwag pahintulutan ang mga paghamak, walang pagbabanta, walang panunuya, na makapag-udyok sa inyo na labagin ang inyong budhi sa pinakamaliit na bagay."—Fundamentals of Christian Education, p. 93.

"Ang tunay na katangiang Kristiyano ay dapat na kapansin-pansing may katatagan ng layunin, isang hindi matitinag na determinasyon, na hindi mahuhubog o mapapasuko ng lupa o impierno. Siya na hindi bulag sa pang-aakit ng mga makamundong karangalan, walang pakialam sa mga pagbabanta, at hindi natitinag ng mga pang-akit ay, lahat ng hindi inaasahan sa kanyang sarili, ay mapapabagsak ng mga pakana ni Satanas."—Testimonies for the Church, vol. 4, pp. 543, 544.

"Tayo ay makakatanggap ng pinakamatinding pagsalungat mula sa mga Adventista na sumasalungat sa kautusan ng Diyos. Subali't, tulad ng mga nagtayo ng mga kuta ng Jerusalem, tayo ay hindi dapat lumihis at mahadlangan sa ating gawain dahil sa mga ulat, ng mga mensaherong nagnanais ng talakayan o kontrobersya, o sa pamamagitan ng pananakot na pagbabanta, paglalathala ng mga kasinungalingan, o alinman sa mga pakana na maaaring udyok ni Satanas. ."—Ibid., vol. 3, p. 574

## 5. ANG KASAYSAYAN AY NAUULIT

Huw, May 29

a. Ilarawan ang kaganapang haharapin ng bayang tumutupad sa kautusan ng Diyos—at kung paano tayo tutugon dito. Pahayag 12:17; Mga Gawa 4:18–20.

“Habang ang tunggalian ay umaabot sa mga bagong bukid at ang mga kaisipan ng mga tao ay tinatawagan sa hinamak na kautusan ng Diyos, si Satanas ay nababalisa. Ang kapangyarihang umaalalay sa mensahe ay magpapagalit lamang sa mga sumasalungat dito. Ang mga kaparian ay magsisikap na ilagay ang halos nakahihigit sa taong pagsisikap upang hadlangan ang liwanag upang hindi ito sumikat sa kanilang mga kawan. Sa lahat ng paraan sa kanilang kapangyarihan ay sisikapin nilang sugpuin ang pagtalakay sa mahahalagang puntong ito. Ang iglesia ay nagsusumamo sa malakas na bisig ng kapangyarihang sibil, at, sa gawaing ito, ang mga maka-papa at mga Protestante ay nagkakaisa. Habang ang paglikos para sa pagpapatupad ng Linggo ay nagiging mas agresibo at walang pag-aalinlangan, ang batas ay ipapataw laban sa mga tagasunod ng kautusan. Sila ay pagbabantaan ng mga multa at pagkakakulong, at ang ilan ay bibigyan ng may impluwensyang posisyon, at iba pang mga gantimpala at mga kalamangan, bilang mga panghihikayat upang talikuran ang kanilang pananampalataya. Subali’t ang kanilang matatag na sagot ay: ‘Ipakita mo sa amin mula sa salita ng Diyos ang aming kamalian’—ang parehong pagsamo na ginawa ni Luther sa ilalim ng katulad na mga kalagayan. Yaong mga nasasakdal sa harapan ng mga hukuman ay gumagawa ng matibay na pagpapatunay ng katotohanan, at ang ilan na makakarinig sa kanila ay maaakay na manindigan upang sundin ang lahat ng kautusan ng Diyos. Sa gayo’y ang Liwanag ay dadalhin sa harapan ng libu-libo na kung hindi man ay walang malalaman sa mga katotohanang ito.”—The Great Controversy, p. 607.

b. Sa pagharap sa pagtutol, ano ang dapat nating laging isasaisip? Juan 9:39; Mga Gawa 4:33; Mateo 10:28.

“[Ang mga apostol] ay hindi napipigilan o natatakot ng mga pagbabanta.”—The Acts of the Apostles, p. 48.

### PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, May 30

1. Paano hinahatulan ng mga pinunong Judio ang maysakit at naghihirap?
2. Sino at ano ang tunay na nagpagaling sa bulag?
3. Bakit ang mga kapitbahay ng taong bulag ay naguguluhan?
4. Anong sitwasyon ang kinailangang harapin ng binata pagkatapos niyang gumaling?
5. Paano ako makakaiwas na mahulog sa patibong na sinapit ng kanyang mga magulang?

# Handog sa Unang Sabbath

**SABBATH, HUNYO 7, 2025**






## Para sa Dalawang Kapilya sa Tamil Nadu, India

Ang katibayang arkeolohiko ay nagpapahiwatig na bago pa mag 2600 b.c., ang halos urbanisadong kabihasnang Indus ay naninirahan na sa subkontinente na kilala ngayon bilang India. Ang pangunahing relihiyong nakakaimpluwensya dito na matagal na ay Hinduismo (79.8%), sinusundan ng Islam (14.2%), Kristiyanismo (2.3%),

Sikhism (1.7%), at iba pa. Habang may mga ulat ng pag-iral ng ilang pakikipag-ugnayan sa SDA Reform Movement mula noong 1920's at 1950's, ito ay noong 1987 na ang Hilagang India ay unang opisyal na kinatawanan sa SDARM General Conference Session.

Ang pinakatimog na estado sa India—Tamil Nadu—ay itinuturing na isang powerhouse kapwa sa industriya at agrikultura. Ang gawain ng Panginoon ay naging matatag dito sa loob ng maraming taon, ngunit nagsisilbi sa malawak na populasyon ng mahigit 72 milyon sa estadong ito, kinakailangan ng mas malawak na pag-abot.

Ayon sa 2001 Indian census, ang nayon ng Pattiveeranpatti ay may populasyon na 7,744. Ang average na rate ng literacy nito ay 83%, mas mataas kaysa sa pambansang average na 59.5% (paborable para sa panitikan).

Ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan dito ay kape, sinusundan ng saging, dalandan, cardamom, paminta, at iba pang pampalasa. Ang Pallapatti ay isang malaking nayon na may populasyon na 13,701. Mula noong 1998, ang walang kapagurang gawain ng isang evangelist mula sa Periyaklam ay nakatulong sa pagdami ng mga kaanib ng iglesia lalo na sa dalawang lugar na ito. Ang iba't ibang mga hamon ay nagpahirap upang mabuhay sa mga inuupahang bahay, kaya sa yugtong ito, ang mga kapatid sa mga nayon ng Pattiveeranpatti at Pallapatti ay nangangailangan ng kanilang sariling mga lugar para sa pagsamba.

Ang Espiritu ng Hula ay partikular na binanggit ang India bilang isang lugar kung saan "[m]milyon-milyon ang hindi pa nakakarinig tungkol sa Diyos o tungkol sa Ang Kanyang pag-ibig na nahayag kay Kristo. Karapatan nilang tanggapin ang kaalamang ito.

Sila ay may pantay na pag-angkin sa atin sa awa ng Tagapagligtas."—Education, p. 263.

Kaya't kami ay magalang na humihiling sa ating mga kapatid sa buong mundo upang maghandog ng saganang ng tulong upang makapagtayo ng mga lighthouse para sa Panginoon upang magliwanag dito. "Sa gawain ng pagtataguyod ng kautusan ng Diyos at pagsasa-ayos ng mga sira na ginawa sa kautusan ng Diyos, ating haluan ng habag para sa naghihirap na sangkatauhan. Dapat tayong magpakita ng pinakamataas na pag-ibig sa Diyos; parangalin natin ang Kanyang alaala."—Welfare Ministry, p. 32.

Salamat, at pagpalain nawa ng Panginoon ang mga kaloob at nagbibigay!

*Ang inyong mga kapatid mula sa Pattiveeranpatti at Pallapatti*

# Pagharap sa Espirituwal na Pagkabulag

**SAULUHING TALATA:** "Kaya't sinasabi ko sa inyo, Ang bawa't kasalanan at kapusungan ay ipatatawad sa mga tao; datapuwa't ang kapusungang laban sa Espiritu ay hindi ipatatawad. At ang sinomang magsalita ng isang salitang laban sa Anak ng tao, ay ipatatawad sa kaniya; datapuwa't ang sinomang magsalita laban sa Espiritu Santo, ay hindi ipatatawad sa kaniya, kahit sa sanglibutang ito, o maging sa darating" (Mateo 12:31, 32).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church*, vol. 2, pp. 489–497.

"Hindi ang Diyos ang bumubulag sa mga mata ng tao o nagpapatigas ng kanilang mga puso. Siya ay nagpapadala ng liwanag sa kanila upang itama ang kanilang mga pagkakamali, at upang akayin sila sa ligtas na mga landas; ito ay sa pamamagitan ng pagtanggi sa liwanag na ito na ang mga mata ay nabubulag at ang puso ay tumitigas."—The Desire of Ages, p. 322.

## 1. MULING PAGTATANONG — Lin, Hun 1

a. Nang tawagin sa pangalawang pagkakataon ang kabataang lalaki na pinagaling ni Jesus ang paningin, ano ang sinubukan ng mga Pariseo na sapilitan sa kanyang ipagawa? Juan 9:24.

"Nakita ng mga Pariseo na ipinapahayag nila ang gawaing ginawa ni Jesus. Hindi nila maitanggi ang himala. Ang taong bulag ay napuno ng kagalakan at pagpapasalamat; namasdan niya ang mga nakaka-manghang mga bagay ng kalikasan, at napuno ng kagalakan sa kagandahan ng lupa at kalangitan. Siya ay malayang isinalaysay ang kaniyang karanasan, at muli nila siyang sinubukang patahimikin, na sinasabi, 'Luwalhatiin mo ang Dios: nalalaman naming makasalanan ang taong ito .' Ibig sabihin, Huwag mo nang muling sabihin na ang Taong ito ang nagbigay sa iyo ng paningin; ang Diyos ang gumawa nito."—The Desire of Ages, p. 473.

b. Anong hindi mapapabulaanang argumento ang inilahad ng binata? Juan 9:25.

## 2.MULING PAGTATANONG (IPINAGPATULOY) Lun, Hun 2

a. Ano ang muling itinanong ng mga Pariseo sa binata na ang paningin ay napagaling—at ano ang kanilang totoong layunin? Juan 9:26.

---

"[Ang mga Pariseo] ay muling nagtanong, 'Ano ang ginawa Niya sa iyo? paano ang pagkapadilat Niya sa iyong mga mata?' Sa maraming mga salita ay sinubukan nilang lituhin siya, upang isipin niyang siya ay nilinlang. Si Satanas at ang kanyang masasamang anghel ay nasa panig ng mga Pariseo, at pinagsanib ang kanilang lakas at katusuhan sa pangangatwiran ng tao upang hadlangan ang impluwensya ni Kristo. Pinutol nila ang mga pananalig na lumalalim sa maraming isipan."—The Desire of Ages, p. 473.

b. Paano sila sinagot ng binata—at sino ang tumayo sa kaniyang tabi upang mapasigla siya? Juan 9:27.

---

"Ang mga anghel ng Diyos ay nasa lupa din upang palakasin ang taong ang kanyang paningin ay pinagaling.

"Ang mga Pariseo ay hindi nauunawaan na kinakailangan nilang makitungo sa iba maliban sa taong walang pinag-aralan na ipinanganak na bulag; hindi nila Siya nakilala kung kanino sila nakikipagtalo. Ang banal na liwanag ay suminag sa mga silid ng kaluluwa ng bulag. Habang sinisikap ng mga mapagpaimbabaw na ito na huwag siyang maniwala, ang Diyos ay tinulungan siya na ipakita, sa pamamagitan ng kalakasan at pagiging tuwiran ng kanyang mga tugon, na hindi siya dapat masilo."—Ibid., pp. 473, 474.

c. Paano tayo nakatitiyak sa parehong tulong na ito ngayon? Lucas 12:11, 12.

"Ngayon, sa pamamagitan ng inyong mga Bibliya ay nais ninyong humarap sa Diyos, buksan ang mga ito sa harapan ng Diyos, at magsumamo sa Diyos. Nais ninyong pagbutihin ang inyong pang-unawa; nais ninyong malaman na alam mo ang tunay na mga prinsipyo ng katotohanan, at kapag nakaharap ka sa mga katunggali ay hindi mo na kinakailangang harapin sila sa sarili mong kalakasan. Ang anghel ng Diyos ay tatayo sa inyong tabi upang tulungan ka sa pagsagot sa bawat maaaring itanong sa iyo. Subali't sa parehong panahon si Satanas ay titindig sa tabi ng inyong mga kalaban upang pukawin sila na magsalita ng mga bagay na mahirap para sa iyo na tiisin, upang ibunsod kang magsalita nang hindi nararapat; subali't tiyakin na ang inyong pananalita ay maayos upang si Satanas ay hindi magagamit ang inyong mga sinasabi."—The Review and Herald, Mayo 3, 1887.

a. Dahil hindi nagawang linlangin ang napagaling na binata, paano siya minamaliit ng mga Pariseo—at paano ang gayong kamangmangan ipinapakita sa buong kasaysayan? Juan 9:28, 29; 1 Corinto 1:18, 19, 26–28.

“Para sa Kanyang iglesia sa bawat henerasyon ang Diyos ay may natatanging katotohanan at natatanging gawain. Ang katotohanang lingid sa mga matatalino at marunong sa sanlibutan ay inihahayag sa mga tulad ng bata at mapagpakumbaba. Ito ay nangangailangan ng pagsasakripisyo sa sarili. Ito ay may mga laban na dapat ipaglaban at mga tagumpay na dapat ipagwagi. Sa pasimula ay kakaunti ang mga tagapagtaguyod nito. Sa pamamagitan ng mga dakilang tao sa sanglibutan at ng iglesiang umaayon sa sanglibutan, sila ay sinasalungat at hinahamak. . . .

“Ang mga mahusay na pinuno ng pangrelihiyong kaisipan sa henerasyong ito ay pinararangalan at nagtatayo ng mga monumento ng mga nagpunla ng binhi ng katotohanan sa nakararaang mga siglo. Hindi ba marami ang tumatalikod sa gawaing ito upang yurakan ang paglago na umuusbong sa parehong binhi ngayon? Ang matagal ng sigaw ay paulit-ulit, ‘Nalalaman naming nagsalita ang Diyos kay Moises; tungkol sa taong ito [si Kristo sa sugo na Kanyang isinugo], hindi namin nalalaman kung Siya’y taga saan.’ Juan 9:29. Gaya noong mga unang panahon, ang mga espesyal na katotohanan para sa panahong ito ay matatagpuan, hindi sa mga kapamahalaan ng Iglesia (ecclesiastical authorities), kundi sa mga lalaki at babae na hindi masyadong marunong o masyadong matalino upang paniwalaan ang salita ng Diyos.”—Christ’s Object Lessons, pp. 78, 79.

b. Anong halimbawa ang matututunan natin mula sa matapat na patotoo ng binata, kasama ng iba pang matapat na mananampalataya kay Cristo? Juan 9:30–33; Mga Gawa 4:19, 20.

“Sa buong kapakumbabaan, sa Espiritu ng biyaya, at sa pag-ibig ng Diyos, dapat nating ituro sa mga tao ang katotohanan na ang Panginoong Diyos ay ang Maylalang ng langit at lupa, at sa ikapitong araw ay ang Sabbath ng Panginoon.

“Sa pangalan ng Panginoon ay dapat tayong sumulong, iwawagayway ang Kanyang sagisag, itinataguyod ang Kanyang salita. Kapag tayo ay inuutusan ng mga awtoridad na huwag gawin ang gawaing ito, kapag pinagbabawalan nila tayong ipahayag ang mga kautusan ng Diyos at ang pananampalataya kay Jesus, kung gayon kinakailangan nating sabihin ang tulad sa ng ginawa ng mga apostol: Kung katuwiran sa paningin ng Dios na makinig muna sa inyo kay sa Dios, inyong hatulan: Sapagka’t hindi mangyayaring di namin salitain ang mga bagay na aming nangakita at nangarinig.’ Gawa 4:19, 20.”—Testimonies for the Church, vol. 6, p. 395.

## 4. MASAMANG PAG-UUGALI, MASAMANG PAGKILOS

a. Dahil ayaw tanggapin ng galit na mga Pariseo ang katibayan, ano ang ginawa nila sa binatang nagpatotoo sa kanyang paggaling? Juan 9:34.

---

"Ang tao ay nakaharap ang mga taong nagtatanong sa kanya sa kanilang sariling lupain. Ang kanyang pangangatwiran ay hindi masasagot. Ang mga Pariseo ay namangha, at sila ay tumahimik—hindi makapagsalita sa harap ng kanyang tuwiran at determinadong mga salita. Ilang saglit na namayani ang katahimikan. Pagkatapos ang mga nakasimangot na pari at mga rabbi ay tinipon sa palibot nila ang kanilang mga damit, na para bang natatakot silang mahawa mula sa pakikipag-ugnayan sa kanya; kanilang pinagpag ang alabok mula sa kanilang mga paa, at nagpukol ng mga pagtuligsa laban sa kanya—' Ipinanganak kang lubos sa mga kasalanan, at ikaw baga ang nagtuturo sa amin? At siya'y pinalayas nila."—The Desire of Ages, p. 474.

b. Sa kabilang panig, paano pinakitunguhan ni Jesus ang binata? Juan 9:35–38.

---

"Ang tao ay ibinaba ang kanyang sarili sa paanan ng Tagapagligtas sa pagsamba. Hindi lamang ang kanyang karaniwang paningin ang napagaling, kundi ang mga mata ng kanyang pang-unawa ay nabuksan. Si Kristo ay nahayag sa kanyang kaluluwa, at tinanggap niya Siya bilang Sugo ng Diyos."—The Desire of Ages, p. 475.

c. Ipaliwanag ang malaking pagkakaiba sa pagitan ng pagpapalayas sa mga mapanghamong rebelde kumpara sa mga bulag na matitigas ang ulo na tinatanggihan si Kristo na nagtitiwalag ng mga kaluluwang maibigin sa pagsunod sa Diyos. 1 Mga Hari 9:6–9; Mateo 12:31, 32; Awit 11:3.

---

"[Sinabi ni Wycliffe,] walang sinuman ang maaaring tunay na matitiwalag maliban kung dinala muna niya sa kanyang sarili ang paghatol ng Diyos."—The Great Controversy, p. 84.

"Ang pagharap sa pagsalungat ay ang kalagayan ng lahat na ginagamit ng Diyos upang magpahayag ng mga katotohanang partikular na naangkop sa kanilang panahon. Mayroong pangkasalukuyang katotohanan sa panahon ni Luther—isang katotohanang sa panahong iyon na may natatanging kahalagahan; may pangkasalukuyang katotohanan para sa iglesia ngayon. . . . Yaong mga nagpapahayag ng katotohanan para sa panahong ito ay hindi dapat umasa na makakatanggap nang may mas higit na pagtanggap kaysa sa mga naunang repormador. Ang malaking tunggalian sa pagitan ng katotohanan at kamalian, sa pagitan ni Kristo at ni Satanas, ay lalong titindi hanggang sa pagtatapos ng kasaysayan ng sanglibutang ito."—Ibid., pp. 143, 144.

## 5. MAPALAD VS. HAHATULAN SA PAMAMAGITAN NG LIWANAG — Huw, Hun 5

a. Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa mga resulta ng Kanyang gawain? Juan 9:39.

"Isang pangkat ng mga Pariseo ang nagsama-sama sa malapit, at ang paningin nila ay nagdala sa isipan ni Jesus ng kaibahan na laging nakikita sa epekto ng Kanyang mga salita at mga gawa. . . . Si Kristo ay naparito upang buksan ang mga bulag na mata, upang magbigay ng liwanag sa mga nakaupo sa kadiliman. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili bilang liwanag ng sanlibutan, at ang himalang nagaganap pa lamang ay pagpapatunay ng Kanyang misyon. Ang mga tao na makakakita sa Tagapagligtas sa Kanyang pagdating ay pagkalooban ng mas lubusang pagpapakita ng banal na presensya kaysa sa naranasan ng mundo noon. Ang kaalaman sa Diyos ay nahayag nang mas lubusan. Ngunit sa mismong paghahayag na ito, ang paghatol ay dumadaan sa mga tao. Ang kanilang pag-uugali ay susubukin, ang kanilang kahihinatnan ay matitiyak."—The Desire of Ages, p. 475.

b. Paano ang mga Pariseo tumugon sa mga salita ni Kristo? Juan 9:40. Habang kinakausap Niya sila, paano inilantad ni Jesus ang kanilang pagkakasala para sa kanilang sariling pagkabulag? Juan 9:41.

"Ang pagpapakita ng banal na kapangyarihan na nagbigay sa taong bulag kapwa ng karaniwan at espirituwal na paningin ay nag-iwan sa mga Pariseo sa mas malalim na kadiliman. . . . Kung ginawa ng Diyos na imposible para sa inyo na makita ang katotohanan, ang inyong kamangmangan ay walang kaakibat na pagkakasala. 'Datapuwa't ngayo'y sinasabi ninyo, Kami'y nangakakakita.' Kayo ay Naniniwalang kayo ay nakakakita , at tinatanggihan ang mga paraan kung saan kayo lamang ang makakatanggap ng paningin. Sa lahat ng nakakaunawa ng kanilang pangangailangan, si Kristo ay dumating na may walang katapusang pagtulong. Subali't ang mga Pariseo ay hindi nagpapahayag ng pangangailangan; tumanggi silang lumapit kay Kristo, at dahil dito sila ay naiwan sa pagkabulag—isang pagkabulag kung saan sila mismo ang nagkakasala. Sinabi ni Jesus, 'Nananatili ang inyong kasalanan.' "—Ibid.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Hun 6

1. Sa ano sinubukan ng mga Pariseo na kumbinsihin ang dating bulag na tao?
2. Sino ang gumagamit sa mga hindi nananampalatayang Pariseo?
3. Sino ang tumulong sa binata na magbigay ng matapang at nakakumbinsing mga sagot?
4. Ano ang nangyari nang buong tapang, niyang ipinahayag si Kristo?
5. Ipaliwanag kung ano talaga ang pinakamasamang anyo ng pagkabulag, at bakit.

# Si Hesus, ang Mabuting Pastor

**SAULUHING TALATA:**“Ako ang mabuting pastor: ibinibigay ng mabuting pastor ang kaniyang buhay dahil sa mga tupa” (Juan 10:11).

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Desire of Ages*, pp. 476–484.

“Si Kristo ay parehong ang pinto at ang pastor. Siya ay pumapasok sa pamamagitan ng Kanyang Sarili. Ito ay sa pamamagitan ng Kanyang sarili bilang hain na Siya ay naging pastor ng mga tupa.”—The Desire of Ages, p. 478.

## 1. ANG MAGNANAKAW AT ANG PASTOR — Lin, Hun 8

a. Paano ni Jesus ipinakilala ang pagkakaiba ng magnanakaw at ng pastor, at anong espirituwal na aral ang Kanyang inilalarawan? Juan 10:1, 2.

“Si Kristo ay iniaangkop ang mga propesiyang ito na [tumutukoy sa pang-espirituwal na misyon ng Mesiyas, na matatagpuan sa Isaias 40:9–11; Awit 23:1, at Ezekiel 34:23, 16, 25, 28] sa Kaniyang sarili, at ipinakita Niya ang kaibahan ng Kaniyang sariling katangian at ng mga pinuno sa Israel. Ang mga Pariseo ay itinaboy ang isa mula sa kawan, dahil siya ay nangahas na magpatotoo sa kapangyarihan ni Kristo. Inihiwalay nila ang isang kaluluwa na inaakay ng Tunay na Pastor sa Kanya Mismo. Dito ay ipinakita nila ang kanilang sarili na walang nalalaman sa gawaing ipinagkatiwala sa kanila, at hindi karapatdapat sa kanilang pagtitiwala bilang mga pastor ng kawan. Si Jesus ay inilagay sa harapan nila ang kaibahan sa pagitan nila at ng Mabuting Pastor, at itinuro Niya ang Kanyang sarili bilang ang tunay na tagapangalaga ng kawan ng Panginoon.”—The Desire of Ages, p. 477.

“Si Kristo ay iniibig tayo dahil tayo ay walang magagawa at walang kakayahan.”—Sermons and Talks, vol. 1, p. 248.

b. Anong ugnayan ang umiiral sa pagitan ng tupa at ng kanilang pastor? Juan 10:3, 4. Ano ang gagawin ng mga tupa sa harapan ng isang taga-ibang lupa? Juan 10:5.

## 2. ANG PINTUAN NG KULUNGAN

Lun, Hun 9

a. Paano inihayag ni Jesus ang pagkakaiba Kanyang sarili sa mga Pariseo? Juan 10:7–10.

“Si Kristo ang pintuan sa kulungan ng Diyos. Sa pamamagitan ng pintong ito lahat ng Kanyang mga anak, mula pa noong unang panahon, ay natatagpuan ang pasukan. Kay Jesus, tulad ng ipinapakita sa mga simbolo, bilang anino sa mga simbolo, gaya ng ipinapakita sa pahayag ng mga propeta, na inihahayag sa mga aral na ibinigay sa Kanyang mga alagad, at sa mga himalang ginawa para sa mga anak ng mga tao, nakita nila ‘ang Kordero ng Ang Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanglibutan’ (Juan 1:29), at sa pamamagitan Niya sila ay dinala sa loob ng kawan ng Kanyang biyaya. Marami ang dumarating na nagpapahayag ng iba pang mga bagay para sa pananampalataya ng sanglibutan; ang mga seremonya at sistema ay binabalangkas kung saan ang mga tao ay makaka-asa na matatanggap ang pag-aaring ganap at kapayapaan sa Diyos, at sa gayon ay makakapasok sa Kanyang kawan. Ngunit ang tanging pintuan ay si Kristo, at lahat ng mga naghaharang ng anomang bagay upang pumalit kay Kristo, lahat ng nagtangkang pumasok sa kawan sa ibang pamamaraan, ay mga magnanakaw at tulisan.

“Ang mga Pariseo ay hindi pumasok sa pintuan. Sila ay umakyat sa kulungan sa ibang pamamaraan kaysa kay Kristo, at hindi nila ginagampanan ang gawain ng tunay na pastor. Ang mga saserdote at mga pinuno, ang mga eskriba at mga Fariseo, ay sinira ang buhay na pastulan, at dinumihan ang mga bukal ng tubig ng buhay. Matapat na inilalarawan ng mga salita ng kinasihan ang mga huwad na pastol na iyon: ‘Hindi ninyo pinalakas ang payat, o inyo mang pinagaling ang may sakit, o inyo mang tinalian ang may bali, o inyo mang ibinalik ang iniligaw, o inyo mang hinanap ang nawala; . . . kundi inyong pinagpunuang may karahasan at may kahigpitan.’ Ezekiel 34:4.”— The Desire of Ages, pp. 477, 478.

b. Paano ang tunay na pastor naiiba sa upahan? Juan 10:11–13.

“May pangangailangan, hindi lamang ng mga taong maaaring mangaral, kundi yaong mga may subok na kaalaman sa hiwaga ng kabanalan, at maaaring matugunan ang mga mahalagang pangangailangan ng bayan—yaong mga nakakaunawa ng kahalagahan ng kanilang katungkulan bilang mga lingkod ni Jesus, at masayang papasanin ang krus na itinuturo Niya sa kanila kung paano pasanin.

“Napakahalaga na ang isang pastor ay makisalamuha nang husto sa kanyang bayan, at sa gayon ay maging pamilyar sa iba’t ibang bahagai ng likas ng tao. Dapat niyang pag-aralan ang mga gawain ng pag-iisip, upang maiangkop niya ang kanyang mga aral sa kaisipan ng kanyang mga tagapakinig. Sa gayon ay matututunan niya ang dakilang pag-ibig na iyon na taglay lamang ng mga nag-aaral ng mabuti sa likas at pangangailangan ng mga tao.”—Gospel Workers, p. 191.

## 3. ANG SIMBOLO NG MABUTING PASTOR

Mar, Hun 10

a. Anong iba pang katangian ng mabuting pastor ang ipinakita ni Jesus? Juan 10:14, 15.

"Kung paanong nakikilala ng pastor sa lupa ang kanyang mga tupa, gayon din ang banal na Pastor nakikilala sa Kanyang kawan na nakakalat sa buong sanglibutan. 'At kayong mga tupa ko, na mga tupa sa aking pastulan, ay mga tao, at ako'y inyong Dios, sabi ng Panginoong Dios.' Sinabi ni Jesus, 'Tinawag kita sa iyong pangalan; ikaw ay Akin.' 'Aking inanyuan ka sa mga palad ng Aking mga kamay.' Ezekiel 34:31; Isaias 43:1; 49:16.

"Tayo ay nakikilala ni Jesus bawat isa, at nahahabag sa ating mga kahinaan. Nakikilala Niya tayong lahat sa pangalan. Alam Niya ang mismong tahanan na ating tinitirhan, ang pangalan ng bawat nakatira. Siya kung minsan ay nagbibigay ng mga tagubilin sa Kanyang mga tagapaglingkod na pumunta sa isang kalye sa isang partikular na lungsod, sa gayong bahay, upang mahanap ang isa sa Kanyang mga tupa.

"Ang bawat kaluluwa ay lubos na nakikilala ni Jesus na para bang sa kanya lamang namatay ang Tagapagligtas. Ang paghihirap ng bawat isa ay umaantig sa Kanyang puso. Ang pagtangis para sa tulong ay umaabot sa Kanyang pandinig. Siya ay naparito upang ilapit ang lahat ng tao sa Kanyang sarili. Inaanyayahan Niya sila, 'Sumunod ka sa Akin,' at ang Kanyang Espiritu ay kumikilos sa kanilang mga puso upang himukin sila na lumapit sa Kanya. Marami ang tumatangging akayin. Nakikilala ni Jesus kung sino sila. Nakikilala din Niya kung sino ang malugod na nakikinig sa Kanyang panawagan, at handang magpasakop sa pangangalaga ng Kanyang pastulan. Sinabi Niya, 'Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking tinig, at sila'y Aking nakikilala, at sila'y nagsisisunod sa Akin.' 480.

b. Sa anong iba pang mga tupa nagpakita si Jesus ng pagmamalasakit? Juan 10:16.

"Si Jesus ay nag-aalala sa mga kaluluwa sa buong sanglibutan na naililigaw ng mga huwad na pastor. Ang mga ninanais Niyang tipunin gaya ng mga tupa ng Kanyang pastulan ay nangangalat kasama ng mga lobo, at sinabi Niya, 'At mayroon akong ibang mga tupa, na hindi sa kulungang ito: sila'y kailangan din namang dalhin ko, at kanilang diringgin ang aking tinig; at sila'y magiging isang kawan, at magkakaroon ng isang pastor.' Juan 10:16, R.V."—Ibid., p. 483.

"Ang Diyos ay may mga mahahalagang hiyas sa lahat ng mga iglesia, at hindi para sa atin na gumawa ng malawakang pagtuligsa sa mga nag-aangking relihiyoso sa sanglibutan, kiundi sa pagpapakumbaba at pag-ibig, ipahayag sa lahat ang katotohanan na ayon kay Jesus. Hayaang makita ng mga tao ang kabanalan at dedikasyon, hayaang makita nila ang pagiging katulad ni Kristo sa pag-uugali, at sila ay maaakit sa katotohanan."—The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], vol. 4, p. 1184.

## 4. BANAL NA KAPANGYARIHAN

Miy, Hun 11

a. Anong banal na kapangyarihan ang ipinahayag ni Jesus na taglay Niya? Juan 10:17, 18.

" 'Kaya nga iniibig Ako ng Aking Ama, sapagka't ibinibigay Ko ang Aking buhay, upang ito ay aking kunin muli.' Ibig sabihin, ang Aking Ama ay lubos na iniibig kayo, na lubos din Niyang iniibig Ako sa pagbibigay ng Aking buhay upang tubusin kayo. Sa pagiging inyong kahalili at tagapanagot, dahil sa pagsuko ng Aking buhay, sa pagkuha ng inyong mga pananagutan, nang inyong mga pagsalangsang, Ako ay iniibig ng Aking Ama.

"'Ibinigay Ko ang Aking buhay, upang kunin Kong muli. Sinoma'y hindi nag-aalis nito sa Akin, kundi kusa kong ibinibigay. May kapangyarihan Akong magbigay nito, at may kapangyarihan Akong kumuhang muli.' Habang bilang kaanib ng pamilya ng tao Siya ay mortal, bilang Diyos Siya ang bukal ng buhay para sa sanglibutan. Maaari Niyang mapaglabanan ang mga pagsulong ng kamatayan, at tumangging magpasailalim sa kapangyarihan nito; ngunit kusang-loob Niyang ibinigay ang Kanyang buhay, upang maihatid Niya ang buhay at kawalang-kamatayan sa liwanag. Pinasan Niya ang kasalanan ng sanlibutan, tiniis ang sumpa nito, ibinigay ang Kanyang buhay bilang hain, upang ang mga tao ay hindi mamatay nang magpasawalang-hanggan. 'Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan. . . . Nguni't Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo. Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; at ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat.' Isaias 53:4–6."—The Desire of Ages, pp. 483, 484.

b. Ano ang umaakay sa mga tao na sumunod kay Kristo? Juan 10:27; 1 Juan 4:10, 19.

"Hindi ang takot sa pagparusa, o ang pag-asa ng walang hanggang gantimpala, ang umaakay sa mga alagad ni Cristo na sumunod sa Kanya. Nakikita nila ang walang katumbas na pag-ibig ng Tagapagligtas, na inihayag sa kabuuan ng Kanyang paglalakbay sa lupa, mula sa sabsaban ng Bethlehem hanggang sa krus ng Kalbaryo, at ang pagtingin sa Kanya ang umaakit, pinalalambot at sinusupil nito ang kaluluwa. Ang pag-ibig ang gumising sa puso ng mga tumitingin. Dinirinig nila ang Kanyang tinig, at sila ay sumusunod sa Kanya."—Ibid., p. 480.

"Isinasaalang-alang natin ang Kanyang buhay sa lupa, ang Kanyang pagtitiis para sa atin, ang Kanyang gawain sa langit bilang ating tagapagtanggol, at ang mga tahanan na Kanyang inihahanda para sa mga umiibig sa Kanya, at ang maaari lamang nating isigaw, O ang taas at lalim ng pag-ibig ni Kristo! "—The Acts of the Apostles, p. 334.

## 5. ANG KATIYAKAN NG KALIGTASAN

Huw, Hun 12

a. Anong katiyakan ang ibinibigay ni Jesus sa Kanyang mga tupa? Juan 10:28, 29.

“Bagaman ngayon Siya ay umakyat na sa presensya ng Diyos, at nakikibahagi sa trono ng sansinukob, si Jesus ay hindi nawala ang Kanyang mahabaging likas. Ngayon ang parehong magiliw, mapagdamay na puso ay bukas sa lahat ng mga paghihirap ng sangkatauhan. Ngayon ang kamay na napako ay iniaabot upang pagpalain ng lubos na sagana ang Kanyang bayan na nasa sanglibutan. ‘At kailan ma’y hindi sila malilipol, at hindi sila aagawin ng sinoman sa aking kamay.’ Ang kaluluwa na ibinigay ang kanyang sarili kay Kristo ay mas mahalaga sa Kanyang paningin kaysa sa buong sanglibutan. Ang Tagapagligtas ay ninais na danasin ang paghihirap sa Kalbaryo upang ang isa ay mailigtas sa Kanyang kaharian. Hinding-hindi Niya pababayaan ang isang tao kung kanino Siya namatay. Maliban kung pipiliin ng Kanyang mga tagasunod na iiwan Siya, hahawakan Niya sila nang mahigpit.”—The Desire of Ages, pp. 480–483.

b. Sa ano ang ating espirituwal na katiwasayan at katiyakan ng kaligtasan nakasalalay? Roma 8:31–39.

“Sa mga bulwagan sa itaas, si Kristo ay nagsusumamo para sa Kanyang iglesia—nagsusumamo para sa mga taong binayaran Niya ng pantubos na halaga ng Kanyang dugo. Ang mga siglo, mga kapanahunan, ay hindi kailanman makakabawas sa bisa ng Kanyang nagbabayad-salang hain. Kahit ang buhay o kamatayan, o taas o lalim, ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos na nasa kay Cristo-Jesus; hindi dahil hawak natin Siya nang mahigpit, kundi dahil tayo ay mahigpit Niyang nahahawakan. Kung ang ating kaligtasan ay nakasalalay sa ating sariling pagsisikap, hindi tayo maliligtas; subali’t ito ay nakasalalay sa Isa na nasa likod ng lahat ng mga pangako. Ang ating pagkapit sa Kanya ay tila mahina, subali’t ang Kanyang pag-ibig ay yaong sa isang nakatatandang kapatid; hangga’t pinananatili natin ang ating pakikipag-kaisa sa Kanya, walang sinuman ang makaaagaw sa atin sa Kanyang kamay.”—The Acts of the Apostles, pp. 552, 5

### PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Hun 13

1. Ipaliwanag ang pagkakaiba ng pag-uugali sa pagitan ng isang pastor at isang magnanakaw.
2. Sa pamamagitan ng anong iba pang simbolo ipinakilala ni Jesus ang Kanyang sarili?
3. Paano ang mga tunay na pastor kumikilos sa kanilang mga tupa?
4. Bakit ang mga tupa ay sumusunod sa pastor at hindi sa isang taga-ibang lupa?
5. Ipaliwanag kung paano tayo makatitiyak ng kaligtasan.

# Hesus at Lazarus

**SAULUHING TALATA:** "Mahalaga sa paningin ng Panginoon ang kamatayan ng kanyang mga banal" (Awit 116:15).

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Ministry of Healing,* pp. 219–224.

"Kay Kristo ang buhay, pinagmulan, hindi hiniram, hindi nagmula sa iba. . . . Ang pagka-Diyos ni Kristo ay ang katiyakan ng mananampalataya ng buhay na walang hanggan."—The Desire of Ages, p. 530.

## 1. ANG PAMILYA SA BETHANY — Lin, Hun 15

a. Anong mga uri ng alagad mayroon si Jesus sa bayan ng Betania? Juan 11:5.

---

"Ang puso [ni Kristo] ay naghilom dahil sa isang matibay na bigkis ng pag-ibig sa pamilya sa Bethany, at para sa isa sa kanila ang Kanyang pinaka-nakakamanghang gawain ay naisagawa.

"Sa tahanan ni Lazaro, madalas na nakakatagpo ng kapahingahan si Jesus. Ang Tagapagligtas ay walang sariling tahanan; Siya ay umaasa sa mabuting pagtanggap ng Kanyang mga kaibigan at alagad, at madalas, kapag pagod, nauuhaw sa pakikipasama, Siya ay masayang tumatakas tungo sa mapayapang sambahayang ito, malayo sa paghihinala at paninibugho ng galit na mga Pariseo. Dito ay natagpuan Niya ang taos-pusong pagtanggap, at dalisay, banal na pagkakaibigan. Dito Siya ay maaaring magsalita nang may kasimplehan at lubos na kalayaan, na nalalamang ang Kanyang mga salita ay mauunawaan at iingatan." – The Desire of Ages, p. 524.

b. Sa anong uri ng tahanan naroroon ang Diyos kasama ang Kanyang pinakapiling mga pagpapala? Kawikaan 3:33 (huling bahagi).

---

"Ang ating Tagapagligtas ay pinahahalagahan ang isang tahimik na tahanan at mga interesadong tagapakinig. Siya ay nagnanais ng giliw ng tao, kagandahang-loob, at pagmamahal ng tao. Ang mga tumanggap ng makalangit na aral na lagi Niyang handang ibigay ay lubos na pinagpapala."—Ibid.

## 2. SI LAZARO AY NAGKASAKIT

Lun, Hun 16

a. Ano ang ginawa ng mga kapatid na babae ni Lazaro nang magkasakit nang malubha ang kanilang kapatid—at ano ang tugon na natanggap nila? Juan 11:1–4.

"Si Lazaro ay biglang dinapuan ng karamdaman, at ang kanyang mga kapatid na babae ay nagsugo sa Tagapagligtas, na nagsasabi, 'Panginoon, narito, siya na Iyong iniibig ay may sakit.' Nakita nila ang kapinsalaan ng sakit na dumapo sa kanilang kapatid, subali't nalalaman nila na si Cristo ay kayang pagalingin ang lahat ng uri ng sakit. Sila ay naniniwala na Siya ay makikiramay sa kanila sa kanilang paghihirap; kung kaya't hindi sila gumawa ng paghingi ng Kanyang agarang presensya, kundi nagpadala lamang ng habilin na mensahe, 'Siya na iyong iniibig ay may sakit.' Inakala nila na Siya ay agad na tutugon sa kanilang mensahe, at makakasama nila kaagad sa sandaling makarating Siya sa Betania.

"Sabik silang naghintay ng salita mula kay Jesus. Habang ang kaunting buhay ay nanatili pa sa kanilang kapatid, sila ay nanalangin at naghihintay sa pagdating ni Hesus. Subali't ang mensahero ay bumalik nang hindi Siya kasama. Subali't dala niya ang mensahe, 'Ang sakit na ito ay hindi sa ikamamatay,' at sila ay nanghawakan sa pag-asa na si Lazaro ay mabubuhay. Magiliw nilang sinubukang magsalita ng mga salita ng pag-asa at pampatibay ng kalooban sa halos wala nang malay na nagtitiis."—The Desire of Ages, pp. 525, 526.

b. Ilarawan ang mga salita at pagkilos ni Kristo sa mga sumunod na araw. Juan 11:5–8.

"Sa loob ng dalawang araw ay tila inalis ni Kristo ang mensahe sa Kanyang isipan; sapagka't hindi Siya nagsasalita ng tungkol kay Lazaro. Naisip ng mga alagad si Juan Bautista, ang tagapagbalita ni Jesus. Nagtataka sila kung bakit si Jesus, na may kapangyarihang gumawa ng mga kamangha-manghang himala, ay pinahintulutan si Juan na malugmok sa bilangguan, at namatay sa isang marahas na kamatayan. Taglay ang gayong kapangyarihan, bakit hindi iniligtas ni Kristo ang buhay ni Juan? Ang tanong na ito ay madalas na itinatanong ng mga Pariseo, na ipinapahayag ito bilang isang hindi masasagot na argumento laban sa pag-aangkin ni Kristo bilang Anak ng Diyos. Ang Tagapagligtas ay nagbabala sa Kanyang mga alagad sa mga pagsubok, pagkalugi, at pag-uusig. Iiwan ba Niya sila sa panahon ng pagsubok? Ang ilan ay nagtanong kung sila ay nagkamali sa Kanyang misyon. Ang lahay ay labis na nabahala. . . .

"Ang mga alagad ay nagtanong kung bakit, kung pupunta si Jesus sa Judea, ay naghintay pa Siya ng dalawang araw. Subali't ang pagkabalisa para kay Kristo at para sa kanilang sarili ang nangunguna sa kanilang mga isipan. Wala silang makita kundi panganib sa pamamaraan na Kanyang ginagawa."—Ibid., pp. 526, 527.

## 3. ANG KABIGUAN AY NAGING PAG-ASA

Mar, Hun 17

a. Anong walang hanggang mensahe ang maaari nating mapulot mula sa kung paano pinangangasiwaan ni Kristo ang masalimuot na pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari na nakapalibot sa sakit ni Lazaro? Juan 11:9, 10.

---

“Yaong mga maaaring naging katuwang ni Kristo, ngunit tinanggihan ang mga mensahero at ang kanilang mensahe, ay mawawalan ng kanilang pagtitimpi. Sila’y lalakad sa kadiliman, na hindi nalalaman kung ano ang kanilang ikatitisod. Ang mga ganyan ay handang malinlang ng mga haka-haka sa huling araw. Ang kanilang mga isipan ay abala sa maliliit na kapakinabangan, at nawawalan sila ng mapalad na pagkakataon na makipamatok kay Kristo, at maging mga manggagawang kasama ng Diyos.”—Fundamentals of Christian Education, p. 471.

b. Anong kamangha-manghang paghahayag ang ibinigay ni Jesus sa Kanyang mga alagad—subali’t paano nila binigyang-kahulugan ang Kanyang mga salita? Juan 11:11, 12.

---

“ ‘Ang mga bagay na ito’y sinalita niya: at pagkatapos nito’y sinabi niya sa kanila, Si Lazaro na ating kaibigan ay natutulog; nguni’t ako’y paroroon, upang gisingin ko siya sa pagkakatulog.’ ‘Ang ating kaibigang si Lazaro ay natutulog.’ Tunay ngang nakaaantig ang mga salita! puno ng simpatiya! Sa pag-iisip ng panganib na malapit nang maranasan ng kanilang Guro sa pagpunta sa Jerusalem, halos nakalimutan na ng mga alagad ang naulilang pamilya sa Betania. Ngunit hindi ganoon si Kristo. Nadama ng mga alagad ang pagsaway. Sila ay nabigo dahil hindi kaagad tumugon si Kristo sa mensahe. Sila ay natuksong isipin na wala Siyang magiliw na pag-ibig para kay Lazaro at sa kanyang mga kapatid na babae na inaakala nilang mayroon Siya, kung hindi sana ay magmamadali Siyang bumalik kasama ang mensahero. Ngunit ang mga salitang, ‘Ang ating kaibigang si Lazarus ay natutulog,’ ang pumukaw ng tamang damdamin sa kanilang mga kaisipan. Sila ay naniniwala na si Kristo ay hindi nakalimutan ang Kanyang naghihirap na mga kaibigan.”—The Desire of Ages, p. 527.

c. Ipaliwanag kung ano ang tunay na ibig sabihin ng mga salita ni Cristo. Juan 11:13, 14.

“Si Kristo ay inilalarawan ang kamatayan bilang isang pagtulog sa Kanyang mga mananampalatayang mga anak. Ang kanilang buhay ay nakatago kasama ni Kristo sa Diyos, at hanggang sa humihip ang huling trumpeta ang mga namamatay ay matutulog sa Kanya.”—Ibid.

## 4. NAGHIHINTAY, NAGHIHINTAY, NAGHIHINTAY

Miy, Hun 18

### a. Bakit si Jesus ay lumayo sa Betania kahit na nalaman niyang namatay na si Lazaro? Juan 11:15.

“Ang mga disipulo ay namangha sa mga salita ni Kristo nang sabihin Niya, ‘Si Lazaro ay patay. At ikinagagalak Ko. . . na Ako’y wala roon.’ Iniwasan ba ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng Kanyang sariling pagpili ang tahanan ng Kanyang naghihirap na mga kaibigan? Tila si Maria at Marta at ang nag-aagaw-buhay na si Lazarus ay naiwang nag-iisa. Ngunit hindi sila nag-iisa. Si Kristo ay nakikita ang buong kaganapan, at pagkatapos ng kamatayan ni Lazaro ang mga naulilang kapatid na babae ay itinaguyod ng Kanyang biyaya. Nasaksihan ni Jesus ang kalungkutan ng kanilang wasak na puso, habang ang kanilang kapatid ay nakipagbuno sa kanyang malakas na kalaban, ang kamatayan. Nadama Niya ang bawat hapdi ng dalamhati, gaya ng sinabi Niya sa Kanyang mga alagad, ‘si Lazaro ay patay.’ Ngunit hindi lamang ang mga mahal sa buhay sa Betania ang iniisip ni Kristo; Siya ay may pagsasanay ng Kanyang mga alagad na dapat isaalang-alang. Sila ay magiging Kanyang mga kinatawan sa sanglibutan, upang ang pagpapala ng Ama ay yakapin nang lahat. Para sa kanilang kapakanan ay pinahintulutan Niya si Lazarus na mamatay. Kung ibinalik Niya siya mula sa karamdaman tungo sa pagiging malusog, ang himala na pinaka-positibong katibayan ng Kanyang banal na katangian, ay hindi sana maisasagawa.”—The Desire of Ages, p. 528.

### b. Ano ang dapat nating maunawaan sa paraan na pinahintulutan ng Dakilang Manggagamot si Lazaro, ang Kanyang kaibigan, na magkasakit at talagang mamatay? 1 Corinto 15:17–19; Awit 18:28.

“Ang gawain [ni Kristo] ay hindi huminto sa pagpapakita ng Kanyang kapangyarihan sa sakit. Ginagawa Niya ang bawat gawain ng pagpapagaling na isang okasyon ng pagtatanim sa puso ng mga banal na prinsipyo ng Kanyang pag-ibig at kagandahang-loob.”—Counsels on Health, p. 249.

“Kung si Kristo ay nasa silid ng may sakit, si Lazaro ay hindi sana namatay; sapagkat si Satanas ay walang kapangyarihan sa kanya. Hindi maaaring ituon ng kamatayan ang kanyang pana kay Lazaro sa harapan ng Tagapagbigay-Buhay. Kaya si Kristo ay nanatiling malayo. Pinahintulutan Niya ang kaaway na gamitin ang kanyang kapangyarihan, upang maitaboy Niya siya pabalik, bilang isang natalong kalaban. Pinahintulutan niya si Lazarus na dumaan sa ilalim ng kapangyarihan ng kamatayan; at nakita ng naghihirap na kapatid na babae ang kanilang kapatid na nakahimlay sa libingan. Alam ni Cristo na habang tinitingnan nila ang patay na mukha ng kanilang kapatid ang kanilang pananampalataya sa kanilang Manunubos ay masusubok nang husto. Ngunit alam Niya na dahil sa pakikibaka na kanilang pinagdaraanan ngayon ay sisinag ang kanilang pananampalataya nang may mas malaking kapangyarihan. Dinanas Niya ang bawat hapdi ng kalungkutan na kanilang tinitiis. Dahil Siya ay naantala ay hindi ibig sabihin na hindi Niya sila iniibig; kundi nalalaman Niya na para sa kanila, para kay Lazaro, para sa Kanyang sarili, at para sa Kanyang mga alagad, na ang isang tagumpay ay makakamit.” – The Desire of Ages, p. 528.

## 5. HINDI LAGING GAYA NG ATING INAASAHAN . . . Huw, Hun 19

a. Ano ang dapat nating palaging isasaalang-alang na may kinalaman sa pagkamatay ng matatapat na mga lingkod ng Diyos, hindi alintana kung paano ito nangyari? Awit 116:15. Magbigay ng halimbawa.

“Hindi ipinagkaloob kay Eliseo na sumunod sa kanyang panginoon sa isang nag-aapoy na karo. Sa kanya pinahintulutan ng Panginoon na dumating ang isang matagal na karamdaman. Sa mahabang oras ng kahinaan ng tao at pagtitiis, ang kanyang pananampalataya ay mahigpit na kakapit sa mga pangako ng Diyos, at makikita niya sa paligid niya ang makalangit na mga mensahero ng kaaliwan at kapayapaan. . . . Ang pananampalataya ay nahinog sa isang matibay na pagtitiwala sa kanyang Diyos, at nang tawagin siya ng kamatayan ay handa na siyang magpahinga mula sa kanyang mga gawain.”—Prophets and Kings, pp. 263, 264.

b. Anong mga pangyayari ang naganap sa Betania bago dumating si Jesus—at sino pa ang naroon nang Siya ay dumating? Juan 11:17–19.

“Sa pagpapaliban na pumunta kay Lazaro, si Kristo ay may layunin ng awa sa mga hindi tumanggap sa Kanya. Siya ay naantala, upang sa pamamagitan ng pagbangon kay Lazaro mula sa mga patay ay maibigay Niya sa Kanyang matitigas ang ulo, na hindi nananampalatayng bayan ang isa pang katibayan na Siya nga ay ‘ang pagkabuhay na mag-uli, at ang buhay.’ Siya ay nasusuklam na isuko ang lahat ng pag-asa sa mga gumagalang mga tupa ng sambahayan ni Israel. Ang Kanyang puso ay nadudurog dahil sa kanilang kawalan ng pagsisisi. Sa Kanyang awa, nilayon Niyang bigyan sila ng isa pang katibayan na Siya ang Tagapagsauli, ang Isa na tanging makapagdadala ng buhay at kawalang-kamatayan sa liwanag. Ito ay upang maging isang katibayan na ang mga saserdote ay hindi maaaring magpaliwanag ng mali. Ito ang dahilan ng Kanyang pagkaantala sa pagpunta sa Betania. Ang nakakarangal na himalang ito, ang muling pagbuhay kay Lazaro, ay upang itakda ang tanda ng Diyos sa Kanyang gawain at sa Kanyang pag-angkin sa pagka-Diyos.” – The Desire of Ages, p. 529.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL Biy, Hun 20

1. Sino ang mga kaanib ng pamilya ni Lazaro?
2. Bakit hindi agad sinunod ni Jesus ang kahilingan ng Kanyang mga kaibigan?
3. Ano ang reaksiyon ng mga alagad sa pamamaran ni Kristo?
4. Paano dapat ituring ang kamatayan ng mga mananampalataya kay Kristo?
5. Para sa anong layunin hinayaan ni Kristo na mamatay si Lazaro?

SABBATH, HUNYO 28, 2025

LEKSIYON 13

# Ang Muling Pagkabuhay at ang Buhay

**SAULUHING TALATA:** "Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y mamatay, gayon ma'y mabubuhay siya" (Juan 11:25).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Selected Messages*, bk. 1, pp. 296–300.

"Sa mananampalataya, ang kamatayan ay isang maliit na bagay lamang. Si Kristo ay nagpahayag tungkol dito na parang ito ay isang maliit na bagay. . . . Para sa Kristiyano, ang kamatayan ay isang pagtulog lamang, isang sandali ng katahimikan at kadiliman. Ang buhay ay natatagong kasama ni Kristo sa Diyos."—The Desire of Ages, p. 787.

## 1. SI JESUS SA BETANIA

Lin, Hun 22

### a. Nang marinig na si Jesus ay pupunta sa Betania, ano ang ginawa ni Marta at anong pananalig ang ipinahayag niya? Juan 11:20–22.

"Kabilang sa mga nagdadalamhating kaibigan ay mga kamag-anak ng pamilya, ang ilan sa kanila ay may mataas na posisyon ng responsibilidad sa Jerusalem. Kabilang sa mga ito ang ilan sa pinakamapait na mga kaaway ni Kristo. Alam ni Kristo ang kanilang mga layunin, at kaya hindi Niya kaagad ipinakilala ang Kanyang sarili. Ang mensahe ay ibinigay kay Marta nang tahimik na hindi narinig ng iba sa silid. . . .

"Si Marta ay nagmadali upang salubungin si Jesus, ang kanyang puso ay nabalisa sa magkakasalungat na damdamin. Sa Kanyang masiglang mukha ay nabasa niya ang parehong giliw at pag-ibig na laging nariyan. Ang kanyang pagtitiwala sa Kanya ay hindi nasira, ngunit naiisip niya ang kanyang pinakamamahal na kapatid, na iniibig din ni Jesus. Sa kalungkutang bumabalot sa kanyang puso dahil hindi pa dumating si Kristo noon, subali't may pag-asa na kahit ngayon ay gagawa Siya ng isang bagay upang aliwin sila, sinabi niya, 'Panginoon, kung narito ka, ang aking kapatid ay hindi sana namatay.' Paulit–ulit, sa gitna ng kaguluhang ginawa ng mga nagdadalamhati, inuulit ng magkapatid ang mga salitang ito.

"Na may makatao at banal na habag, si Jesus ay tumingin sa kanyang malungkot, nahahapis na mukha. Si Marta ay walang hilig na isalaysay ang nakaraan; ang lahat ay ipinahayag sa pamamagitan ng nakakahabag na mga salita, 'Panginoon, kung Ikaw sana ay narito, ang aking kapatid ay hindi namatay.' Subali't sa pagtitig sa mukhang kalugod-lugod na iyon, idinagdag niya, 'Alam ko, na kahit ngayon, anuman ang hingin Mo sa Dios, ang Dios ay ibibigay ito sa Iyo.' "—The Desire of Ages, pp. 529, 530.

## 2. ANG SUKDULANG PANGAKO NG PAG-ASA

Lun, Hun 23

a. Ano ang tiniyak ni Jesus kay Marta? Juan 11:23. Ano ang naunawaan niya dito? Juan 11:24.

---

"Si Jesus ay pinasigla ang kanyang pananampalataya, na sinasabi, 'Ang iyong kapatid ay muling babangon.' Ang Kanyang sagot ay hindi nilayon upang magbigay ng pag-asa ng agarang pagbabago. Dinala niya ang mga iniisip ni Marta sa kabila ng kasalukuyang pagpapanumbalik ng kanyang kapatid, at itinakda ang mga ito sa muling pagkabuhay ng mga matuwid. Ginawa Niya ito upang makita niya sa muling pagkabuhay ni Lazaro ang isang pangako ng muling pagkabuhay ng lahat ng matuwid na patay, at isang katiyakan na ito ay magaganap sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Tagapagligtas.

"Si Marta ay sumagot, 'Nalalaman ko na siya ay babangon muli sa muling pagkabuhay sa huling araw.' "—The Desire of Ages, p. 530.

b. Sa anong mga salita tinanggap ni Jesus ang pananalig ni Marta? Juan 11:25; 1 Juan 5:12.

---

"Sa paghahangad pa ring magbigay ng tunay na direksyon sa kanyang pananampalataya, ipinahayag ni Jesus, 'Ako ang pagkabuhay na mag-uli, at ang buhay.' Kay Kristo ay ang buhay, nagmula, hindi hiniram, hindi nagmula sa iba. 'Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay.' 1 Juan 5:12. Ang pagka-Diyos ni Kristo ay ang katiyakan ng mananampalataya ng buhay na walang hanggan."—Ibid.

c. Anong pangako ang saligan ng ating pag-asa sa kabila ng libingan, at paano nauugnay ang pananalig ni Marta sa himala ni Kristo? Juan 5:26; 11:26, 27.

---

"Si Kristo dito ay hihintay ang panahon ng Kanyang ikalawang pagparito. Kung magkagayo'y ang mga matuwid na patay ay ibabangon na walang kasiraan, at ang mga matuwid na buhay ay malilipat sa langit nang hindi nakakakita ng kamatayan. Ang himala na gagawin ni Kristo, sa pagbangon kay Lazaro mula sa mga patay, ay kumakatawan sa muling pagkabuhay ng lahat ng matuwid na patay. Sa pamamagitan ng Kanyang salita at Kanyang mga gawa ay ipinahahayag Niya ang Kanyang sarili na May-akda ng muling pagkabuhay. Siya na Siya mismo na malapit nang mamatay sa krus ay nakatayo na hawak ang mga susi ng kamatayan, isang mananagumpay sa libingan, at ipapahayag ang Kanyang karapatan at kapangyarihan na magbigay ng buhay na walang hanggan."—Ibid.

## 3. SI HESUS AY TUMANGIS

Mar, Hun 24

a. Ilarawan ang mga kilos at pananalita ng nagdadalamhating si Maria. Juan 11:28–32.

b. Nang makita ni Jesus si Maria at ang ilang Judio na tumatangis, ano ang ginawa ni Jesus—at bakit? Juan 11:33–35.

" 'Nang makita nga ni Jesus na siya ay tumatangis, at gayon din ang mga Judiong nagsisitangis na kasama niyang dumating, ay nalagim siya sa espiritu, at nagulumihanan.' Nabasa Niya ang mga puso ng lahat ng nagkakatipon. Nakita Niya na sa marami, ang nangyayari na bilang isang pagpapakita ng kalungkutan ay pagkukunwari lamang. Alam niya na ang ilan sa karamihan, na ngayon ay nagpapakita ng mapagpa-imbabaw na kalungkutan, ay matagal nang nagpaplano ng kamatayan, hindi lamang sa makapangyarihang manggagawa ng himala, kundi ng isa na bubuhayin mula sa mga patay. Si Kristo ay maaaring hubarin mula sa kanila ang kanilang kasuotan ng nagkukunwaring kalungkutan. Ngunit pinigilan Niya ang Kanyang matuwid na pagkagalit. Ang mga salitang maaari Niyang bigkasin sa lahat ng katotohanan, ay hindi Niya binigkas, dahil sa mahal sa buhay na nakaluhod sa Kanyang paanan sa kalungkutan, na tunay na nananampalataya sa Kanya.

" 'Saan ninyo siya inilagay?' Siya ay nagtanong, 'Sinabi nila sa Kanya, Panginoon, halika at tingnan mo.' Magkakasama silang nagtungo sa libingan. Ito ay isang malungkot na kaganapan. Si Lazaro ay lubos na iniibig, at ang kanyang mga kapatid na babae ay tumangis para sa kanya nang may nadudurog na puso, habang ang mga naging kaibigan niya ay nakikisama sa kanilang mga paguha sa mga naulilang kapatid na babae. Dahil sa paghihirap na ito ng tao, at sa katotohanang ang mga naghihirap na kaibigan ay maaaring magdalamhati sa patay habang ang Tagapagligtas ng sanglibutan ay nakatayo—'Si Jesus ay tumangis.' Bagaman Siya ay Anak ng Dios, nguni't kinuha Niya ang likas ng tao sa Kanya at Siya ay naantig ng kalungkutan ng tao. Ang kanyang magiliw, maawaing puso ay laging maagap sa pagdamay sa pamamagitan ng pagtitiis. Siya ay tumatangis na kasama niyaong mga tumatangis, at nagagalak kasama niyaong nagagalak."—The Desire of Ages, p. 533.

c. Paano ang sandaling ito sa buhay ni Jesus magiging halimbawa sa atin? Roma 12:15.

"Ang kahanga-hangang halimbawa ni Cristo, ang walang kapantay na pagkamahahabagin kung saan Siya ay pumapasok sa damdamin ng iba, tumatangis kasama ng mga tumatangis, na nagagalak kasama ng mga nagalak, ay dapat magkaroon ng malalim na impluwensya sa pag-uugali ng lahat na sumusunod sa Kanya nang may katapatan. Sa pamamagitan ng magiliw na salita at kilos ay sisikapin nilang gawing maginhawa ang landas para sa napapagod na mga paa."—The Ministry of Healing, pp. 157, 158.

a. Anong utos ang ibinigay ni Jesus sa mga nakapaligid sa Kanya? Juan 11:39 (unang bahagi). Paano ang naging reaksiyon ni Marta at ano ang sinabi ni Jesus sa kanya? Juan 11:39 (huling bahagi).

"Kapag ang Panginoon ay gagawa ng isang gawain, si Satanas ay kumikilos sa isang tao upang tumutol. 'Alisin ninyo ang bato,' sabi ni Kristo. Hangga't maaari, ihanda ang daan para sa Aking gawain. Ngunit iginiit ng positibo at agresibong likas ni Marta ang sarili nito. Ayaw niyang makita ang naaagnas na katawan. Ang puso ng tao ay mabagal sa pag-unawa sa mga salita ni Kristo, at ang pananampalataya ni Marta ay hindi naunawaan ang tunay na kahulugan ng Kanyang pangako.

"Si Kristo ay sinaway si Marta, ngunit ang Kanyang mga salita ay binigkas nang may sukdulang kahinahunan. 'Di baga sinabi ko sa iyo, na, kung ikaw ay sasampalataya, ay makikita mo ang kaluwalhatian ng Dios?' Bakit ka mag-alinlangan tungkol sa Aking kapangyarihan? Bakit nangangatuwiran sa pagsalungat sa Aking mga kahilingan? Nasa iyo ang Aking salita. Kung ikaw ay mananampalataya, makikita mo ang kaluwalhatian ng Diyos. Ang mga likas na hadlang ay hindi maaaring makapigil sa gawain ng Isang Makapangyarihan sa lahat. Ang pag-aalinlangan at kawalan ng pananampalataya ay hindi pagpapakumbaba. Ang lubos na pananampalataya sa salita ni Kristo ang tunay na pagpapakumbaba, tunay na pagsuko ng sarili.

"'Alisin ninyo ang bato.' Maaaring utusan ni Cristo ang bato na umalis, at ito ay susunod sa Kanyang tinig. Maaari Niyang utusan ang mga anghel na malapit sa Kanyang tabi na gawin ito. Sa Kanyang pag-uutos, ang mga hindi nakikitang kamay ay maaaring alisin ang bato. Ngunit dapat itong alisin ng mga kamay ng tao. Sa gayon ipinapakita ni Kristo na ang sangkatauhan ay dapat makipagtulungan sa Dios. Kung ano man ang kayang gawin ng kapangyarihan ng tao ay hindi na kinakailangang gawin ng kapangyarihan ng Dios. Ang Diyos ay hindi binabalewala ang pagtulong sa tao. Pinalalakas Niya siya, nakikipagtulungan sa kanya habang ginagamit niya ang mga kapangyarihan at kakayahan na ibinigay sa kanya."—The Desire of Ages, p. 535.

b. Anong mga salita ni Kristo ang marahang sumasaway sa ating kawalan ng pananampalataya ngayon? Juan 11:40.

"Marami ang walang buhay na pananampalataya. Ito ang dahilan kung bakit hindi nila nakikita ang higit na kapangyarihan ng Diyos. Ang kanilang kahinaan ay bunga ng kanilang kawalan ng pananampalataya. . . . Sila ay nagpaplano at nag-iisip, ngunit nagdarasal ng kakaunti, at kakaunti ang tunay na pagtitiwala sa Diyos. Iniisip nila na mayroon silang pananampalataya, ngunit ito ay panandaliang simbuyo lamang. Dahil hindi nila nauunawaan ang kanilang sariling pangangailangan, o ang pagnanais ng Diyos na magbigay, hindi sila nagtitiyaga sa pagpapahayag ng kanilang mga kahilingan sa harapan ng Panginoon."—Christ's Object Lessons, pp. 145, 146.

## 5. SI JESUS AY BINUHAY SI LAZARO

Huw, Hun 26

a. Ano ang ipinanalangin ni Jesus sa tabi ng libingan? Juan 11:41, 42.

"Ang utos ay sinunod. Ang bato ay inalis. Ang lahat ay ginagawa nang hayagan at kusa. Ang lahat ay binibigyan ng pagkakataon na makitang walang panlilinlang na ginagawa. Naroon nakahiga ang katawan ni Lazaro sa mabatong libingan nito, malamig at tahimik sa pagkamatay. Ang mga pagtangis ng mga nagdadalamhati ay tumahimik. Namamangha at naghihintay, ang karamihan ay nakatayo sa paligid ng libingan, naghihintay na makita kung ano ang susunod. . . .

"Dito ay inaangkin ni Kristo ang Diyos bilang Kanyang Ama, at may buong katapangang ipinahayag na Siya ang Anak ng Diyos."—The Desire of Ages, pp. 535, 536.

b. Sa anong mga salita muling binuhay ni Jesus si Lazaro? Juan 11:43. Ano kaagad ang nangyari? Juan 11:44.

"Ang tinig [ni Kristo], na malinaw at nauunawan, ay tumagos sa tainga ng patay. Habang Siya ay nagsasalita, ang pagka-Diyos ay suminag sa sangkatauhan. Sa Kanyang mukha, na nililiwanagan ng kaluwalhatian ng Diyos, ang mga tao ay nakikita ang katiyakan ng Kanyang kapangyarihan. Ang bawat mata ay nakatutok sa bukana ng yungib. Bawat tainga ay nakahilig upang mapakinggan ang pinaka-mahinang kaluskos. Ang lahat ay naghihintay na may matindi at malungkot na pagnanais para sa pagsubok sa pagka-Diyos ni Kristo, ang katibayan na magpapatunay sa Kanyang pag-aangkin na Anak ng Diyos, o mapapawi ang pag-asa magpakailanman.


"May pagkilos sa tahimik na libingan, at siya na namatay ay nakatayo na sa pintuan ng libingan. . . . Ang tao ay dapat gumawa para sa sangkatauhan. Si Lazaro ay pinalaya, at nakatayo sa harapan ng karamihan, hindi katulad ng isang nanghihina dahil sa sakit, na may mahina, nanginginig na mga binti, kundi gaya ng isang tao sa pinakamabuting buhay, at sa sigla ng isang napakagandang pagkalalaki. Ang kanyang mga mata ay kumikislap ng may katalinuhan at pag-ibig sa kanyang Tagapagligtas. Iniyukod ang kanyang sarili sa pagsamba sa paanan ni Jesus."—Ibid., p. 536.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Hun 27

1. Ilarawan ang pagtitiwala na taglay ng mga kapatid na babae ni Lazaro kay Jesus.
2. Ano ang ipinangako ni Jesus kay Marta, kay Maria, at sa lahat ng mananampalataya?
3. Bakit tumangis si Jesus?
4. Paano ang sangkatauhan nakipagtulungan sa Dios sa himalang ito?
5. Ilarawan ang mga pagkilos ni Lazaro sa pagtawag ni Jesus.

# Mga Handog sa Unang Sabbath




## Sabbath, Abril 5

### Para sa muling pagsasaayos ng chapel sa Prokhorovka, Russia

Maging bahagi ng lumalagong gawain sa pinakamalaking bansa sa mundo

(see p. 4).



## Sabbath, Mayo 3

### World Missions

May napakaraming bagong lugar pa na pupuntahan, kaya tayo ay tumulong sa pagtatapos nitong banal na tungkulin!

(see p. 25).




## Sabbath, Hunyo 7

### Para sa dalawang chapel sa Tamil Nadu, India

Ang South India ay nasa matinding pangangailangan ng ebanghelyo; ngayon ang ating pagkakataon upang tumulong na gumawa ng pagbabago. (see p. 46).